

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2014


Liahona

**Ano ang Pamantayang
Moral ng Panginoon?
p. 32, 50**

**Pangangalaga ng Diyos sa mga
Anak na Naliligaw ng Landas, p. 16**

**Paghilom Pagkatapos
ng Pang-aabuso, p. 12, 46**

**Para sa Kurikulum ng mga
Kabataan: Unawain ang Biyaya
ng Tagapagligtas, p. 54**





*"Ang pagiging ina
ay hindi isang
libangan, ito ay
isang tungku-
lin. . . . Hindi ito
isang bagay na
isisingit kapag
may panahon
kayo. Binigyan
kayo ng Diyos
ng panahon
para dito."*

Rachel Jankovic,
sa Neil L. Andersen,
"Mga Anak," *Liahona*,
Nob. 2011, 28.



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Paglilingkod at Buhay na Walang Hanggan**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyong ni Jesucristo: Ilaw ng Sanlibutan**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 16 Matatapat na Magulang at mga Anak na Naliligaw ng Landas: Patuloy na Umaasa Habang Nilulutas ang Di-Pagkakaunawaan**
Ni Elder David A. Bednar
Tinutulungan ni Elder Bednar ang mga magulang na magkaroon ng wastong pang-unawa sa doktrina ng mga katotohanang ukol sa mga anak na naliligaw ng landas.

SA PABALAT

Harap: Larawan ng Tegucigalpa Honduras Temple na kuha ni Cody Bell. Panloob na pabalat sa harap: Paglalarawan ni Bradley Slade.

- 22 Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Zimbabwe—Lupain ng Kagandahan, mga Taong May Pananampalataya**
Ang matatag at matatapat na pioneer sa Zimbabwe ay maaaring maging mga halimbawa para sa mga miyembro ng Simbahan sa bawat bansa.

- 28 Hindi Natitinag**
Ni Reid Tateoka
Sa gitna ng kapinsalaang dulot ng lindol at tsunami sa Japan noong 2011, naalala ng mga missionary na ito na bumaling sa Panginoon.

- 32 Ang Pamantayan ng Panginoon Ukol sa Moralidad**
Ni Elder Tad R. Callister
Minsan lamang kailangang mangusap ng Ama sa Langit tungkol sa Kanyang pamantayan ng moralidad, at nangingibabaw ang Kanyang tinig sa lahat ng iba pang mga tinig na matitipon ng mundong ito.

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2013**
- 10 Mga Propeta sa Lumang Tipan: Abraham**
- 11 Pagtuturo ng Para sa Lakas ng mga Kabataan: Kadalisan ng Puri**
- 12 Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Naalis ang Pasanin**
Hindi ibinigay ang pangalan
- 14 Paglilingkod sa Simbahan: Paglilingkod sa Isang Hindi Kakilala**
Ni Yong Gil Park
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Paghihintay sa Lobby**
Ni Lori Fuller



42

42 Pag-anyaya sa Tagumpay

Ni Richard M. Romney

Makakahanap kayo ng mga pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo sa araw-araw na buhay, gaya ng ginawa ng mga young adult na ito.



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Bilangin ang inyong mga pagpapala!

46 Pagpapahilom ng Malalalim na Sugat ng Pang-aabuso

Ni Elder Richard G. Scott

Maaari kayong masaktan at magdusa sa masasamang pagpapasiya ng iba, ngunit hindi nila kayang sirain ang inyong mga walang-hanggang potensyal.

50 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Dalisay na mga Puso at Malilinis na Katawan

Ni Neill F. Marriott

52 Manatiling Maingat

Hindi ibinigay ang pangalan

Isa't kalahating taon ang lumipas bago ko kinausap ang bishop ko tungkol sa aking problema sa pornograpiya. Huwag na ninyo itong patagalin na katulad niyon.

53 Paano Pumili ng Mabubuting Kaibigan

Ni Pangulong Thomas S. Monson

54 Biyaya at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Ni Joshua J. Perkey

Laging tandaan na laging nariyan ang biyaya ng Panginoong Jesucristo para sa inyo.

57 Poster: Malaki ang Maitutulong Mo**58 Ok Lang Ba na . . . ? Maaari Ba Akong . . . ?**

Ni Heidi McConkie

Huwag sikaping iakma ang ebanghelyo sa buhay ninyo. Sa halip, sikaping iakma ang buhay ninyo sa ebanghelyo.

61 Tuwirang Sagot**62 Magkaibigan sa Internet**

Ni Stephanie Acerson

Magagamit ninyo ang Facebook at iba pang media upang maging missionary ngayon.

64 Huwag Palagpasin ang Tawag sa Telepono

Ni David Dickson

Ano ang mapapalampas ninyo kung hindi kayo makikinig sa mga mensahe sa darating na pangkalahatang kumperensya?



66

66 May Nakikinig Ba sa Akin?

Nina Lucas F. at Susan Barrett

Paano ko maibabahagi ang aking patotoo tungkol sa panalangin gayong hindi ko tiyak kung pinakikinggan ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin?

68 Magandang Ideya**69 Ang Ating Pahina****70 Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Tendai na Taga-Zimbabwe**

Ni Amie Jane Leavitt

72 Paggupit at Pagdikit ng mga Larawan ng Tao na Gawa sa Papel: Si Mudiwa na Taga-Zimbabwe**73 Nadama Ko ang Espiritu**

Ni Linda K. Burton

Isang basbas ng priesthood at isang awitin sa Primary ang nagpadama sa akin ng Espiritu Santo.

74 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas**76 Para sa Maliliit na Bata: Isang Hardin na Puno ng mga Biyaya**

Ni Linda Pratt

81 Larawan ng Propeta: Ezra Taft Benson

MARSO 2014 TOMO 17 BLG. 3
LIAHONA 10983 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson,
Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott,
Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar,
Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Jose L. Alonso, Mervyn B. Arnold,
Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Writing and Editing Team: Susan Barrett, Brittany Beattie,
David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy
Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt,
Jennifer Grace Jones, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk,
Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul
VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott,
Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinkley, Eric P. Johnson,
Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare,
K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge,
Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,
Gayle Tate Rafferty

Bagong Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalín: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline
Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee,
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling
Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon
City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas
Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas.
Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa
Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa
mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420,
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA;
o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang Liahona (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa Liahona para
sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad
na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat
ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office,
50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA;
e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

March 2014 Vol. 17 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address must be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone or at store.lds.org.
(Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).
NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.



PAGLALARAWAN NI CRAIG DIVOND

"Paano Pumili ng Mabubuting Kaibi-

gan," pahina 53: Gupitin sa magasin ang
ilang larawan ng mga kabataang lalaki
at babae at gumawa ng maikling profife
para sa bawat larawan. Halimbawa,
maaari mong itaas ang larawan ng isang
binatilyo at sabihing, "Ito si Aaron. Siya
ay miyembro ng Simbahan, pero palagi
siyang nagpupunta sa sinagoga kasama
ng kanyang pamilya. Hilig niya ang isports
at malinis na pananalita ang gamit niya."
Gumawa ng profile na tulad nito para sa
bawat larawan. Itanong sa inyong mga
anak kung alin sa mga taong ito ang
magiging mabubuting kaibigan. Basahing
kasama nila ang Santiago 2:23 at pag-
usapan ang mga paraan na magiging mga
kaibigan tayo ng Ama sa Langit.

SA INYONG WIKA

Ang Liahona at iba pang mga materyal
ng Simbahan ay makukuha sa mara-
ming wika sa languages.lds.org.

"Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas,"

pahina 74: Parating na ang Paskua! Maaari
kayong gumawa ng isang bagay na espes-
yal sa panahong ito para kilalanin ang mga
pagpapalang mula kay Jesucristo. Araw-
araw sa hapunan, maaaring magsalitan ang
mga miyembro ng pamilya sa pagbabahagi
ng mga pagpapalang natanggap nila sa
araw na iyon. Maaalala ninyo ang mga
pagpapalang ito sa pagkolekta ng mga ho-
len sa isang lalagyan—isang holen para sa
bawat pagpapala. Maaari ninyong ipaalam
ang ideyang ito sa family home evening
sa pagbabasa ng isang talata sa banal na
kasulatan tungkol sa buhay ni Jesucristo;
pagkatapos ay ipadrowing sa inyong mga
anak ang nangyayari sa banal na kasulatan.
Kantahin ang "Sinisikap Kong Tularan si
Jesus" (Aklat ng mga Awit Pambata, 40)
o isa pang awitin tungkol sa Tagapagligtas.

Para makakonekta sa Liahona sa
Facebook at makatanggap ng nagbibigay-
inspirasyon na mga mensahe, bisitahin
ang facebook.com/liahona.magazine

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Abraham, 10
Benson, Ezra Taft, 81
Biyaya, 54
Espiritu Santo, 73
Gawaing misyonero, 22,
28, 42, 62
Jesucristo, 12, 54, 74
Kapatawaran, 46, 50, 52
Media, 32, 52
Moralidad, 11, 32, 50, 52

Pagbabayad-sala, 12, 16,
46, 54
Paghihirap, 12, 28, 46
Pagiging disente, 32
Pagkakaibigan, 53, 62
Paglilingkod, 14, 41, 57
Pagsisisi, 32, 46, 50, 52
Pamantayan, mga, 32, 58
Pamilya, 16
Panalangin, 58, 66

Pang-aabuso, 12, 32, 46
**Pangkalahatang
kumperensya**, 8, 64
Pasasalamat, 28, 76
Patotoo, 66
Pioneer, mga, 22
Pornograpiya, 32, 52
Propeta, mga, 64
Sakramento, 28
Templo, mga, 80



**Ni Pangulong
Henry B. Eyring**

Unang Tagapayo sa
Unang Panguluhan

Paglilingkod

AT BUHAY NA WALANG HANGGAN

Ang Tagapagligtas ang ating halimbawa ng di-makasariling paglilingkod. Inilaan Niya ang Kanyang perpektong buhay sa paglilingkod sa Ama sa Langit at sa lahat ng anak ng Kanyang Ama. Ang nagkakaisang layunin ng Ama at ng Anak ay ang ibigay sa ating lahat ang kaloob na imortalidad at ang pagpapala ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 1:39).

Upang maging marapat sa buhay na walang hanggan, kailangan tayong mabago sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo—isilang na muli at malinis mula sa kasalanan. Gayunman, ang mga batang musmos na wala pang walong taong gulang ay walang kasalanan at tinubos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala (tingnan sa Mosias 3:16, 21; Moroni 8:10–12).

Sa ating lahat na umabot sa edad ng pananagutan, may kahanga-hangang plano na nagtutulot sa atin na maging malinis mula sa kasalanan at handa para sa buhay na walang hanggan. Ang paghahandang iyan ay nagsisimula sa binyag sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood at pagtanggap sa Espiritu Santo. Pagkatapos ay kailangan nating laging alalahanin ang Tagapagligtas at sundin ang mga utos na ibinigay Niya sa atin.

Inilahad ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao sa Aklat ni Mormon ang kagalakang dulot ng kapatawaran mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Pagkatapos ay itinuro niya sa kanila na para mapanatili ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, kailangan nilang turuan ang kanilang mga anak na paglingkuran ang isa't isa at maging mapagbigay hangga't kaya nila para matugunan ang temporal at espirituwal na mga pangangailangan ng mga nasa paligid nila. (Tingnan sa Mosias 4:11–16.)

Itinuro din niya, “At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod

ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos” (Mosias 2:17).

Naglibot si Jesus na nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo at gumagawa ng mabuti (tingnan sa Mga Gawa 10:38). Pinagaling Niya ang mga maysakit. Binuhay Niya ang mga patay. Sa Kanyang kapangyarihan pinakain Niya ang libu-libo nang magutom sila at walang makain (tingnan sa Mateo 14:14–21; Juan 6:2–13). Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli pinakain Niya ang ilan sa Kanyang mga Apostol nang dumaong sila sa dalampasigan ng Dagat ng Galilea (tingnan sa Juan 21:12–13). Sa mga lupain ng Amerika, pinagaling Niya ang mga maysakit at isa-isang binasbasan ang mga bata (tingnan sa 3 Nephi 17:7–9, 21).

Itinuro sa atin ni Apostol Santiago kung paano nagmula sa pasasalamat natin sa nagawa ng Panginoon para sa atin ang ating hangaring maglingkod sa kapwa:

“Nguni’t ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa. . . .

“Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan” (Santiago 1:25, 27).

Ang isa sa mga katiyakan na kayo ay pinadadalisay ay ang nag-iibayong hangaring paglingkuran ang iba para sa Tagapagligtas. Ang home teaching at visiting teaching ay nagiging kagalakan kaysa isang gawain. Mas madalas kayong nagboboluntaryo sa isang lokal na paaralan o tumutulong sa pag-aalaga sa mga maralita sa inyong komunidad. Kahit kakaunti ang perang maibibigay ninyo sa mga taong salat, ninanais ninyo na sana’y higit pa ryan ang maibigay ninyo (tingnan sa Mosias 4:24). Nasasabik kayong paglingkuran ang inyong mga anak at ipakita sa kanila



kung paano paglingkuran ang iba.

Habang nagbabago ang inyong likas na pagkatao, hahangarin ninyong makapaglingkod pa nang walang kapalit. May kilala akong mga disipulo ng Tagapagligtas na nagbigay ng pera at naglingkod nang may determinasyon na Diyos lamang at kanilang mga anak ang makakaalam niyon. Kinilala ng Diyos ang kanilang paglilingkod sa pamamagitan ng pagpapala sa kanila sa buhay na ito, at pagpapalain Niya sila sa darating na buhay na walang hanggan (tingnan sa Mateo 6:1–4; 3 Nephi 13:1–4).

Dahil sinunod ninyo ang utos na maglingkod sa kapwa (tingnan sa Mateo 22:39), nadama ninyong nawala ang inyong pagmamalaki. Itinama ng Tagapagligtas ang Kanyang mga Apostol nang pagtalunan nila kung sino ang magiging pinakadakila sa kanila. Sabi niya:

“Ni huwag kayong patawag na mga panginoon; sapagka’t iisa ang inyong [P]anginoon, sa makatuwid baga’y ang Cristo.

“Datapuwa’t ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo” (Mateo 23:10–11).

Itinuro sa atin ng Tagapagligtas kung paano tayo matututong maglingkod sa kapwa. Naglingkod Siya nang perpekto, at kailangan tayong matutong maglingkod tulad ng pagkatuto Niya—nang taludtod sa taludtod (tingnan sa D at T 93:12–13). Sa pamamagitan ng ating paglilingkod, maaari tayong maging higit na katulad Niya.

Ipagdarasal natin nang buong lakas ng ating puso na mahalin natin ang ating mga kaaway tulad ng pagmamahal Niya sa kanila (tingnan sa Mateo 5:43–44; Moroni 7:48). Sa gayon ay magiging karapat-dapat tayo sa buhay na walang hanggan sa piling Niya at ng ating Ama sa Langit.

Ipinapangako ko na matututo tayong maglingkod nang mas perpekto kapag sinunod natin ang mga turo at halimbawa ng Tagapagligtas. ■

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Hinikayat tayo ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na ipagdasal na magkaroon tayo ng mga oportunidad na maglingkod: “Sa pagdarasal ninyo tuwing umaga, hilingin sa Ama sa Langit na gabayan kayo na magkaroon ng pagkakataong mapaglingkuran ang isa sa Kanyang minamahal na mga anak. At saka humayo sa buong maghapon na . . . naghahanap ng matutulungan” (“Maging Sabik sa Paggawa,” *Liahona*, Nob. 2012, 31). Isiping anyayahan ang inyong mga tinuturuan na magtakda ng mithiing manalangin tuwing umaga para sa mga pagkakataong maglingkod at pagkatapos ay hanapin ang mga pagkakataong ito sa buong maghapon.

Isang Sagot sa Kanyang Dalangin

Ni Siphilile Khumalo

Isang gabi binisita ako ng isang kaibigang iba ang relihiyon. Karaniwan ay mag-isa akong nag-aaral ng aking mga banal na kasulatan, at inihanda ko na ang mga ito nang gabing iyon para pag-aralan. Nadama kong anyayahan siyang samahan ako sa pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan, pero natakot ako at sa halip ay nagsimula akong mag-aral na mag-isa. Alam ko na hindi ko pinansin ang pahiwatig ng Espiritu. Pagkaraan ng ilang minuto maingat kong itinanong, "Gusto mo ba akong samahan sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan?" Walang pag-aatubiling sumagot ang kaibigan ko, "Oo, sige."

At nagbasa kami mula sa Aklat ni Mormon. May ilan siyang itinanong, at nadama ko ang paggabay ng Espiritu nang sumagot ako. Ibinigay ko ang aking patotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. Matapos kong gawin ito, sinabi niya sa akin, "Maghapon akong umiiyak at natatakot. Katapos ko lang manalangin sa Diyos para humingi ng tulong nang yayain mo akong basahin natin ang mga banal na kasulatan. Maganda na ang pakiramdam ko ngayon. Salamat."



Kinasangkapan ako ng Panginoon para sagutin ang isang dalangin at paglingkuran ang isa sa Kanyang mga anak na nangangailangan. Alam ko na ang mga pahiwatig ay mga banal na tagubilin mula sa isang matalino at dakilang Ama. Kapag isinantabi natin ang ating takot, tinutulutan natin Siya na ipakita ang Kanyang kapangyarihan kapag tayo ay sumunod.

Ang awtor ay naninirahan sa Gauteng, South Africa.



Maghanap ng mga Paraan na Makapaglingkod

Mapipili ng mga bata na maglingkod sa iba. Bilugan ang mga larawan kung saan pinipili ng bata na sundin si Jesucristo sa pamamagitan ng pagtulong sa iba.



Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang iba-bahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan mo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Ilaw ng Sanlibutan

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.

Kapag naunawaan natin na si Jesucristo ang Ilaw ng Sanlibutan, mag-iibayo ang ating pananampalataya sa Kanya at magiging tanglaw tayo sa iba. Pinatotohanan ni Cristo ang Kanyang tungkulin bilang “tunay na ilaw na nagbibigay-liwanag sa bawat [lalaki at babae] na dumarating sa daigdig” (D at T 93:2) at hiniling na “itaas [natin] ang [Kanyang] ilawan upang ito ay mag-liwanag sa sanlibutan” (3 Nephi 18:24).

Pinatotohanan din ng ating mga propeta ang Liwanag ni Cristo. Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: “Sa tuwing pipiliin ninyong sikaping mamuhay nang higit na katulad ng Tagapagligtas ay lalakas ang inyong patotoo. Darating kayo sa puntong malalaman ninyo na Siya ang Ilaw ng Sanglibutan. . . . Maipapakita ninyo sa iba ang [Liwanag ni Cristo sa inyong buhay.]”¹

Sinabi ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa ating pagiging liwanag sa mundo: “Kailangan nating



protektahan ang ating mga pamilya at manguna kasama ang lahat ng taong may mabuting layon sa paggawa ng lahat ng magagawa natin upang mai-ngatan ang liwanag, pag-asa, at moralidad sa ating komunidad.”²

Mula sa mga Banal na Kasulatan

Juan 8:12; Doktrina at mga Tipan 50:24; 115:5

MGA TALA

1. Henry B. Eyring, “Isang Buhay na Patotoo,” *Liahona*, Mayo 2011, 128.
2. Quentin L. Cook, “Magkaroon ng Liwanag!” *Liahona*, Nob. 2010, 30.
3. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 191.
4. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 191–92.



Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa Ating Kasaysayan

Ang mga babaeng Banal sa mga Huling Araw ngayon ay patuloy na itinataas ang kanilang ilawan.

Sa ika-80 palapag ng isang mataas na gusali sa Hong Kong, China, isang babaeng walang asawa na may kapansanan—ang tanging Banal sa mga Huling Araw sa kanyang pamilya—ang bumuo ng isang tahanan na naging kanlungan kung saan madarama niya at ng mga bisita ang impluwensya ng Espiritu. Itinabi niya ang kanyang mga banal na kasulatan, manwal sa Relief Society, at himnaryo sa malapit. Nagpunta siya sa templo para magsagawa ng mga ordenansa para sa kanyang mga ninuno.³

Sa Brazil pinalaki ng isang matwid na ina ang kanyang mga anak sa liwanag ng ebanghelyo. Mga awitin sa Primary ang pumuno sa paligid ng kanyang tahananang yari sa pulang laryo, at tadtad ng mga larawan ng templo, mga propeta ng Diyos, at Tagapagligtas mula sa *Liahona* ang mga dingding. Nagsakripisyo sila ng kanyang asawa upang mabuklod sa templo upang maisilang ang kanilang mga anak sa loob ng tipan. Ang palagi niyang dasal ay tulungan siya ng Panginoon na palakihin ang kanyang mga anak sa liwanag, katotohanan, at kalakasan ng ebanghelyo.⁴

Ano ang Magagawa Ko?

1. Talakayin ang kahulugan ng maging isang liwanag sa mundo ngayon.
2. Pagnilayan kung paano kayo natutulungan ng pagsunod sa liwanag ni Cristo na tiisin ang mga pagsubok.

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2013

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.



Mga Salita ng Propeta Tungkol sa Kasal

Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay pangunahing saligan sa doktrina ng Panginoon at mahalaga sa walang hanggang plano ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay huwaran o pamantayan ng Diyos para sa kaganapan ng buhay sa lupa at sa langit. Ang pamantayan ng Diyos sa kasal ay hindi dapat gamitin nang mali, unawain nang mali, o ipakahulugan nang mali [tingnan sa Mateo 19:4–6]. Hindi

ito dapat gawin kung nais ninyo ng tunay na kagalakan. Ang pamantayan ng Diyos sa kasal ay nangangailaga sa sagradong kapangyarihan ng paglikha ng buhay at sa kagalakan ng tapat na ugnayan ng mag-asawa. Alam natin na sina Eva at Adan ay ikinasal ng Diyos bago nila naranasan ang galak ng pagsasama ng mag-asawa.”

Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Mga Pagpapasiya para sa Kawalang-Hanggan,” *Liahona*, Nob. 2013, 108.

Mga Sagot para sa Inyo

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Nobyembre 2013 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Ano ang magagawa ko kung lumihis mula sa ebanghelyo ang isang miyembro ng pamilya? Tingnan sa Henry B. Eyring, “Sa Aking mga Apo.”
- May ligtas bang lugar sa pagpapalaki ng ating mga anak? Tingnan sa Boyd K. Packer, “Ang Susi sa Espirituwal na Proteksyon.”
- Bakit mahalaga ang impluwensya ng kababaihan? Tingnan sa D. Todd Christofferson, “Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan.”

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org**.

PAGHAHANAP NG PAGKAKATULAD: PAGMAMAHAL NG DIYOS

Ang ilan sa pinakamahahalagang paksa ay hindi lamang tinatalakay ng isang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya. Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa atin:

- “Mahal kayo ng inyong Ama sa Langit—bawat isa sa inyo. Ang pagmamahal na iyan ay hindi nagbabago. . . Basta nariyan lang ito.”¹
—Pangulong Thomas S. Monson
- “Laging [nariyan ang Tagapagligtas], lalo na sa mga sagradong lugar at sa oras ng pangangailangan; at kung minsan, kung kailan ko hindi inaasahan, halos parang tinatapik Niya ako sa balikat para ipaalam sa akin na mahal Niya ako.”²
—Elder Terence M. Vinson ng Pitumpu
- “Pinatotohanan ko na walang taga ibang bayan sa ating Ama sa Langit. Wala ni isang kaluluwang hindi mahalaga sa Kanya.”³
—Bishop Gérald Caussé, Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa,” *Liahona*, Nob. 2013, 123, 124.
2. Terence M. Vinson, “Pagiging Mas Malapit sa Diyos,” *Liahona*, Nob. 2013, 106.
3. Gérald Caussé, “Hindi na Kayo mga Taga Ibang Bayan,” *Liahona*, Nob. 2013, 51.



Pangako ng Propeta

“Natural lamang ang magtanong—ang binhi ng tapat na pagtatanong ay kadalasang sumisibol at lumalagong tulad ng malaking puno ng pang-unawa. May ilang mga miyembro ng Simbahan na, sa anumang pagkakataon, ay hindi nagkaroon ng anumang malalim o sensitibong tanong. Isa sa mga layunin ng Simbahan ang pangalagaan at linangin ang binhi

ng pananampalataya—ito man ay nasa lupa ng pagdududa at walang katiyakan. Ang pananampalataya ay pag-asa sa mga bagay na hindi nakikita ngunit totoo [tingnan sa Mga Hebreo 11:1].

“Kung gayon, mahal kong mga kapatid—mahal kong mga kaibigan—mangyaring pagdudahan muna ang inyong pagdududa bago ninyo pagdudahan

MGA WARD AT GENERAL MISSIONARY FUND

“Salamat sa inyong bukas-palad na mga kontribusyon. Patuloy ang pangangailangan ng tulong, upang patuloy nating matulungan ang mga taong matindi ang hangaring maglingkod, ngunit walang sapat na panustos para dito.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2013, 4–5.



ang inyong pananampalataya. Hindi natin dapat hayaang pigilan tayo ng pagdududa at ilayo tayo sa dakilang pagmamahal, kapayapaan, at mga natatanging kaloob na dulot ng pananam-palataya sa Panginoong Jesucristo.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Halina, Sumama sa Amin,” *Liahona*, Nob. 2013, 23.

ABRAHAM

*"Kapag sinunod natin ang halimbawa ni Abraham, . . . masusumpungan natin ang higit na kaligayahan at kapayapaan at kapahingahan, [at] kakasihan tayo ng Diyos at ng tao."*¹

—Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985)

Ang latian ng Ur sa Caldea ang naging unang tahanan ko. Ang mga Caldeo, kabilang na ang aking ama, ay sumamba sa diyus-diyusan at nag-alay ng mga tao bilang sakripisyo. Ngunit naniwala ako sa isang totoo at buhay na Diyos at naghanda para sa araw na matatanggap ko ang priesthood, tulad ng aking mga ninuno.²

Isang araw iginapos ako ng mga Caldeo para ialay sa altar ng diyos ni El-kenah. Nang papatayin na nila ako, nalalangin ako sa Diyos na iligtas ako at nakalag kaagad ang aking mga gapos. Pagkatapos ay nangusap sa akin ang Panginoon: "Narinig kita, at bumaba upang iligtas ka, at upang ilayo ka . . . [patungo] sa isang di kilalang lupain."³

Sinimulan akong pagpalain nang husto ng Panginoon: tinanggap ko ang priesthood mula kay Melchisedec,⁴ at nakipagtipan sa akin ang Panginoon na ako ay magiging ama

ng maraming bansa at pagpapalain ng ebanghelyo ang buong sangkatauhan sa pamamagitan ng aking mga inapo. Ang pangalan kong Abram ay pinalitan Niya ng Abraham, na ibig sabihin ay "ama ng maraming bansa."⁵

Dinala ko ang aking pamilya sa Canaan, ang lupaing inihanda ng Panginoon para sa amin.⁶ Ipinangako sa akin ng Panginoon na ang Kanyang tipan hinggil sa aking mga inapo ay matutupad sa pamamagitan ng isang anak na isisilang ng asawa kong si Sara. Matagal na kaming hindi magkaanak ni Sara. Naisip namin kung paano kami magkakaanak samantalang matanda na kami pareho—100 taong gulang ako at si Sara ay 90 noon.⁷ Ngunit tulad ng pangako ng Panginoon, nagkaroon kami ng anak na lalaki, si Isaac.⁸

Pagkaraan ng ilang taon, dumating ang isa sa pinakamabibigat na





KADALISAYAN NG PURI

Nag-aatubili kung minsan ang mga magulang kapag dumarating ang mga pagkakataon na tuturuan nila ang kanilang mga anak tungkol sa kadalisan ng puri. Gayunman, ang mga talakayan tungkol sa paksang ito ay mag-aanyaya ng Espiritu at matututungan ang mga bata na maghandang gumawa at tumupad ng mga sagra-dong tipan.

Sa mga pahina 50–51 ng isyung ito, isinulat ni Neill F. Marriott, pangalawang tagapayo sa Young Women general presidency, “Inilaan ng Ama sa Langit ang kapangyarihang magkaroon ng mga anak sa loob ng kasal para lamang sa mga banal na layunin.” Nalaman natin mula sa *Handbook 2: Administering the Church* na kasama sa mga layuning iyon ang “pagpapakita ng pagmamahal at pagpapalakas ng emosyonal at espirituwal na ugnayan ng mag-asawa” ([2010], 21.4.4). Ang mga mungkahi sa ibaba ay makatutulong sa inyo na maituro sa inyong mga anak ang kadalisan ng puri. Maaari din kayong sumangguni sa “Pagtuturo ng Kalinisang-Puri at Kabanalan” sa *Liahona* ng Oktubre 2012 para sa iba pang mga ideya kung paano ituro ang paksang ito.

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Isiping basahin sa inyong mga anak na tinedyer ang “Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis” ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol sa *Liahona* ng Mayo 2013. Anyayahan silang magtanong tungkol sa kadalisan ng puri. Magagamit din ninyo ang “Pansariling Kalinisan” ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol sa *Liahona* ng Oktubre 2000 para masagot ang kanilang mga tanong.
- Ang paksa sa kurikulum ng mga kabataan para sa mga aralin tuwing Linggo sa buwang ito ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Isiping gamitin ang mga materyal ng kurikulum para ituro sa inyong mga kabataan ang pagsisising kailangan para sa mga kasalanang seksuwal (tingnan sa lds.org/youth/learn). Maaari din ninyong basahin at talakayin ang “Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat sa Bishop Ko?” ni Elder C. Scott Grow ng Pitumpu sa *Liahona* ng Oktubre 2013.
- Kung malapit ang isang templo, isiping pumunta sa bakuran ng templo kasama ang inyong pamilya at talakayin kung bakit tayo kailangang manatiling dalisay para makapasok sa templo. Maaari ninyong sabihin sa kanila ang mga pagpapalang natanggap ninyo sa pagsamba sa templo. Maaari din kayong magplano ng oras para sa pagpapabinyag ng inyong pamilya para sa mga patay.
- Maaari ninyong basahin sa inyong mga kabataan ang “Kadalisan ng Puri” sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (lbuklet, 2011), 35–37) at markahan ang mga pagpapalang natanggap natin sa pananatiling dalisay. Maaari ninyong hikayatin ang inyong mga anak

MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PAKSANG ITO

Mga Awit 24:3–4

Mateo 5:27–28

I Mga Taga Corinto 6:18–20

Jacob 2:27–28

Alma 38:12

Doktrina at mga Tipan 46:33;
121:45

na sumulat ng mga mithiing may kaugnayan sa kadalisan ng puri.

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Maaari kayong magdaos ng family home evening na gagamitan ninyo ng mga larawan ng templo para talakayin ang kahalagahan at kasagraduhan ng templo. Pagkatapos ay mapapaliwanag na ninyo na ang ating katawan ay mga sagradong templo rin.
- Basahin sa inyong mga anak ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya at pag-usapan ang kahalagahan ng pananatiling malinis ng ating isipan. Maglista ng ilang aklat, pelikula, at awiting pupuno sa inyong isipan ng mabubuting bagay. Maaari ninyong sama-samang basahin, panoorin, o kantahin ang mga ito. ■

NAALIS ANG PASANIN

Hindi ibinigay ang pangalan

Matapos maabuso noong bata pa ako, maraming taon na naghirap ang kalooban ko bago ako nagpasiyang sabihin ito sa ibang tao.

Kamakailan nakinig ako sa isang Aralin sa Relief Society kung saan binasa ng isang miyembro ang isang sipi tungkol sa mga epekto ng pisikal at seksuwal na pang-aabuso sa mga bata. Ang unang pumasok sa isip ko ay, “Kawawa naman.” Pagkatapos ay napuspos ako ng Espiritu, na nagpatotoo sa akin sa himala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ako ay biktima ng seksuwal na pang-aabuso sa murang edad. Sa araling iyon sa Relief Society, nantanto ko na hindi na ako nasasaktan at natatakot sa isang bagay na lumukob at tumakot sa akin nang ilang taon. Isang himala iyon. Taos-puso kong pinasalamatan ang Tagapagligtas sa pagpapagaling Niya sa akin.

Noong bata pa ako nahirapan ako at nahiya nang maraming taon bago ko ipinasiyang sabihin sa ibang tao na naabuso ako. Noong 13 anyos ako, nadama ko na panahon na para pag-usapan ito. Pagkatapos ng aktibidad sa paglilingkod sa Mutual, nagpunta ako sa isang mapagkakatiwalaang lider, na magiliw na nakipag-usap sa akin at dinala niya ako sa bishop noong gabi ring iyon. Napanatag ako sa magiliw na pagsalubong sa akin ng bishop nang papasukin niya ako sa kanyang opisina. Naaalala ko na

nadama kong naglaho ang pasanang hatid ng maraming taon na paglilihim habang nakikinig ang bishop ko. Naaalala ko na totoong napaluha siya nang marinig niya ang kuwento ko. Nadama ko ang pagmamahal ng Ama sa Langit, at muli kong natiyak na

hindi ko kasalanan na inabuso ako at na dalisay at marangal pa rin ako. Dito nagsimula ang aking landas tungo sa paghilom, isang landas na magpapatuloy nang maraming taon.

Hindi iyon isang sandali lamang ng paghihilom—iyon ay isang





PAGHINGI NG TULONG

“Ang paghilom ay maaaring magsimula sa isang maalala-

haning bishop o stake president o mahusay na propesyonal na tagapayo. Kung may bali kayo sa binti, hindi kayo magpapasiyang operahan ito mismo. Makakahingi rin ng tulong sa mga propesyonal ang nakaranas ng matinding pang-aabuso. Maraming paraan para masimulan ang paghilom, ngunit alalahanin [na] ang lubusang paghilom ay dumarating sa pamamagitan ng Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, ang ating Guro at Manunubos. Manampalataya na mapaghihilom ng Kanyang perpekto, walang hanggang Pagbabayad-sala ang inyong pagdurusa mula sa mga bunga ng pang-aabuso.”

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Upang Mapaghihilom ang Mapangwasak na mga Bunga ng Pang-aabuso,” *Liahona*, Mayo 2008, 42; tingnan din sa pahina 46 ng isyung ito.

proseso ng kapayapaan, pag-unawa, at mga sagot na dumating nang pag-aralan ko ang aking mga banal na kasulatan, nanalangin araw-araw, at mas nakilala ko si Jesucristo. Nang pag-aralan ko ang buhay ng Tagapagligtas, nag-ibayo ang pagmamahal ko sa Kanya. Pinatotohanan ng Espiritu ang mga katotohanan sa akin, kabilang na ang kahalagahan ko bilang anak ng Diyos. Nang isuko ko ang aking puso sa Panginoon, sumunod sa Kanyang mga utos, at hinangad ang Kanyang kalooban, napuspos ako ng kapanatagan at kapayapaan. Nang makilala ko Siya,

nakilala ko ang sarili ko. Sa huli, hindi na ako nasasaktan ng aking nakaraan. Naalis ang pasanin. Napatagaling ako ng Tagapagligtas.

May walang-hanggang pamilya na ako ngayon na may napakabait na asawa at tatlong magagandang anak na babae. Mapalad akong makatulong sa mga kabataan at magpatotoo na mapapagaling tayo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo mula sa kasalanan, pisikal na sakit, at kasawian. Alam ko ito dahil sa awang ipinagkaloob sa akin—dahil ako ay “nayayakap magpakailanman ng mga bisig ng kanyang pagmamahal” (2 Nephi 1:15). ■

PAANO NATIN TUTULUTANG MAPAHILOM TAYO NG PANGINOON?

Tumulong si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na masagot ang tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2013 na “Ang Pag-asang Dulot ng Liwanag ng Diyos”:

“Una, magsimula kung saan kayo naroon ngayon.

“... Hindi natin kailangang hintayin na maging perpekto tayo para matanggap ang mga pagpapala ng Diyos. Sa katunayan, sinisimulan tayong pagpalain ng Diyos kapag sinimulan nating hanapin ang liwanag. . . .

“Pangalawa, ibaling ang inyong puso sa Panginoon.

“Ibuhos ang inyong damdamin sa panalangin at ipaliwanag sa inyong Ama sa Langit ang inyong nadarama.

Aminin ang inyong mga pagkukulang. Ibuhos ang nilalaman ng inyong puso at magpasalamat. Ipaalam sa Kanya ang pagsubok na inyong nararanasan. Sumamo sa Kanya sa pangalan ni Cristo at humingi ng lakas at tulong. . . .

“Pangatlo, lumakad sa liwanag.

“... Isinugo [ng Ama sa Langit] ang Kanyang Anak sa mundong ito upang tanglawan ang daan at ipakita sa atin kung paano lalampasan ang mga batong katitisan na inilagay sa ating daanan. Ibinigay Niya sa atin ang ebanghelyo, na nagtuturo sa landas ng disipulo. Itinuturo nito sa atin ang mga bagay na dapat nating malaman, gawin, at marating upang lumakad sa Kanyang liwanag, na sinusundan ang mga hakbang ng Kanyang Pinakamamahal na Anak” (*Liahona*, Mayo 2013, 75–76).

PAGLILINGKOD SA ISANG HINDI KAKILALA

Ni Yong Gil Park

Nang malapit na akong umalis sa Korea, nag-alala ako. Sino ang mag-aalaga sa tiyahin ko pag-alis ko?

Hindi tinanggap ng nanay ko ang ebanghelyo noong nabubuhay pa siya, kahit ipinagdasal ko na siya at nadama ko na tatanggapin niya ito balang-araw. Isa siyang matatag na babae na habambuhay na nagsa-kripisyo para matustusan ang aming pamilya pagkatapos ng Korean War. Sa unang-taong anibersaryo ng pagkamatay ng nanay ko, nagpunta kaming mag-asawa sa Los Angeles California Temple upang isagawa ang kanyang binyag at kumpirmasyon. Ang malakas na impluwensya ng Espiritu na naroon sa silid ay nagpatunay sa akin na masayang tinanggap ng nanay ko ang ebanghelyo at mga ordenansa.

Bago pumanaw ang nanay ko, pinakiusapan niya akong alagaan ang kanyang nakababatang kapatid na babae, na nasa isang ospital sa Korea. Kami ng aking pamilya ay nakatira noon sa California, USA, kaya nakakalungkot na tila walang paraan para matupad ang huling pakiusap ni Inay na puno ng pagkahabag. Pagkatapos ay hindi inaasahang nalipat ako ng trabaho sa South Korea, at kinailangan kong mawalay sa pamilya ko nang isang taon. Bagama't nag-alala ako na malayo ako sa pamilya ko, inasam ko ring mabisita ang tiyahin at ang tatay ko, na nasa isang ospital sa Korea at may sakit na Alzheimer.

Humingi ako ng tulong sa Ama sa Langit sa pamumuhay nang malayo sa pamilya ko. Habang iniisip ko ang panahon na mananatili ako sa Korea, nagpasiya akong bisitahin ang tatay ko, ang tiyahin ko, at ang templo linggu-linggo at ipagdasal ang pamilya ko araw-araw.

Nang nasa Korea na ako, tinawag ako ng bishop ng bago kong ward na maging Young Men president at Gospel Doctrine teacher. Malayo ang ward ko sa mga ospital na kinaroroonan ng tatay at tiyahin ko, at napakahirap ng trabaho ko; ngunit biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng lakas at katatagan na gampanang mabuti ang aking mga tungkulin at gawin ang aking mga ipinasiya.

Hindi nagtagal matapos kong bisitahin ang tiyahin ko, natuklasan ko na bihira siyang mabisita. Nagpasiya akong sunduin siya at isama ko tuwing sabado't linggo sa hotel ko na may isa pang kuwartero. Gayunman, nagkaroon ako ng problema: dapat ko ba siyang isama sa simbahan sa Linggo? Naisip ko na hindi siya magiging interesado ni hindi niya mauunawaan ang mga miting, at kailangan niya akong hintaying matapos sa mga miting at iba pang mga tungkulin nang ilang oras pagkatapos magsimba. Ngunit sa kung anong dahilan ay nadama ko na dapat ko siyang isama.

Noong Linggong iyon ay isinama ko siya, at, tulad ng inaasahan, kailangan niya akong hintaying matapos. Pagkatapos ng mga miting ko, ibinalik ko siya sa hotel para kumain. Napansin ko na may hawak siyang bag. Tinanong ko siya tungkol dito, at binigyan daw siya ng isang miyembrong babae ng meryenda.

Tuwing may tungkulin ako pagkatapos ng serbisyo sa simbahan, ang miyembrong ito—na hindi kilala ang tiyahin ko—ay palaging inaalok ng meryenda ang tiyahin ko. Isang araw

ng Linggo habang nagtuturo ako sa Sunday School, nagboluntaryo ang isang pamilyar na tinig na magbasa ng isang talata sa banal na kasulatan. Hinding-hindi ko inakalang magboboluntaryo ang tiyahin ko, pero hinikayat siya ng isang mabait na miyembrong katabi niya na magbasa sa klase. Bagama't hindi mahusay makihalubilo ang tiyahin ko dahil sa matagal niyang pagkaratay sa ospital, masaya siyang binati at kinausap ng lahat ng miyembro.

Tuwing Linggo ng gabi ibinabalik ko siya sa ospital at pinangangakuang susunduin siya sa susunod na linggo, na laging nagpapangiti sa kanya.

Isang araw sinabi ng isang kaibigan ko na nag-aalala siya na baka mahirapan ang tiyahin ko kapag bigla akong tumigil sa pagbisita pag-alis ko ng Korea. Nang malapit na akong umalis sa Korea, halu-halo ang damdamin ko—masaya na makakasama kong muli ang aking pamilya ngunit balisa at malungkot na maiiwan kong magisa ang tiyahin ko.

Sa huli, ipinaliwanag ko sa tiyahin ko na hindi ko na siya mabibisita nang madalas. Tumigil siya sandali, halatang nalungkot. Pagkatapos ay nagsikap siyang huminahon at naganong kung puwede ko siyang bisitahing muli sa isang taon. Napaiyak ako at talagang hiniling ko sa Ama sa Langit na tulungan ang babaeng ito.

Noong huling Linggo ko sa Korea, itinanong ng bishop kung puwedeng sunduin ng mga miyembro ng ward ang tiyahin ko tuwing Linggo para dalhin ito sa simbahan. Sinabi niya na may mga miyembro na handang bisitahin



siya nang regular—napakarami kaya kailangan nilang mag-usap-usap at maghahalinhinan. Hindi ako makapani-wala sa kanyang alok! Hindi ko ina-asahan ang sagot na ito sa matagal ko nang idinadalangin.

Dahil malayo ang tirahan ng mga miyembro sa ospital na kinaroroonan ng tiyahin ko, nag-alok akong mag-iwan ng kaunting pera para sa pamasahe nila, pero hindi ito tinanggap ng mga miyembro. Sinabi nila sa akin na maghahalinhinan sila sa pagbisita minsan sa isang buwan, pero nalaman ko kalaunan na dumadalaw pala sila linggu-linggo. Isang tapat na miyembrong babae ang sumusundo sa tiyahin ko tuwing Biyernes para dumalo sa institute at mananghali. Dinadala pa niya ito sa parlor para pagupitan. Isa pang miyembrong babae, isang ina na walang asawa na may dalawang anak na tinedyer, ang nagboluntaryong sunduin ang tiyahin ko tuwing Linggo ng umaga. Ipinagluluto niya ang

tiyahin ko, ipinapasyal, at sabay silang nakikinig sa musika. Ang pinakamahalaga, sinisikap niyang maging kaibigan, at sa wakas ay napalagay ang loob ng tiyahin ko at naging komportableng kausapin siya at ang iba pang mga miyembro. Tuwing Linggo ng gabi sinusundo ng bishop ang tiyahin ko mula sa bahay ng isang miyembro pagkatapos ng kanyang mga miting sa Simbahan at iba pang mga tungkulin para ibalik sa ospital. Tuwing Huwebes ini-email niya ako para ikuwento ang mabuting paglilingkod nila sa tiyahin ko.

Naniniwala ako na nakita ng nanay ko ang mga paglilingkod ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw sa nakababata niyang kapatid. At ngayon ay alam ko na, nang mas malinaw kaysa rati, kung bakit tinatawag nating “kapatid” ang mga kapwa miyembro natin sa Simbahan.” ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.



TANGGAPIN ANG LAHAT

“Lapitan ang sinumang dumating sa mga pintuan ng mga gusali ng inyong Simbahan.

Tanggapin sila nang may pasasalamat at walang panghuhusga. Kung may mga taong hindi ninyo kilala na pumasok sa isa sa inyong mga miting, malugod silang batiin at anyayahang tumabi sa inyo. Kayo na ang gumawa ng unang hakbang para ipadama sa kanila na sila’y tanggap at minamahal, sa halip na hintaying sila pa ang lumapit sa inyo.

“Matapos ninyo silang batiin, mag-isip kayo ng mga paraan para patuloy silang mapaglingkuran.”

Bishop Gérald Caussé, Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric, “Hindi na Kayo mga Taga Ibang Bayan,” Liahona, Nob. 2013, 51.



**Ni Elder
David A. Bednar**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

Matatapat na Magulang AT MGA Anak na Naliligaw ng Landas

Patuloy na Umaasa
Habang Nilulutas ang
Di-Pagkakaunawaan

Isa sa pinakamatitinding pagdurusang maaaring maranasan ng masunuring magulang sa Sion ay ang magkaroon ng anak na lumilihis sa landas ng ebanghelyo. Ang mga tanong na “Bakit?” o “Ano ba ang nagawa kong mali?” at “Paano ko ngayon tutulungan ang anak kong ito?” ay walang tigil na pinagbulayan sa puso’t isipan ng gayong mga magulang. Ang kalalakihan at kababaihang ito ay taimtim na nagdarasal, masigasig na sinasaliksik ang mga banal na kasulatan, at matamang nakikinig sa payo ng mga lider ng priesthood at auxiliary sa kanilang pagbaling sa ebanghelyo ni Jesucristo para mapatnubayan, mapalakas, at mapanatag ang kalooban.

Ang mga pahayag mula sa mga General Authority ng Simbahan na naglalarawan sa impluwensya ng matatapat na magulang sa mga anak na naliligaw ay patuloy na pinagkukuhanan ng malaking kapanatagan ng pamilya.¹

Ang kapanatagang nagmumula sa pag-asang hatid ng mga mensaheng ito ay nagsasaad na ang mga magulang na tumutupad sa mga tipan ng ebanghelyo, sumusunod sa mga utos ng Panginoon, at tapat na naglilingkod ay makaaapekto sa kaligtasan ng kanilang mga anak na naliligaw. Gayunman, dahil sa pakahulugan ng ilang miyembro ng Simbahan sa mga pahayag na ito, naging mali ang pag-unawa sa doktrina. Nagkaroon ng kalituhan dahil paiba-iba ang pakahulugan sa doktrina ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa mga alituntunin ng kala-yaang moral at sa pananagutan sa kasalanan at paglabag ng bawat indibiduwal.

Ang pagrepaso sa mga katotohanang paulit-ulit na binibigyang-diin sa mga pamantayang aklat o mga banal na kasulatan, ang paglilinao ng mga itinaturo ng mga apostol at propeta sa panahon ngayon, at ang kaukulang katibayan mula sa kasaysayan ng Simbahan ay



patuloy na magbibigay ng pag-asa habang nilulutas ang di-pagkakaunawaan.

Mga Pangako ng Propeta Tungkol sa mga Inapo

Ang sumusunod na sipi ay mababasa sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, na tinipon ni Joseph Fielding Smith habang siya ay naglilingkod bilang historian at recorder ng Simbahan: “Kapag ang ama at ina ay ibinuklod, pinatatatag nito ang kanilang mga inapo, upang hindi sila mawalay at mangaligaw, at sa halip ay mailigtas sa bisa ng tipan ng kanilang ama at ina.”²

Isa pang turo na kahalintulad nito, na malinaw na ibinatay sa pahayag ni Propetang Joseph, ay mula kay Elder Orson F. Whitney (1855–1931) ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 1929: “Sinabi ni Propetang Joseph Smith—at ito ang doktrinang itinuro niya na higit na nagbibigay-[kapanatagan]—na ang walang hanggang pagkakabuklod ng matatapat na magulang at ang banal na mga pangako dahil sa magiting nilang paglilingkod sa Gawain ng Katotohanan, ay magliligtas hindi lamang sa kanila, kundi maging sa kanilang mga inapo. Bagama’t naliligaw ang ilan sa mga tupa, ang mga mata ng Pastol ay nakatuon sa kanila, at sa malao’t madali ay madarama nila ang mga galamay ng Banal na Maykapal na tumutulong at umaakay sa kanila pabalik sa kawan. Maging sa buhay na ito, o sa kabila, sila ay babalik. Kailangan nilang bayaran ang hinihingi ng katarungan; pagdusahan ang kanilang mga kasalanan; at marahil tatahakin nila ang matinik na landas; ngunit kung sa wakas ay ihatid sila nito, gaya ng nagsising Alibugha, pabalik sa mapagmahal at mapagpatawad na puso at tahanan ng ama, ang masakit na karanasan ay hindi nasayang. Ipanalangin ang inyong walang-ingat at suwail na mga anak; pangalagaan sila sa pamamagitan ng inyong pananampalataya. Patuloy na umasa, patuloy na manalig, hanggang sa makita ninyo ang kaligtasan ng Diyos.”³

Para sa ilang miyembro ang mga pahayag nina Joseph Smith at Orson F. Whitney ay nangangahulugan na ang mga anak na nangangaligaw ay makatatanggap ng kaligtasan nang walang kundisyon dahil sa katapatan ng kanilang mga magulang. Gayunman, ang pakahulugang ito ay bahagyang nabago dahil sa katotohanang wala pa sa historian ng Simbahan ang kumpletong sermon ng Propeta noong tinipon nila ang pinag-isang bersyon ng kanyang mga turo mula sa mga tala nina Willard Richards at William Clayton. Sa mas kumpletong tala nina Howard at Martha Coray, mas nilinaw at tiniyak ni Joseph Smith ang kanyang pahayag para maisaad na kailangang sumunod

ang mga anak upang makamit ang mga ipinangakong pagpapala:

“Kapag ang ama at ina ng isang pamilya ay [nabuklod], ang kanilang mga anak *na hindi lumabag* ay ligtas sa buklod na nagbuklod sa kanilang mga Magulang. At ito ang Sumpa ng Diyos kay Abraham at ang doktrinang ito ay mananatili kailanman.”⁴

Ang paglilininaw na ito ay mas tugma sa doktrina. Maliban sa karagdagang impormasyong nasa mga tala ng mga Coray, ang konsepto na maliligtas ang mga anak kahit hindi sila sumusunod ay sasalungat sa maraming pangunahing turo ni Propetang Joseph Smith, kabilang na ang pangalawang saligan ng pananampalataya na “ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2).

Ang pag-unawang ito ay alinsunod din sa maraming halimbawa sa mga pamantayang aklat o mga banal na kasulatan. Halimbawa, ipinaliwanag ni Alma sa kanyang anak na si Corianton:

“Ngunit masdan, *hindi mo maaaring itago ang iyong mabibigat na kasalanan sa Diyos; at maliban kung ikaw ay magsisisi, ang mga ito ay tatayo bilang patotoo laban sa iyo sa huling araw.*

“Ngayon anak ko, nais ko na ikaw ay magsisi at talikuran ang iyong mga kasalanan, at huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata, kundi pigilin mo ang iyong sarili sa mga bagay na ito; *sapagkat maliban kung gagawin mo ito ay hindi ka sa ano mang paraan magmamana ng kaharian ng Diyos.* O, pakatandaan, at iyong isaloob, at pigilin ang iyong sarili sa lahat ng bagay na ito” (Alma 39:8–9; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ipinahayag ni Samuel ang Lamanita sa mga Nephita:

“At ito ay sa layunin na sinumang maniniwala ay mailigtas, at ang sinumang hindi maniniwala, isang makatarungang kahalutlan ang ipapataw sa kanila; at gayon din kung sila ay maparusahan *sila ang nagdala ng kaparusahan sa kanilang sarili.*

“At ngayon, tandaan, tandaan, mga kapatid, na ang sinumang masawi, *ay masasawi sa kanyang sarili;* at sinumang gagawa ng kasamaan, *ay ginagawa ito sa kanyang sarili;* sapagkat masdan, kayo ay malaya; kayo ay pinahintulutang kumilos para sa inyong sarili; sapagkat masdan, binigyan kayo ng Diyos ng kaalaman at ginawa niya kayong malaya.

“Kanyang ibinigay sa inyo na malaman ninyo ang mabuti sa masama, at kanyang ibinigay sa inyo na kayo ay makapamilya ng buhay o kamatayan; at maaari kayong gumawa ng mabuti at ibalik sa inyo yaong mabuti, o yaong

Ang Pangangalaga ng Diyos ay maituturing na kapangyarihan, isang paghila o paghatak ng langit na humihikayat sa anak na nalilihis ng landas na bumalik sa kawan.



mabuti ay ibalik sa inyo; o maaari kayong gumawa ng masama, at ang masama ay ibalik sa inyo” (Helaman 14:29–31; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Gayundin, maraming karagdagang banal na kasulatan ang nagpapatunay sa alituntunin na ang kalalakihan at kababaihan ay binigyan ng moral na kalayaan at pananagutan ang kanilang iniisip, sinasabi, at ginagawa.⁵

Ang mga Galamay ng Banal na Maykapal

Walang mga tala ang Simbahan ng kahit anong karagdagang turo sa partikular na paksang ito ni Propetang Joseph Smith. Bagama’t maraming kasunod na mga lider ng Simbahan ang magkakaiba ng pagbibigay-diin sa maraming aspeto ng mga pahayag nina Joseph Smith, Orson F. Whitney, at ng iba pa, sang-ayon silang lahat sa katotohanang ang mga magulang na tumutupad sa kanilang mga tipan sa templo ay higit ang espirituwal na impluwensya sa kanilang mga anak sa paglipas ng panahon. Ang matatapat na miyembro ng Simbahan ay mapapanatag sa kaalamang makakamtan nila ang mga pangakong banal na patnubay at kakayahan, sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu

Santo at sa mga pribilehiyo ng priesthood, sa pagsisikap na tulungan ang kanilang pamilya na matanggap ang mga pagpapala ng kaligtasan at kadakilaan.

Ang “mga galamay ng Banal na Maykapal” na inilarawan ni Elder Whitney ay maituturing na isang uri ng espirituwal na kapangyarihan, isang paghila o paghatak ng langit na humihikayat sa anak na nalilihis ng landas na bumalik sa kawan. Hindi mapapawalang-halaga ng gayong impluwensya ang kalayaang moral ng anak ngunit ito ay makaaanyaya at makahihikayat. Sa huli, dapat gamitin ng anak ang kanyang kalayaang moral at tumugon nang may pananampalataya, magsisi nang buong puso, at kumilos ayon sa mga turo ni Cristo.

Si Pangulong James E. Faust (1920–2007), dating Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay ipinaliwanag nang napakalinaw ang walang hanggang konseptong ito:

“Naniniwala ako at tanggap ko ang nakaaalong pahayag ni Elder Orson F. Whitney:

“Sinabi ni Propetang Joseph Smith—at ito ang doktrinang itinuro niya na higit na nagbibigay-[kapanatagan]—na ang walang hanggang pagkakabuklod ng matatapat na magulang at ang banal na mga pangako dahil sa magiting nilang paglilingkod sa Gawain ng Katotohanan, ay magliligtas hindi lamang sa kanila, kundi maging sa kanilang mga inapo. Bagama’t naliligaw ang ilan sa mga tupa, ang mga mata ng Pastol ay nakatuon sa kanila, at sa malao’t madali ay madarama nila ang mga galamay ng Banal na Maykapal na tumutulong at umaakay sa kanila pabalik sa kawan. Maging sa buhay na ito, o sa kabila, sila ay babalik. Kailangan nilang bayaran ang hinihingi ng katarungan; pagdusahan ang kanilang mga kasalanan; at marahil tatahakin nila ang matinik na landas; ngunit kung sa wakas ay ihatid sila nito, gaya ng nagsising Alibugha, pabalik sa mapagmahal at mapagpatawad na puso at tahanan ng ama, ang masakit na karanasan ay hindi nasyang. Ipanalangin ang inyong walang-ingat at suwail na mga anak; pangalagaan sila sa pamamagitan ng inyong pananam-palataya. Patuloy na umasa, patuloy na manalig, hanggang sa makita ninyo ang kaligtasan ng Diyos.”⁶

“Ang alituntunin sa pahayag na ito na madalas makaligtan ay na dapat silang lubos na magsisi at ‘pagdusahan ang kanilang mga kasalanan’ at ‘bayaran ang hinihingi ng katarungan.’ Batid kong ngayon ang panahon upang ‘maghanda sa pagharap sa Diyos’ [Alma 34:32]. Kung ang pagsisisi ng naligaw na mga anak ay hindi magaganap sa buhay na ito, maaari bang maging sapat ang tibay ng bigkis ng pagbubuklod upang makapagsisi pa rin sila? Sinabi sa atin sa Doktrina at mga Tipan, ‘Ang mga patay na magsisisi

ay matutubos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa ng bahay ng Diyos,

“At pagkatapos nilang mabayaran ang kaparusahan sa kanilang mga kasalanan, at mahugasang malinis, ay tanggap ng gantimpala alinsunod sa kanilang mga gawa, sapagkat sila ay mga tagapagmana ng kaligtasan’ [D at T 138:58–59].

“Magugunita nating winaldas ng alibughang anak ang kanyang mana at nang maubos iyon lahat ay bumalik siya sa bahay ng kanyang ama. Doon muli siyang tinanggap ng kanyang pamilya, ngunit ubos na ang mana niya. [Tingnan sa Lucas 15:11–32.] Hindi maaaring manaig ang habag sa katarungan, at ang kapangyarihan ng pagkakabuklod ng matatapat na magulang ay maaari lamang makasagip sa nangaliligaw na mga anak batay sa kanilang pagsisisi at sa Pagbabayad-Sala ni Cristo. Kakamtin ng nagsising naligaw na mga anak ang kaligtasan at lahat ng pagpapalang kaakibat nito, ngunit ang kadakilaan ay higit pa rito. Ito’y kailangang ganap na paghirapan. Ang tanong sa kung sino ang tatanggap ng kadakilaan ay dapat ipaubaya sa Panginoon ayon sa Kanyang habag.

“May ilan na ang nagawang kasamaan ay lubhang napakalaki kung kaya’t dahil ‘sa bigat ng kanilang kasalanan ay hindi na sila makapagsisisi.’⁷ Ang paghatol na ito ay dapat ding ipaubaya sa Panginoon. Sinabi Niya sa atin, ‘Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao’ [D at T 64:10].

“Marahil sa buhay na ito ay hindi natin lubos na mauunawaan kung gaano katibay ang mga bigkis ng pagkakabuklod ng matatapat na mga magulang sa kanilang mga anak. Marahil may iba pang mga puwersang tumutulong dito na hindi natin batid.⁸ Naniniwala akong may malakas na impluwensya pa rin sa atin ang minamahal nating mga ninuno na nasa kabilang panig ng tabing.”⁹

Ang mga turo ni Pangulong Faust ay mariing nagbuod ng mga bagay na alam at hindi natin alam tungkol sa mabubuting magulang at mga anak na naliligaw ng landas. Ang impluwensya ng mga magulang na tumutupad sa mga tipan at sumusunod sa mga utos ay tunay na may espirituwal na epekto sa mga anak na naliligaw ng landas sa pamamagitan ng pagpapakilos sa mga galamay ng banal na Maykapal—sa mga paraan na hindi ganap na naihahayag at lubusang nauunawaan. Gayunman, ang impluwensya ng mabubuting magulang (1) ay hindi humahalili sa pangangailangan ng bawat tao sa nakatutubos at nagpapalakas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo,

Ang matatapat na magulang ay maaaring makahanap ng lakas na magtiis habang tinutularan nila ang mga halimbawa ng ibang matwid na mga magulang na may suwail na mga anak. Sa Aklat ni Mormon, patuloy at matiyagang hinikayat ni Amang Lehi ang kanyang suwail na mga anak na bumaling sa Panginoon.



DETALYE MULA SA DUMATING SI LEHI AT KANYANG MGA TAO SA LUPANG PANGAKO, NI ARNOLD FRIBERG

(2) hindi nagpapawalang-saysay sa mga bunga ng di-matwid na paggamit ng kalayaang moral, at (3) hindi taliwas sa responsibilidad ng tao na katawanin ang sarili, “kumikilos . . . at hindi pinakikilos” (2 Nephi 2:26).

Ang matatapat na magulang ay maaaring makahanap ng lakas na magtiis habang tinutularan nila ang mga halimbawa ng ibang matwid na mga magulang na may suwail na mga anak. Sa Aklat ni Mormon, patuloy at matiyagang hinikayat ni Amang Lehi ang kanyang suwail na mga anak na bumaling sa Panginoon. Si Lehi “ay nangsap kay Laman, sinasabing: O sana ay maging katulad ka ng ilog na ito, patuloy na umaagos patungo sa bukal ng lahat ng kabutihan!

“At siya ay nangsap din kay Lemuel: O sana ay maging katulad ka ng lambak na ito, matibay at matatag, at hindi matitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon!

“Ngayon, ito ay nasabi niya dahil sa katigasan ng leeg nina Laman at Lemuel; sapagkat masdan, sila ay bumubulung-bulong sa maraming bagay laban sa kanilang ama” (1 Nephi 2:9–11).

Kalaunan, nang malapit nang pumanaw si Lehi sa mundong ito, inanyayahan at hinikayat pa rin niya ang kanyang suwail na mga anak na “pakinggan ang [kanyang] mga salita” (2 Nephi 1:12):

“Gumising! at bumangon mula sa alabok, at makinig sa mga salita ng nanginginig na magulang, na ang mga biyas ay tiyak na malapit na ninyong ihimlay sa malamig at tahimik na libingan. . . .

“At nais kong inyong pakatandaang sundin ang mga batas at kahatulan ng Panginoon; masdan, ito ang ikinabalisa ng aking kaluluwa mula pa sa simula.

“Ang aking puso ay manaka-nakang bumibigat sa kalungkutan, sapagkat ako ay natatakot, na baka sa katigasan ng inyong mga puso ang Panginoon ninyong Diyos ay dumalaw sa inyo sa kaganapan ng kanyang galit, na kayo ay mahiwalay at mamatay magpakailanman; . . .

“O mga anak ko, sana’y huwag sumapit sa inyo ang mga bagay na ito, bagkus kayo ay maging isang pinili at mga pinagpalang tao ng Panginoon. Datapwat masdan, masusunod ang kanyang kalooban; sapagkat ang kanyang mga landas ay katwiran magpakailanman” (2 Nephi 1:14, 16–17, 19).

Isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa rebel-deng Nakababatang Alma at nagsabing, “Napakinggan ng Panginoon ang mga panalangin ng kanyang mga tao, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma, na iyong ama; sapagkat nanalangin siya nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo na baka sakaling madala ka sa kaalaman ng kato-tohanan; anupa’t dahil sa layuning ito ako ay naparito upang papaniwalain ka sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos, upang ang mga panalangin ng kanyang mga

tagapaglingkod ay matugon alinsunod sa kanilang pananampalataya” (Mosias 27:14).

Isang dahilan kaya nangyari ang napakagandang karanasang ito ay dahil sa mga panalangin ni Alma—na dalawang ulit na kinilala ng anghel bilang tagapaglingkod ng Diyos. Sa gayon, maaanyayahan ng matatapat na magulang ang kapangyarihan ng langit upang maimpluwensyahan ang kanilang mga anak. Gayunpaman, ang mga anak na ito ay mananatiling kumikilos para sa kanilang sarili, at ang pagpapasiyang magsisi o hindi ay nasa kanila pa rin sa bandang huli. Si Nakababatang Alma ay tunay na pinagsisihan ang kanyang mga kasalanan at isinilang sa Espiritu (tingnan sa Mosias 27:24), ang bunga na buong pusong inaasam ng lahat ng magulang na may mga anak na naliligaw.

Habang matiyaga at patuloy na minamahal ng mga magulang ang kanilang mga anak at nagiging buhay na halimbawa ng mga disipulo ni Jesucristo, napakabisa nilang naituturo ang plano ng kaligayahan ng Ama. Ang kasigasi-gan ng gayong mga magulang ay matibay na sumasaksi sa nakatutubos at nagpapalakas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at nag-aanyaya sa mga anak na nangaliligaw na tumingin nang may bagong pananaw at makinig nang may bagong pang-unawa (tingnan sa Mateo 13:43).

Ang pagkilos nang naayon sa mga turo ng Tagapagligtas ay nag-aanyaya ng espirituwal na kakayahang sa ating buhay—kakayahang makinig at tumalima, kakayahang makahiwatig, at kakayahang magpatuloy. Ang pagiging matapat na disipulo ang pinakamainam at tanging kasagutan sa bawat tanong at hamon ng buhay. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Joseph Smith, *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, tinipon ni Joseph Fielding Smith (1938), 321; Joseph Smith, sa *History of the Church*, 5:530; Brigham Young, sa *Journal of Discourses*, 11:215; Lorenzo Snow, sa Brian H. Stuy, tinipon sa, *Collected Discourses*, 5 tomo. (1987–92), 3:364; Joseph Fielding Smith, sa *Doctrines of Salvation: Sermons and Writings of Joseph Fielding Smith*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo. (1954–56), 2:90–91, 179, 182–83; Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine*, Ikalawang Edisyon. (1979), 685; Spencer W. Kimball, “Ocean Currents and Family Influences,” *Ensign*, Nob. 1974, 111–12; Howard W. Hunter, “Parents’ Concern for Children,” *Ensign*, Nob. 1983, 63; Boyd K. Packer, “Our Moral Environment,” *Ensign*, Mayo 1992, 68; Russell M. Nelson, “Doors of Death,” *Ensign*, Mayo 1992, 73; Gordon B. Hinckley, sa “Prophet Returns to ‘Beloved England,’” *Church News*, Set. 2, 1995, 4; Boyd K. Packer, “Huwag Matakot,” *Ensign*, Mayo 2004, 77; Robert D. Hales, “Lakip ang Lahat ng Damdamin ng Nagmamahal na Magulang: Isang Mensahe ng Pag-asa para sa mga Pamilya,” *Liahona*, Mayo 2004, 88.
2. Joseph Smith, *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, tinipon ni Joseph Fielding Smith (1938), 321.
3. Orson F. Whitney, sa Conference Report, Abr. 1929, 110.
4. Joseph Smith, *The Words of Joseph Smith*, tinipon nina Andrew F. Ehat at Lyndon W. Cook (1980), 241; idinagdag ang pagbibigay-diin. Tingnan din sa pahina 300.
5. Inilalarawan ng mga banal na kasulatang ito ang alituntunin na ang kalalakihan at kababaihan ay malayang makapipili at mananagot sa Diyos sa kanilang mga ginawa. Sadyang hindi pa kumpleto ang listahang ito: 2 Mga Taga Corinto 5:9–10; Mga Taga Galacia 6:7–9; Mosias 4:30; 7:30–33; Alma 12:12–14; 33–35; 34:13–17; 42:24–30; Doktrina at mga Tipan 6:33–34; 101:78; Moises 7:32–33.
6. Orson F. Whitney, sa Conference Report, Abr. 1929, 110.
7. Alonzo A. Hinckley, sa Conference Report, Okt. 1919, 161.
8. Tingnan sa John K. Carmack, “When Our Children Go Astray,” *Ensign*, Feb. 1997, 7; *Liahona*, Mar. 1999, 28.
9. James E. Faust, “Dear Are the Sheep That Have Wandered,” *Ensign*, Mayo 2003, 62.



Zimbabwe

LUPAIN NG KAGANDAHAN, MGA
TAONG MAY PANANAMPALATAYA

*Ang Zimbabwe ay may maunlad na komunidad
ng mga Banal sa mga Huling Araw.*

Ang Kagandahan ng Zimbabwe

Itinuturing na isa sa Seven Natural Wonders of the World, ang Victoria Falls sa hangganan ng Zimbabwe ay hindi pinakamalawak ni pinakamalalim na talon sa mundo—ngunit maraming nagsasabi na ito ang may pinakamaraming tubig. Mahigit isang milya (1.6 km) ang lapad, bumabagsak ang tubig nang daan-daang talampakan (108 m) at sumasalpok sa mga bato sa ibaba. Malakas ang tilamsik ng bumabagsak na tubig kaya hindi ninyo makikita ang ibaba ng talon kapag tag-ulan.


Ang Victoria Falls ay isa lamang sa maraming napakagagandang tanawin sa Zimbabwe. Nasa timog-silangang Africa, nabibighani ng Zimbabwe (dating Southern Rhodesia) ang mga manlalakbay mula sa iba't ibang panig ng mundo para makita ang mga parke, mga hayop, kagandahan, at kultura nito.

Kung gusto ninyong sumama sa isang wildlife safari o subukan ang white-water rafting pababa sa rumaragasang Zambezi River, maraming ganyan sa Zimbabwe—pati na ang maunlad na komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang Simbahan sa Zimbabwe

Mahigit 23,000 miyembro ng Simbahan ang naninirahan sa Zimbabwe. Mabilis na dumami ang mga miyembro sa nakalipas na 35 taon. Halimbawa, bago ang taong 1980, mahigit 1,000 lang ang mga miyembro.

Ang ipinahayag ng propetang si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) noong Hunyo 8, 1978, na “lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi ng Simbahan ay maaaring ordenan sa pagkasaserdote nang walang pagsasaalang-alang ng lahi o kulay” (Opisyal na Pahayag 2) ay nagkaroon ng magandang epekto sa paglago ng Simbahan sa Zimbabwe.



Mga batang primary sa Kwekwe, 1965.

Nakatulong ang maraming Banal sa mga Huling Araw na palakasin ang Simbahan sa Zimbabwe. Narito ang maikling sulyap sa ilan sa mga pioneer na iyon.

Mga Makabagong Pioneer sa Zimbabwe **Hubert Henry Hodgkiss**

Nagpadala ng mga missionary sa Southern Rhodesia sa loob ng maikling panahon noong mga unang taon ng 1930s. Subalit pagsapit ng 1935 inalis ang lahat ng missionary sa Southern Rhodesia (na noon ay bahagi ng South African Mission) at isinara ang lugar dahil kulang ang mga missionary

at malayo ang mission home sa Cape Town, South Africa.

Noong Setyembre ng 1950, walong missionary ang ipinadala para muling buksan ang Southern Rhodesia. Pagkaraan ng limang buwan, idinaos ang unang binyag sa lugar.

Isinilang sa England noong 1926, si Hubert Henry Hodgkiss ay lumipat sa Salisbury, Southern Rhodesia, noong 1949. Una niyang nalaman ang tungkol sa Simbahan mula sa isang kaibigang nagsisiyasat sa ebanghelyo. May mga alinlangan si Hugh sa ipinanumbalik na ebanghelyo at tinangkang patunayan sa kanyang kaibigan na hindi totoo ang Simbahan. Sa halip,

1927: Dalawang anak na lalaki ng isang miyembrong nandayuhan mula sa South Africa ang mga unang miyembrong nabinyagan sa Southern Rhodesia.

1930: Ipinadala ni President Don M. Dalton ng South African Mission ang mga unang missionary sa bagong Rhodesia District.

1935: Pinatigil ni President Don M. Dalton ang pagpadala ng mga missionary sa Southern Rhodesia.



1950: Noong Setyembre, inatasan ni President Evan P. Wright ang walong missionary na muling buksan ang Southern Rhodesia.

1951: Si Hugh Hodgkiss ang unang nabinyagan sa Southern Rhodesia.

Nagtipun-tipon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Harare, Zimbabwe, para ipagdiwang ang pagbabasbas sa isang sanggol, noong 1985.



matapos saliksiking mabuti ang ebanghelyo, nagkaroon ng patotoo si Hugh tungkol sa katotohanan nito at nagpasiyang magpabinyag. “Nagkamali ako,” sabi niya sa kanyang kaibigan. “Sasapi ako sa Simbahan.”¹

Nabinyagan si Hugh noong Pebrero 1, 1951, na siyang unang taong nabinyagan sa Southern Rhodesia. Nasiyahan siyang makihalubilo sa mga tao at makipagkaibigan saanman siya magtungo. Ang likas niyang kabaitan ay nagdulot ng malalaking kontribusyon sa paglago ng Simbahan sa lugar.

Noong 1959 naging pangulo ng Salisbury Branch si Hugh. Ang kanyang mga tagapayo ay mga miyembrong tagaroon din. Ito ang unang pagkakataon na puro mga miyembrong tagaroon ang nasa branch presidency. Bago ito, laging mga full-time missionary ang tumutupad sa mga responsibilidad ng branch presidency.

Ernest Sibanda

Nakilala ni Ernest Sibanda ang dalawang Mormon missionary na nakabisikleta—sina



Ang mga kabataang lalaki ng Gweru stake sa isang aktibidad noong taglamig ng 2012. Nag-ani ng mais ang mga kabataang lalaki at ang kanilang mga lider, pagkatapos ay masaya silang nagkainan at naglaro ng soccer.

1959: Ang unang kilalang missionary na mula sa Southern Rhodesia, si Jean Wood, ay naglingkod sa South Africa Mission.



1964: Ang Northern Rhodesia ay naging Zambia, at ang Southern Rhodesia ay naging Rhodesia.

1978: Itinatag ni Pangulong E. Dale LeBaron ang unang Rhodesian District Presidency.

1980: Kinilala ng Great Britain ang kalayaan ng Rhodesia; ginawang Zimbabwe ang pangalan ng bansa.



1985: Noong Agosto 24–25 inilaan ang Johannesburg South Africa Temple.

Elder Black at Elder Kaelin—noong Disyembre 1978. Siya ay binigyan nila ng Aklat ni Mormon. Bago sila nagkausap, maraming taon nang nag-aaral ng relihiyon si Ernest. Katunayan, siyam na taon na siyang guro sa kanilang simbahan at tatlong taon siyang naging pastor.

Noong gabing matanggap ni Ernest ang kanyang kopya ng Aklat ni Mormon, alas-2:00 ng umaga na siya natulog dahil sa masigasig na pagbabasa nito. Hindi na siya makapaghintay pa na makausap ang mga missionary kinabukasan. Sinabi sa kanila ni Ernest na mas marami siyang natutuhan tungkol kay Jesucristo mula kay Joseph Smith kaysa sa lahat ng pastor na nakilala niya. Agad nabinyagan si Ernest pagkatapos niyon, at sumunod ang kanyang asawa at mga anak pagkaraan ng ilang linggo.

Sa araw ng kanyang binyag, isinulat niya, “Nakadama ako ng lubos na kalayaan. Nadama kong nakalaya ako mula sa lahat ng kasamaan. Nalaman ko na mahal ko ang aking pamilya. Nalaman ko na mahal ko ang Simbahan.”²

Si Ernest Sibanda ay naging matinding lakas sa Simbahan. Naglingkod siya bilang Sunday School

president, branch clerk, at pangalawang tagapayo sa branch presidency. Ginawa rin niya ang ipinagagawa ng South Africa mission president na isalin sa wikang Shona ang mga himnong Ingles.

Edward Dube

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2013, tinawag si Edward Dube bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu, kaya siya ang naging unang General Authority ng Simbahan mula sa Zimbabwe. Ito lamang ang pinakahuli sa maraming una para kay Elder Dube. Siya rin ang unang katutubong stake president, unang katutubong mission president, at unang katutubong area seventy mula sa Zimbabwe. Si Elder Dube ay naging isang tunay na pioneer ng matwid na pamumuno.

Gayunman, bago nangyari ang lahat ng iyon, may isa pang una para kay Elder Dube: ang unang araw ng kanyang pagsisimba. Dalawang taon bago siya nagsimba sa unang pagkakataon, binigyan siya ng Aklat ni Mormon ng isang lalaking Banal sa mga Huling Araw na amo niya sa trabaho. Binasa ni Elder Dube ang Aklat ni Mormon at nadama niya ang impluwensya at kapangyarihan nito.




1987: Itinatag ang Zimbabwe Harare Mission mula sa South Africa Johannesburg Mission.

Noong Pebrero 1984 tinanggap ni Elder Dube ang paanyayang dumalo sa pulong sa pag-aayuno at patotoo ng isang lokal na branch. Kabadung-kabado siya nang pumasok siya sa chapel kaya muntik na siyang tumalikod at lumabas.

Gayunman, hindi nagtagal ay nagsimulang magbago ang damdamin ni Elder Dube nang tumayo ang branch president at magpatotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Ang patotoo sa Aklat ni Mormon ay isang bagay na mayroon din si Elder Dube. Tumayo siya at nagbahagi ng kanyang sariling mga kaisipan at damdamin tungkol sa Aklat

1991: Noong Oktubre 25 inilaan ni Elder James E. Faust (1920–2007) ng Korum ng Labin-dalawang Apostol ang Zimbabwe para sa pangangaral ng ebanghelyo.



1994: Kinuha ng Church Educational System si Edward Dube bilang country director. Itinatag niya ang mga klase sa seminary at institute sa buong Zimbabwe.

1998: Binisita ni Pangu-long Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang Zimbabwe at nagsalita sa mga 1,500 Banal sa mga Huling Araw. Dumalo ang ilang opisyal ng pamahalaan.



Noong 1994 naglalakad si President Beloved Mundera at ang kanyang pamilya nang mahigit isang milya (1.6 km) papuntang simbahan tuwing Linggo, na dala sa kanyang kartilya ang lahat ng kailangan ng kanyang branch para sa mga miting.



ni Mormon matapos magpatotoo ang ilang miyembro.

Hindi nagtagal matapos ang unang sacrament meeting na iyon, sinimulang siyasatin ni Elder Dube ang Simbahan nang buong sigasig. Bininyagan siya makalipas ang ilang buwan. Pagkatapos ay nagmisyon siya sa Zimbabwe Harare Mission. Pinakasalan ni Elder Dube si Naume Keresia Salizani noong Disyembre 9, 1989. Mayroon silang apat na anak.

Nakita na ni Elder Dube ang maraming masasaya at malulungkot na karanasan ng mga Banal sa Zimbabwe dahil sa kaguluhan sa pulitika. Sa lahat ng ito, umasa siya sa Panginoon para sa lakas at patnubay. “Nililingon ko ang dati kong buhay at talagang nagpapasalamat ako,” sabi niya. “Ang ebanghelyo ang naging lahat-lahat sa buhay ko.”³

“Para sa akin, si Elder Dube ang Brigham Young o Wilford Woodruff ng Zimbabwe,” sabi ni President Keith R. Edwards, dating miyembro


ng Pitumpu na kasalukuyang naglilingkod bilang pangulo ng England Missionary Training Center. Si President Edwards ang mission president ng Zimbabwe Harare Mission mula 2000 hanggang 2003 at kasama niya palagi sa gawain si Elder Dube, na naglilingkod noon bilang stake president. “Nauunawaan ni Elder Dube kung ano ang nararapat gawin ng ebanghelyo at kung paano ito magiging mabisa.”⁴

Pagsisikap ng mga Missionary sa Zimbabwe

Noong nasa Zimbabwe siya, nasaksihan mismo ni President Edwards ang pag-unlad ng Simbahan sa isang lupain na lalo pang tumatanggap sa ebanghelyo. “Maganda ang pananaw sa buhay ng mga taga-Zimbabwe,” sabi ni President Edwards. “Masayahin sila at likas na napakaespirituwal. Napakadali nilang turuan.”

Ipinaliwanag ni President Edwards na ang missionary badge—dahil taglay nito ang

PAGDAMI NG MGA MIYEMBRO NG SIMBAHAN SA ZIMBABWE



ESTADISTIKA NG SIMBAHAN SA ZIMBABWE*

Kabuuang bilang ng mga miyembro: 23,727

Mga Mission: 1

Mga ward at branch: 60

Mga family history center: 4

* Hanggang noong Hunyo 2013

1999: Itinatag ang unang stake sa Zimbabwe sa Harare. Ang unang buong edisyon ng Aklat ni Mormon ay inilathala sa Shona, isang katutubong wika ng Zimbabwe.



2007: Ang triple combination (Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas) ay inilathala sa Shona.

2009: Si Edward Dube ang unang katutubong mission president na naglingkod sa Zimbabwe.



2013: Si Edward Dube ay tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, kaya siya ang unang General Authority mula sa Zimbabwe.

pangalan ng Tagapagligtas—ay isa sa mga pinakamadaling paraan para sa mga missionary upang masimulan ang pakikipag-usap sa mga taga-Zimbabwe tungkol sa ebanghelyo. Madalas basahin ng mga tagaroon ang pangalan ng Simbahan at nagiging interesado sila. “Sinasabi nilang, ‘Mga kaibigan din kami ni Jesucristo.’ Kaagad na may nag-uugnay sa kanila,” sabi ni President Edwards.

Dumarami pa ang maaaring maging pinuno at pioneer na sumasapi sa Simbahan sa Zimbabwe. “Laging abala ang mga missionary,” sabi ni President Edwards. ■

MGA TALA

1. Mula sa Greg Hodgkiss, Hubert Henry Hodgkiss biographical sketch, Hunyo 26, 2012, Zimbabwe country case file, Church History Library, Salt Lake City.
2. *All are alike unto God*, ed. E. Dale LeBaron (1990), 129.
3. Edward Dube, sa R. Scott Lloyd, “New General Authority: Elder Edward Dube,” *Church News*, Abr. 20, 2013, ldschurchnews.com.
4. Mula sa isang interbyu kay Keith R. Edwards, Abr. 24, 2013.

Mga lider at missionary ng Kwekwe Ward, noong 2011.





Hindi *Natitinag*

*Nang bumaling kami sa Panginoon matapos ang lindol,
naalala namin na mahalagang lagi Siyang alalahanin.*

Ni Reid Tateoka

Dating mission president ng Japan Sendai Mission

Biyernes, Marso 11, 2011, 2:46 n.h.; Kōriyama, Japan; Kōriyama chapel, ikalawang palapag.

Nagsimulang magsanay sa pagtuturo tungkol kay Joseph Smith ang labinlimang missionary sa kalagitnaan ng pagsasanay sa pamumuno. Nang mapuno ng mensahe ng pag-asa at kapayapaan ang silid, nagsimulang kumalampag ang mga bintana. Tumindi ang ingay. Ang nagsimulang mga pagyanig ay naging dagundong.

Gumewang-gewang ang gusali, at bumilis at lumakas ang pagyanig hanggang sa tuluy-tuloy itong umalog. Halos imposibleng tumayo at maglakad. Sinubukang magtago ng ilang missionary sa ilalim ng mga mesa—hanggang sa tumilapon ang mga mesa sa kabilang panig ng silid. Ang gusali, ang lungsod, maging ang buong lalawigan ay

naligalig sa pagyanig na para bang bubuka ang lupa. Ito ang malinaw na pumasok sa isipan ko: “Ilabas mo ang mga missionary dito!”

Ang Aming Mahimalang Paglikas

Bilang mission president ng Japan Sendai Mission, ilang buwan kong naituro sa mga missionary at miyembro na “[bumaling] sa Panginoon” (Mosias 7:33). Ngayon, nang bumaling ako sa Kanya para mapatnubayan, mabilis na dumating ang inspirasyon: “Buksan mo ang pintuan—gumawa ka ng paraan sa pagtakas.” Alam ko na kailangan kong buksan ang pintuan bago bumagsak ang kisame, at madaganan kami sa loob. Kaya dali-dali akong pumunta sa pintuan at binuksan ko ito. “Labas kayo rito!” sigaw ko.



Ang lindol noong Marso 2011 at ang sumunod na tsunami ay puminsala sa maraming lungsod sa hilagang Japan (tulad ng Miyako City, itaas), na kumitil sa libu-libong tao at daan-daang libong iba pa ang nawalan ng tirahan.

Kandarapa ang mga missionary sa umuuga, umuugoy, at taas-babang sahig papunta sa bukas na pintuan; pagkatapos ay bumaba sila sa hagdanan palabas ng simbahan. Nang makalabas na kami, nadama namin na mas ligtas kami roon, bagama't hindi pa kami ligtas sa masamang panahon. Lumamig nang husto ang klima, at hinagupit ng niyebe ang mga mukha namin.

Sa tapat ng simbahan, nangabuwal ang mga lapida sa sementeryo ng mga Buddhist; gumuho ang pader ng sementeryo. Isang malaking bitak ang nagpaekis-ekis sa buong 12 palapag ng isang gusali ng apartment sa likod ng simbahan. Malalaking bloke ng konkreong harapan ang bumagsak at nagpaguho sa mga pader ng isang kalapit na paaralang elementarya. Nabasag ang mga bintana, at nagkalat ang mga basag na salamin sa lupa. Sa kabilang panig ng kalsada, nasa lapag ang pira-pirasong asul na bubong. Tinipon ko ang 15 missionary sa paradahan ng simbahan, at nagpasalamat kami sa ating Ama sa Langit na naprotektahan kami at humiling sa Kanya na patuloy kaming tulungan.

Ang Aming mga Panalangin ng Pasasalamat

Nagkagulo sa buong lungsod. Takot na mawawalan sila ng pagkain, binili ng mga tao ang lahat ng makita nila.

Nabili kaagad ang lahat ng tinapay at gatas, at ilang oras lang ay wala nang mabiling tinapay sa lungsod. Milya-milya ang haba ng linya sa mga istasyon ng gasolina.

Salungat sa kalituhan ng mga tao sa mga lansangan, payapang-payapa ang mga missionary. Nagdasal kami at nagpasalamat, at nakadama kami ng katiyakan na magiging maayos ang lahat.

Hindi kami makaalis ng lungsod—sira ang mga kalye at sarado ang mga highway, at walang nagbibiyaheng mga tren o bus. Pinaalis na ang mga taong naghintay nang napakatagal sa mahahabang linya para bumili ng gasolina. Sistematikong pumasok ang mga inspektor ng pamahalaan sa bawat tirahan, pinagbawalan ang ilan at pinayagan ang iba na manatili sa bahay nila. Kaya magdamag kaming nanatili sa mga evacuation center kasama ang maraming iba pa na katulad namin ay hindi makabalik sa kanilang mga tahanan.

Pagiging Disipulo sa Gitna ng Paghihirap

Kinabukasan, Sabado, nagsimula kaming mag-aral ng banal na kasulatan at manalangin tulad ng dati. Nang araw na iyon lalo naming kinailangan ang tulong ng ating Ama sa Langit. Matapos mag-aral ng banal na kasulatan,

iginrupu-grupo ko ang mga missionary. Ang isang grupo ay nagpunta sa simbahan para tumulong sa paglilinis at pagkatapos ay tumulong sila sa branch president sa pagkumpuni ng mga bahay ng mga miyembro. Pinuntahan naman ng isang grupo ang mga inspektor ng lungsod para alamin kung ligtas nang pumasok sa mga missionary apartment. Inalam naman ng isa pang grupo kung nagbibiyahe na ang mga tren at bus. Ang ilang iba pa ay pumila para makakuha ng tubig samantalang ang iba naman ay naghanap ng pagkain. Espesyal naman ang ipinagawa sa isang pares ng missionary: maghanap ng tinapay para sa sakramento sa Linggo. Buong maghapon kong sinikap na makontak ang lahat ng missionary sa mission.

Nang araw na iyon nadama namin ang patnubay ng ating Ama sa Langit sa lahat ng ginawa namin. Ang mga missionary na nakapila para sa tubig ay may nakilalang dalawang lalaki na nabahaginan nila ng ebanghelyo. Ibinahagi ng mga missionary ang mga patotoo nila tungkol sa pagmamahal ng Diyos at isinama ang dalawang lalaki sa testimony meeting namin kinagabihan at sa simbahan kinabukasan.



ANG LAYUNIN NG MGA PAGSUBOK

“Alam din ng ating Ama sa Langit, na nagbibigay sa napakaraming tinatamasa natin, na natututo tayo at lumalago at tumatatag kapag hinaharap natin at nalalagpasan ang mga

pagsubok na kailangan nating pagdaanan. ... Ang gayong mga paghihirap ang nagtutulot para tayo'y magpakabuti, ayusin ang ating buhay sa paraang itinuro sa atin ng ating Ama sa Langit, at maging kaiba kaysa rati—mas mabuti kaysa rati, mas maunawain kaysa rati, mas mahabagin kaysa rati, mas malakas ang patotoo kaysa rati.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Hindi Kita Iiwan ni Pababayaan,” *Liahona*, Nob. 2013, 87.

Kaagad nalaman ng mga sister missionary na naghanap ng pagkain para sa amin na ginagabayan ng Diyos ang kanilang mga yapak. Walang makitang anumang mabibili sa mga tindahan, nakakita sila ng pagkain sa mga lugar na karaniwan ay hindi nila iisiping puntahan, tulad ng mga eskinitang walang tao at sa maliliit na tindahan. Naibigay na sa amin ang aming “kakanin sa araw-araw” (Mateo 6:11).

Sa pagtatapos ng maghapon nag-ulat kami sa ating Ama sa Langit. Hindi nawala ang pokus namin. Kami ay mga “disipulo [pa rin] ni Jesucristo,” na “tinawag niya na ipahayag ang kanyang mga salita sa kanyang mga tao, upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan” (3 Nephi 5:13).

Ang Lakas, Kapangyarihan, at Kapayapaan ng Ama

Nang gabing iyon nadama namin na mas kailangan namin ng lakas at kapangyarihan ng ating Ama sa Langit. Kailangan namin ang patnubay ng Kanyang Espiritu. Kaya nagkaroon kami ng testimony meeting sa chapel. Nagpasalamat ang mga missionary sa Panginoon sa pagbibigay sa amin ng aming kakainin sa araw-araw, at kinilala nila na kami ay inakay, ginabayan, pinatnubayan, at pinrotektahan. Alam nila na maraming iba pa na hindi pinalad at hindi na inabot ang pagsikat ng araw. Tunay ngang “sa magkabikabila ay nanga[gipit] kami, gayon ma’y hindi nangaghihinagpis; nanga[tilihan], gayon ma’y hindi nangawawalan ng pag-asa; . . . ini[lugmok], gayon ma’y hindi nangasisira” (II Mga Taga Corinto 4:8–9).

Lahat ng missionary ay nagpatotoo sa kapayapaang nadama nila. Pinatotohanan nila na pinrotektahan sila ng Diyos at pinanatag ang kanilang kaluluwa. Nabingit sila sa kamatayan ngunit hindi sila natakot. Wala silang tubig, pagkain, o init na kailangan para makatagal sila, subalit pinangalagaan sila ng tubig na buhay; pinakain sila ng salita ng Diyos; pina-init sila ng Espiritu. Sa maliit na grupo ng aming mga missionary, wala ni isang natakot. Nadama ng bawat missionary ang nagpapalakas na kapangyarihan ng Diyos noong gabing iyon at naging mas malapit sila sa Diyos kaysa rati.

Sa pagtatapos ng araw na iyon, nagpasalamat kami na buhay pa kami. Nagpasalamat kami sa Panginoon sa tulong na ibinigay Niya sa amin sa napakaliteral na mga paraan. Gumawa kami ng mga assignment para sa pagsisimba namin kinabukasan at nilisan namin ang chapel para sumama



Para bang hindi pa sapat na naligtas ang aming buhay, tiniyak ng ating Ama sa Langit na “lagi [naming] aalalahanin” ang Kanyang Anak.

sa iba pang mga nawalan ng tirahan at pansamantalang nasa evacuation center.

Ang Tinapay ng Sakramento

Ngunit may dalawang elder na napakatahimik. Sila ang pinakuha ng tinapay para sa sakramento kinabukasan at hindi nila naisagawa ito.

Nang makarating kami sa evacuation center noong Sabado ng gabi, malugod na tinanggap ng mga empleyado ng lungsod ang aming pagbabalik. Humingi sila ng pau-manhin na kakaunti ang ibinigay nilang pagkain (20 bisk-wit) sa amin noong Biyernes ngunit pagkatapos ay masaya nilang iniabot sa amin ang aming rasyon para sa kinabuka-san: isang bote ng tubig at walong hiwa ng tinapay.

Tiningnan ako ng mga elder ko na parang gustong sabi-hing, “Ano pa ba ang mahihiling natin niyan sa Panginoon?”

Ang Diyos, na nakakaalam sa pagkahulog ng isang maya, ay muli kaming tinulungan, na para bang hindi pa sapat na naligtas ang aming buhay. Tiniyak ng ating Ama sa Langit na “lagi [naming] aalalahanin” ang Kanyang Anak (D at T 20:77). Naging mas malapit kami sa ating Tagapag-ligtas nang sandaling iyon.

Nag-alay ng espesyal na panalangin ang mga mission-ary nang gabing iyon. Lumuhod sila para pasalamatan ang ating Ama sa Langit para sa isa pang himala sa sunud-sunod na natatanging mga himala. Naunawaan nila ang priyoridad na inilagay ng Diyos sa ating tipan na laging ala-lahanin si Jesucristo, at nagpasalamat sila sa awa at kabai-tan ng isang mapagmahal na Diyos na tinutulutan tayong makibahagi ng sakramento bawat linggo.

Nagpatotoo ngayon ang mga missionary na ito, nang may higit na pananalig kaysa noon, na nais ng Diyos na lagi nating alalahanin ang Kanyang Anak na si Jesucristo. ■ *Ang lindol sa Tōhoku noong 2011 ay naganap 70 kilometro (mga 45 milya) mula sa Oshika Peninsula at nagrehistro ng lakas na 9.0, isa sa limang nasukat na pinakamalakas na lindol mula nang simulan ang makabagong pagtatala noong 1900.¹*

Lahat ng missionary sa Sendai ay natiyak na ligtas ilang araw matapos ang lindol.

TALA

1. “Managing post-disaster debris: the Japan experience” (United Nations Environment Programme, Hunyo 2012), 5, unep.org/disastersandconflicts.



**Ni Elder
Tad R. Callister**
Ng Panguluhan
ng Pitumpu



Ang Pamantayan ng Panginoon Ukol sa **MORALIDAD**

Ilang taon na ang nakararaan nilitis ng aking ama, na isang abugado, ang isang kaso. Para mapalakas ang kanyang panig, isang kaso lang ang binanggit niya—ang kasong inilabas ng California Supreme Court maraming taon na ang nakararaan. Binanggit ng kanyang kalaban ang ilang mas bagong desisyon ng mas mababang hukuman.

Sabi ng hukom sa aking ama, “Mr. Callister, wala ka bang mas bagong kaso kaysa rito?”

Tumingin sa hukom ang aking ama at sumagot, “Kagalang-galang na Hukom, ipinapalala ko po sa inyo na kapag nagsalita ang korte suprema tungkol sa isang kaso, minsan

lang ito kailangang magsalita.” Tumango ang hukom sa pagsang-ayon. Naipaalala sa kanya na nangingibabaw ang desisyon ng korte suprema sa lahat ng desisyon ng mas mababang hukuman, gaano man karami o kabago ang mga ito.

Gayon din sa ating Diyos Ama—minsan lang Siya kailangang magsalita tungkol sa isyu ng moralidad, at nangingibabaw ang pahayag na iyan sa lahat ng opinyon ng mga mas mababang hukuman, sinambit man ito ng mga psychologist, tagapayo, pulitiko, kaibigan, magulang, o moralista ng panahon.

Halos hindi kapani-paniwalang isipin na ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak ang kapangyarihang katangitangi at sagrado sa Kanya—ang ka-

pangyarihang lumikha ng buhay. Dahil ibinigay sa atin ng Diyos ang kapangyarihang ito, Siya, at Siya lamang, ang may karapatang magsabi kung paano ito dapat gamitin.

Salungat sa opinyon ng maraming tao, walang negatibo o mahigpit sa mga pamantayang moral ng Diyos. Sa halip, ang mga ito ay positibo, nagpapasigla, at nagpapalaya. Ang mga ito ay bumubuo ng mga ugnayan na may pagtitiwala, nagdaragdag sa pagpapahalaga sa sarili, pinagyayaman ang malinis na budhi, at inaanyayahan ang Espiritu ng Panginoon na pagpalain ang buhay ng bawat tao at ng mag-asawa. Subok na ang mga pamantayang ito sa pagkakaroon ng maligayang pagsasama ng mag-asawa at matatag na mga komunidad.

**Malaki ang epekto ng
ating pasiya na sundin o
suwayin ang pamantayan
ng Diyos ukol sa
moralidad sa kaligayahan
natin sa buhay.**

Ano, kung gayon, ang pamantayan ng Panginoon sa paggamit ng sagradong kapangyarihang magkaanak—ang Kanyang pamantayan ukol sa moralidad? Ang totoo, ang pamantayan ng Panginoon ukol sa moralidad ay hindi listahan ng mga dapat gawin at hindi dapat gawin kundi isang alituntunin, na maaaring ipahayag nang ganito: Ang kapangyarihang magkaanak ay dapat gamitin ng isang mag-asawang kasal dahil sa dalawang mahalagang dahilan: (1) para bigkisin at palakasin ang ugnayan ng mag-asawa at (2) para magdala ng mga kaluluwa sa mundo. Ang mga paggamit na ito ay may basbas at pagsang-ayon ng Panginoon.

Sa kabilang banda, ang kapangyarihang magkaanak ay hindi dapat gamitin ng lalaki at babaeng hindi kasal. Alinsunod dito, anumang sadyang pinag-isipan o kusang ginawa na pumukaw o humantong sa paggamit ng kapangyarihang magkaanak ng lalaki at babaeng hindi kasal ay hindi sinasang-ayunan ng Panginoon.

Ngayon ay babanggitin ko ang ilan sa mga pamantayan ng Panginoon ukol sa moralidad para hindi magkaroon ng maling pagkaunawa o kalabuan.

PAGTATALIK NANG HINDI KASAL AT PANGANGALUNYA

Ipinagbabawal ng Panginoon ang pagtatalik nang hindi kasal at pangangalunya anuman ang palagay ng mundo tungkol sa ganitong mga kilos. Ang mga kilos na ito ang bumubuo sa sukdulang paggamit ng kapangyarihang magkaanak sa piling ng isang taong iba sa atin ang kasarian na hindi legal na kasal sa atin. Ito ay pagtatalik nang hindi kasal kung pareho silang walang asawa; ito ay pangangalunya kung may asawa ang isa sa kanila o pareho silang may asawa.

Ang mga pamantayan ng Diyos ukol sa moralidad ay bumubuo ng mga ugnayan na may pagtitiwala, nagdaragdag sa pagpapahalaga sa sarili, pinagyayaman ang malinis na budhi, at inaanyayahan ang Espiritu ng Panginoon na pagpalain ang buhay ng bawat tao at ng mag-asawa.

Sabi ni Apostol Pablo, “*Sapagka’t ito ang kalooban ng Dios, . . . na kayo’y magsiilag sa pakikiapid*” (I Mga Taga Tesalonica 4:3; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sinabi rin niya, “Hindi baga ninyo nalalaman na ang mga liko ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios? Huwag kayong padaya: *kahit ang mga mapakiapid . . . ni ang mga mangangalunya . . .* ay hindi mangagmamana ng kaharian ng Dios” (I Mga Taga Corinto 6:9–10; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung minsan hindi natatanto ng mga tao ang bigat ng mga paglabag na ito o, sa ilang sitwasyon, pinangangatwiran nila ito. Tila hindi natanto ni Corianton ang bigat ng nagawa niya nang magkasala siya sa piling ng patutot na si Isabel. Ipinaliwanag ito ng kanyang amang si Alma: “Hindi mo ba alam, anak ko, na ang mga bagay na ito ay karumaldumal sa paningin ng Panginoon?” (Alma 39:5). Binanggit din ni Joseph ang malaking kasamaang ito nang tuksuhin siya ng asawa ni Potiphar: “Paano ngang aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?” (Genesis 39:9).

PANGHIHIPO

Ang panghihipo ay pumupukaw sa kapangyarihang magkaanak.

Alinsunod dito, kapag hindi pa kasal salungat sa pamantayan ng Diyos ukol sa moralidad na hipuin ang mga pribado o sagradong bahagi ng katawan ng ibang tao, may damit man ito o wala.¹

PAG-ABUSO SA SARILI

Tinutuligsa ng Panginoon ang pag-abuso sa sarili. Ang pag-abuso sa sarili ay pagpukaw ng isang tao sa kanyang kapangyarihang magkaanak. Sinabi ni Pangulong



Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

“Huwag magkasala na pakialaman o laruin ang sagra-dong kapangyarihang ito ng paglikha. . . .

“ . . . Hindi ito nakalulugod sa Panginoon, ni sa inyo. Ipadarama nito na kayo’y hindi karapat-dapat o malinis.”²

ANG MGA UGNAYAN NG MAGKAPAREHONG KASARIAN

Paniniwalain tayo ng ilan na ang paninindigan ng Simbahan laban sa mga pisikal na ugnayan ng magkaparehong kasarian ay pansamantalang patakarin lamang at hindi isang walang-hanggang doktrina. Ang gayong paniniwala ay hindi naaayon sa mga banal na kasulatan, sa mga salita ng mga makabagong propeta, at sa plano ng kaligtasan, na lahat ay pawang nagtuturo na kailangan ang walang-hanggang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae bilang kundisyon sa kadakilaan. Ang ugnayan ng magkaparehong kasarian ay hindi tugma sa walang-hanggang huwaran ng Diyos na hindi lamang magkaroon ng mga anak ang mga mag-asawa sa mortalidad kundi magkaroon din ng walang-hanggang pag-unlad sa kanilang dinakilang kalagayan.

Nauunawaan natin na lahat ay anak ng Diyos at narapat ituring na gayon. Lahat tayo ay may mga kakulangan, ang ilan ay hindi natin ginusto. Ngunit naniniwala rin tayo sa walang-hanggang Pagbabayad-sala na may kakayahan sa buhay na ito o sa kabilang-buhay na pagkalooban tayo ng lahat ng kapangyarihang kailangan para maging kalakasan ang ating mga kahinaan at kakulangan. Nangako sa atin ang Panginoon, “Sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila” (Eter 12:27).

Ang mga taong may inklinasyong makipagrelasyon sa kapareho nila ang kasarian ay may tungkuling (1) umiwas sa imoral na pakikipagrelasyon at (2) gawin ang lahat sa abot-kaya nila na makamit ang nakadadalisyay at nakasasakdal na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Gayunman, pansamantala, ang mga taong may inklinasyong makipagrelasyon sa kapareho nila ang kasarian ngunit hindi ito ginagawa ay karapat-dapat humawak ng mga katungkulan sa Simbahan at tumanggap ng temple recommend.³

MGA GALAMAY NG KAAWAY

Magbabahagi ako ngayon ng ilang tanda ng panganib na nauuna sa ilan sa mga kasalanang nabanggit ko. Sa ilang aspeto, si Satanas ay parang pugitang nagtatangkang bihagin tayo. Kung hindi gumagana ang isang galamay, subukan niyang gamitin ang isa pa at ang isa pa hanggang sa makakita siya ng galamay na makakabihag. Narito ang ilan sa mga galamay ng masama na nilayon upang labagin natin ang pamantayan ng Diyos ukol sa moralidad.

Pornograpiya

Nais ng Diyos na huwag panoorin ng Kanyang mga anak ang alinmang pelikula o palabas sa TV, magbukas ng alinmang website, o magbasa ng anumang magasin na may pornograpiya. Ang pornograpiya ay anumang retrato o salaysay na nagbibigay-kasiyahan sa pagnanasa ng tao. Ito ay *nagtataboy* sa Espiritu ng Panginoon.

Walang makapagsasabi na naloko siya ng mga epekto ng pornograpiya, sa paniniwalang may tinatawag na walang malisyang pagsulyap. Ito ay nakalalason, makamandag, at walang patawad na ahas na tutuklaw sa sandaling tumingin kayo sa unang pagkakataon at patuloy

na tutuklaw taglay ang lahat ng kamandag sa tuwing titingnin kayo pagkatapos niyon.

Kung pinahihirapan kayo ng sakit na ito, kailangan ninyong gawin ang lahat ng makakaya ninyo para labanan ito. Maaaring kailanganin ninyong magtapat, manalangin nang husto, mag-ayuno, magbasa ng mga banal na kasulatan, na gumagawa ng makabuluhang bagay sa halip na maging tamad, magtakda ng hangganan sa paggamit ng Internet, humingi ng payo sa mga propesyonal, at iba pang tulad nito, ngunit malalabanan ninyo ito. Darating ang punto na kailanganin ninyo ang matinding determinasyon—walang gamot o paraan ng pagpapayo na lulutas sa lahat ng adiksiyon.

Mahalay na Pananamit

Ang ating pananamit ay nakakaapekto hindi lamang sa ating isipan at pagkilos kundi maging sa isipan at pagkilos ng iba. Kaya nga, ipinayo ni Apostol Pablo na “ang mga babae ay [dapat] magsigayak ng mahinhing damit” (I Kay Timoteo 2:9).

Ang damit ng isang babae ay may malaking epekto sa isipan at damdamin ng mga lalaki. Kung masyadong mababa ang tabas ng leeg o napakaikli ng laylayan o hapit na hapit ang damit, maaari itong mag-udyok ng masasamang kaisipan, maging sa isipan ng isang binatilyong nagsisikap na maging dalisay.⁴

Anumang sadyang pinag-isipan o kusang ginawa na pumukaw o humantong sa paggamit ng kapangyarihang magkaanak ng lalaki at babaeng hindi kasal ay hindi sinasang-ayunan ng Panginoon.

Maaaring magmukhang matalino at sunod sa moda ang mga lalaki at babae, at maaari din naman silang maging disente. Maaaring manamit nang disente lalo na ang mga babae at makatutulong ito sa paggalang nila sa sarili at sa kadalisayang moral ng mga lalaki. Sa huli, karamihan sa kababaihan ay nagugustuhan ng mga lalaking gusto ang paraan ng kanilang pananamit.

Maruruming Kaisipan

May nagsabi, “Maaari ninyong pagmasdan ang paglipad ng mga ibon; huwag lang ninyo silang hayaang magpugad sa ulo ninyo.” Hindi mali o masama ang mapansin ang magandang dalagita o makisig na binitilyo sa kanyang pagdaan—normal iyan. Ngunit kung ang mga kaisipang iyan ay mauuwi sa pagnanasa, nagpupugad o tumitindi na ito.

Hindi natin maiiwasang makita ang lahat ng masasagwang billboard o taong mahalay ang suot, ngunit maaari nating itaboy ang mahalay na kaisipan kapag pumasok ito. Hindi kasalanan ang makakita ng masagwang bagay nang hindi sinasadya; ang kasalanan ay nasa pag-iisip tungkol dito kapag pumasok ito sa isipan. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan “Sapagka’t kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya” (Mga Kawikaan 23:7).

Ang totoo, mga kaisipan natin ang nagiging binhi ng ating mga ikinikilos. May kapangyarihan tayong kontrolin ang ating buhay at mga iniisip. Hindi maaaring magsabay sa ating isipan ang mabuti at masama tulad din ng hindi sabay na umiiral ang liwanag at dilim sa iisang lugar. Darating ang oras na kakailanganin nating magpasiya kung alin ang papapasukin natin.

Kung gugustuhin natin, maitataboy natin ang lahat ng masamang kaisipan at agad itong mapapalitan ng nagbibigay-inspirasyong awitin o tula o talata sa banal na kasulatan. Tulad ng pagtakas ng kadiliman sa presensya ng liwanag, tumatakas din ang kasamaan sa presensya ng kabutihan.

Mga Tagong Lugar at Nakatutuksong mga Kaibigan

May mga oras at lugar na gaano man tayo katatag ay nahihirapan tayong tumanggi o umiwas. Ang ilan sa pinakamabubuting kalalakihan at kababaihan na nasa pinakamahihirap na sitwasyon ay nagpatangay sa tukso. Nangyari ito kay Haring David nang pagmasdan niya si Bathsheba sa gabi, na noong una ay inakala niyang malayo pa siya sa tukso (tingnan sa II Samuel 11:2–4). Hindi dapat isipin ng sinuman sa atin na napakalakas natin o hindi tayo

matitinag. Ang mga tagong lugar, madidilim na gabi, at mahahalay na kaibigan ay napakalakas na impluwensya para mailapit tayo sa mga tukso ni Satanas.

Pangangatwiran

May dalawang pangangatwiran na madalas gamitin para ipagtanggol ang imoralidad. Ang una ay “Minahal ko siya.” Si Satanas ang dakilang manlilinlang. Pinipilit niyang kumbinsihin ang mga tao na ang pagnanasa ay pag-ibig. May isang simpleng pagsubok upang makita ang kaibhan. Ang pag-ibig ay nahihikayat ng pagpipigil sa sarili, pagsunod sa mga batas ng Diyos ukol sa moralidad, paggalang sa kapwa,

at pagiging di-makasarili. Sa kabilang banda, ang pagnanasa ay nahihikayat ng pagsuway, pagbibigay-kasiyahan sa sarili, at kawalan ng disiplina.

Ang pangalawang pangangatwiran ay “Walang makakaalam.” Pinawi ng Panginoon ang maling akalang iyan sa maraming pagkakataon. Sinabi niya, “Ang mga mapanghimagsik ay babagabagin ng labis na pighati; sapagkat ang kanilang mga kasamaan ay ipagsisigawan sa mga bubungan, *at ang kanilang mga lihim na gawain ay ihahayag*” (D at T 1:3; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Walang napakadilim na kabukiran o tagung-tagong sulok na hindi malalaman o matutuklasan ng sinuman. Malalaman ng Diyos, at malalaman ninyo kung nilalabag ninyo ang Kanyang batas ukol sa moralidad.

PAGSISISI

Kung nakagawa tayo ng kasalanang moral sa ating buhay, maaari tayong magsisi dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang una at pangunahing hakbang sa pamumuhay nang malinis ang moralidad para sa hinaharap ay pagsisihan ang nakaraang mga paglabag, palitan ang pundasyong buhangin ng pundasyong bato. Madalas iyang magsimula sa pagtatapat.

Gayunman, ang pagsisisi ay hindi lamang tungkol sa haba ng panahon o pagtalikod sa kasalanan o pagtatapat. Higit sa lahat, ang pagsisisi ay isang tapat na pagbabago ng puso, isang matinding pagpapasiya na mamuhay nang malinis ang moralidad—hindi dahil kailangan kundi dahil nais natin itong gawin.

Nilinaw ng Diyos na hindi natin maaaring labagin ang Kanyang mga pamantayan nang hindi pinagdurusan ang mga ibubunga nito, ngunit dahil hindi masukat ang Kanyang pagmamahal at habag, ibinigay Niya sa atin ang malaking pag-asang ito:

Ang pagnanasa ay nahihikayat ng pagsuway, pagbibigay-kasiyahan sa sarili, at kawalan ng disiplina.

“Sapagkat ako, ang Panginoon ay hindi makatitindingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang;

“*Gayon pa man, siya na nagsisisi* at sumusunod sa mga kautusan ng Panginoon *ay patatawarin*” (D at T 1:31–32; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa lahat ng tapat na kaluluwang binabago ang kaniyang puso at tinatalikuran ang kanilang mga kasalanan, nangako Siya, “Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe” (Isaias 1:18).

Gayunman, mas mabuti palagi ang manatiling malinis kaysa magkasala at magsisi pagkatapos. Bakit kaya? Dahil maaaring manatili ang ilang masasamang bunga ng kasalanan kahit matapos magsisi, tulad ng karamdaman o isang anak na isinilang sa mga magulang na hindi ikinasal o kaya’y kasiraan sa ating reputasyon. Ang ating mithiin sa buhay ay hindi lamang ang maging malinis kundi ang maging perpekto. Ang hangaring maging perpekto ay nag-iibayo kapag malinis tayo, subalit napipigil ito kapag hindi tayo malinis.

Itinuro ni Alma, “Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan” (Alma 41:10). Hindi tayo maaaring lumabag sa mga batas ng moralidad ng Diyos nang buong laya at lumigaya dahil naglagay ang Diyos, na lumikha sa atin, ng kamalayang moral sa ating kaluluwa na tinatawag na budhi. Anumang oras na labagin natin ang pamantayan ng Diyos ukol sa moralidad, gumagana ang budhing iyon—inuusig tayo nito, ipinadarama nito sa atin na nagkasala tayo at dapat tayong magsisi, at ito ay banal na saksi na nagpapatotoo sa katotohanan ng pamantayang iyon.

Maaari nating subukang balewalain at pigilin ito, ngunit hindi natin ito mata-takasan. Hindi

maaaring pawalang-saysay ang pamantayan ng Diyos ukol sa moralidad; hindi ito maaaring palabuin o ipagpalit; maaari lamang itong sundin o suwayin. Kalaunan ay lalabanan natin ito o kaya’y tatanggapin. Malaki ang epekto ng ating pasiya sa kaligayahan natin sa buhay.

MGA PAGPAPALA NG BUHAY NA MAY MORALIDAD

Napakarami ng mga pagpapala ng pamumuhay nang malinis at may moralidad. Ang gayong buhay ay magbibigay ng tiwala at pagpapahalaga sa sarili. Magbubunga ito ng malinis na budhi. Gagawin tayo nitong karapat-dapat

para sa isang asawang gayon din kadalisay at gagawing mas matamis at puno ng pagpapala ang paggamit ng kapang-yarihang magkaanak sa pagsasama ng mag-asawa dahil inilaan natin ito para sa panahong sinang-ayunan mismo ng Panginoon.

Dahil mahal na mahal tayo ng Panginoon at nais Niya tayong lumigaya, ipinahayag Niya ang Kanyang mga hangarin para sa Kanyang mga anak sa mga huling araw na ito: “Sapagkat ako ay magbabangon sa aking sarili ng mga dalisay na tao, na maglilingkod sa akin sa kabutihan” (D at T 100:16).

Nawa’y maging bahagi ng dalisay na henerasyong iyon ang bawat isa sa atin at tanggapin natin ang pamantayan ng Panginoon ukol sa moralidad. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Enero 22, 2013. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang web.byui.edu/devotionalsandspeeches.

MGA TALA

1. Tingnan sa Richard G. Scott, “The Power of Righteousness,” *Liahona*, Ene. 1999, 81.
2. Boyd K. Packer, *Para sa mga Kabataang Lalaki Lamang* (1976), 4, 5.
3. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 21.4.6.
4. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Pornograpiya,” *Liahona*, Mayo 2005, 90.

Ang pag-ibig ay nahihikayat ng pagpipigil sa sarili, pagsunod sa mga batas ng Diyos ukol sa moralidad, paggalang sa kapwa, at pagiging di-makasarili.



ALAM KO NA NGAYON NA MAYROONG DIYOS

Ilang taon na ang nakararaan naglingkod ako bilang temple worker sa Santiago Chile Temple. Minsan nang panggabi ang shift o duty ko nahirapan ako sa paghinga, kaya atubiling hiniling ko na makaalis nang maaga.

Habang naglalakad ako papunta sa istasyon ng tren, ipinagdasal ko na naroon na sana ang tren na sasakyan ko para makauwi na ako kaagad. Naisip ko na sinagot ang dalangin ko nang makita kong tumigil ang tren sa may riles. Ngunit habang papalapit ako, nakita kong nagmamadali ang tauhan ng tren na tulungan ang isang pasahero na posibleng inaatake sa puso. Naisip ko ang mga titik ng paborito kong himno: “Ako ba’y may kabutihang nagawa?”¹ Agad kong naisip na tumulong.

Nagmamadali akong pumunta sa pinagdalan ng tauhan sa binatilyo para hintayin ang ambulansya, at pinayagan nila akong manatili roon. Ipinagdasal kong malaman kung

ano ang gagawin at nagsumamo ako sa Ama sa Langit na iligtas ang buhay ng binatilyo. Ayaw ko siyang iwanang mag-isa at takot, kaya hinawakan ko ang kanyang kamay at sinikap na tulungan siyang manatiling mahinahon. Tiniyak ko sa kanya na tatagal pa ang buhay niya at na may layunin ang Diyos para sa kanya. Inalam ko ang numero ng telepono ng kanyang pamilya, tinawagan ko sila, at ipinaalam ko na papunta ng ospital ang anak nila at may kasama ito.

Pagdating ng mga paramedic, sinundan ko sila sa ambulansya. Nadama ko na dapat kong samahan ang binatilyo hanggang sa dumating ang kanyang pamilya. Nagulat ako dahil ipinasiya ng mga paramedic na dapat akong sumama sa kanila, kaya hawak ko ang kamay ng binatilyo hanggang sa ospital.

Hindi nagtagal pagdating namin, dinala na siya sa emergency room, at lumabas ako para abangan ang kanyang pamilya. Pagdating nila, humagulgol ang kanyang ina, niyakap ako, at sinabing natutuwaga siya na may

mabubuting tao pa rin sa mundo.

Pagkaraan ng isang linggo tinawagan ako ng binatilyo. Sinabi niya sa akin na sinabi ng mga doktor na ang pananatiling mahinahon ay napakahalaga noong panahong iyon bago siya nakarating sa ospital.

Hanggang sa araw na iyon, hindi siya naniniwala sa Diyos. Hindi ako nakapagsalita nang sabihin niyang, “Iniligtas ninyo ang buhay ko, at walang hanggan ang pasasalamat ko sa inyo! Alam ko na ngayon na mayroong Diyos.”

Nang lisanin ko ang templo nang maaga noong araw na iyon, inakay ako ng Espiritu sa tamang lugar at tamang oras. Nagpapasalamat ako sa ating Ama sa Langit sa paggabay at pagbibigay sa akin ng lakas ng loob na gawin ang sinasabi sa himno at huwag hayaang lumampas ang pagkakataon, kahit na ang tanging magagawa ko ay hawakan lamang ang kamay ng isang estranghero. ■

Carla Sofia Gavidia, Ontario, Canada

TALA

1. “Ako Ba’y May Kabutihang Nagawa?” *Mga Himno*, blg. 135.

Ayaw kong iwanang mag-isa at takot ang binatilyo, kaya hinawakan ko ang kanyang kamay at sinikap na tulungan siyang manatiling mahinahon.



AKO ANG NANGAILANGAN

Ilang taon na ang nakararaan pumarada ang isang lumang kotse sa aming meetinghouse. Pag-aari iyon ng isang amang walang asawa na may apat na anak. Naparoon siya para humingi ng tulong. Naghanap ang aming ward ng tirahan para sa kanila, at sinimulang dalhin ng ama ang kanyang pamilya sa simbahan.

Kung minsan ay malinis ang mga damit ng mga bata at kung minsan naman ay marumi, ngunit laging magulo ang buhok nila. Hindi namin alam kung gaano kabuhol at kagulo ito. Bawat linggo nagdadala ng pantanggal ng buhol at mga suklay ang Primary president. Inaayos niya at ng isang guro ang buhok ng mga bata bago mag-Primary.

Counselor ako noon sa Primary presidency, at humanga ako sa kakayahan ng dalawang sister na ito na yakapin ang marurungis na batang ito. Hindi ko magawang hawakan ang buhok nila, at inisip ko kung paano ito nagawa ng mga sister na ito. Sinikap kong huwag makonsiyensya sa pagsasabi sa sarili ko na makakatulong ako sa pagbabantay sa iba pang mga bata habang ginagawa iyon ng mga sister na ito.

Ang bunso sa pamilyang ito ay tatlong taong gulang. Hindi siya makapagsalita nang malinaw, ngunit sinikap niyang bumigkas ng malalakas na tunog kapag kumakanta kami. Ikinainis ko iyon.

Dahil madaling mainip ang tatlong-taong-gulang na mga bata, sinimulan kong kandungin ang batang ito para tulungan siyang makinig. Nginitian niya ako bilang pasasalamat, at nadama ko ang galak at pagmamahal ng Ama sa Langit sa marungis na batang ito—na Kanyang anak. Kalaunan,

hindi ko na inalintana ang dungs at paghawak ng suklay para ayusin ang kanyang magulong buhok. Naisip ko pa na masayang pakinggan ang pagsisikap niyang kumanta.

Makalipas ang ilang buwan ang ama ng mga bata ay umakyat sa pulpito para magpatotoo at nagpasalamat sa amin sa pagtulong

sa kanyang mga anak. Nang sumunod na linggo wala na ang pamilya.

Nagpapasalamat ako sa pagkakataong mapaglingkuran ang mga batang iyon. Pagdating nila, pakiramdam ko ay lubha silang nangangailangan, ngunit natuklasan ko na ako pala ang nangailangan sa kanila para tulungan akong magbago. ■

Diane Hatch, Arizona, USA

Kung minsan ay malinis ang mga damit ng mga bata at kung minsan naman ay marumi, ngunit laging magulo ang buhok nila.



ANG REGALO NG BISHOP KO SA AKING KAARAWAN

Sa kaarawan ko isang Linggo ng umaga, naghahanda kaming mag-asawa sa pagpunta sa simbahan nang tumunog ang telepono. Sinagot ko ito, at sinabi ng bishop, “Alam kong kaarawan mo ngayon, pero puwede ba tayong magkita sa opisina ko sa loob ng 30 minuto? Gusto kitang makausap.”

Nagtataka, nagmadali ako sa pagpunta sa simbahan.

Sa kanyang opisina, sabi ng bishop sa akin, “Sister Cruz, may regalo ako sa kaarawan mo. Tinatawag ka ng Panginoon na maglingkod bilang Young Women president. Tatanggapin mo ba ang tungkuling ito?” Natigilan ako, pero tinanggap ko ang tungkulin. Sinang-ayunan ako at itinalaga noong araw na iyon.

Pag-uwi ko pagkatapos mag-simba, naupo ako sa kama. Naisip ko ang bigat ng responsibilidad. Napaiyak ako at nakadama ng kakulangan sa gawain. Napakalaking responsibilidad ang gabayan ang mga dalagitang iyon! Nabinyagan ako noong 22 anyos ako at hindi pa ako nakadalo sa mga aktibidad ng Young Women kahit kailan. Paano ako magiging Young Women president?

Ginawa ko ang tanging alam kong gawin—lumuhod ako at humingi ng patnubay sa Ama sa Langit sa bagong tungkuling ito. Sa sandaling iyon nagkaroon ako ng karanasang hinding-hindi ko malilimutan. Habang iniisip ko ang bawat kabataang babae, naunawaan ko na bawat isa ay anak ng Ama sa Langit.

Bawat isa ay nangangailangan ng pangulo na magmamahal at makatutulong para maunawaan na mahal siya ng Diyos. Sa aking isipan nakita ko ang mga pangalan ng lahat ng di-gaanong aktibong kabataang babae (na hindi ko pa kilala), at naunawaan ko na mga anak din sila ng Ama sa Langit at kailangan ko silang bigyang-pansin. Nadama ko ang potensyal ng bawat isa.

Ang sumunod na mga buwan ay hindi naging madali. Sinikap kong mabuti na makilala ang bawat kabataang babae at maunawaan ang kanyang mga pangangailangan. Kasama ang mga aktibong kabataang babae, tinulungan ng aming panguluhan na magbalik-loob ang matatagal nang di-gaanong aktibo. Nakita ko ang kamay ng Panginoon sa gawain sa maraming paraan.

Nang ma-release ako sa aking tungkulin, nag-alala ako na baka mas marami pa akong dapat na nagawa. Pagkauwi ko, lumuhod ako at nagtanong sa Ama sa Langit kung naging katanggap-tanggap ang aking paglilingkod. Nakadama ako ng kasiyahan na Siya ay nalugod.

Ginunita ko ang kaarawang iyon na tatanggihan ko sana ang tungkulin dahil sa iba ko pang mga responsibilidad. Pero ako sana ang nawalan nang malaki kung hindi ko tinanggap ang tungkulin. Nawalan sana ako ng pagkakataon na matutong magpakumbaba, makaunawa, magpagsensya, at maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon. Pero higit sa lahat nabigo ko sana ang Panginoon sa tiwalang ibinigay Niya sa akin, at hindi ko sana nalaman na ang pagkakataong makapaglingkod ay isang kaloob. ■

Mariana Cruz, Rio de Janeiro, Brazil

Sabi ng bishop sa akin, “Sister Cruz, may regalo ako sa kaarawan mo.”



KAILANGAN NIYA NG PAGMAMAHAL

Hindi ako isang tinedyer na tagalang kahanga-hanga at hindi ako gaanong naglilingkod sa iba. Sa panahong ito niyaya ako ng aking ina na samahan siyang bisitahin ang aking tiya-sa-tuhod sa isang bahay-kalinga.

Sinamahan kami ng pinsan ko at ng kanyang anak na si Stephanie sa pagbisitang ito. Si Stephanie ay pito o walong taong gulang noon. Habang naglalakad kami papunta sa bahay-kalinga, kinawayan niya ang lahat ng taong nakita niya. Sumaya sila na para bang namimigay siya ng sikat ng araw at bahaghari. Sa kabilang banda, iniwasan ko namang tingnan sila sa mata.

Pagpasok namin sa kuwartong kinaroroonan ng aking tiya at ng isa pang matandang babae, ginawa ko ang lahat para hindi ako mapansin. Pero si Stephanie ay agad na naupo sa tabi ng kama ng tita ko at sinimulang kuwentuhan ito.

May napansin ako sa kuwarto. Sa kinalalagyan ng tiya ko ay may mga tanda ng pagmamahal at pamilya. May nakasabit na mga larawan at drowing sa krayola sa dingding, at may palamuting mga bulaklak sa mesa sa tabi ng kama. Ang kabilang bahagi ng kuwarto ay malinis at walang dekorasyon. Walang mga palatandaan na may bumibisita; walang mga kard o larawang nakasabit sa dingding.

Nakaupong mag-isa sa wheelchair ang kasama ng tita ko sa kuwarto at hindi pinansin ang aming pagdating. Humihimig ang babae at tinutuktok ang mga patungan ng kamay sa kanyang wheelchair, kaya hindi ako mapakali.

Hinila ni Stephanie sa braso ang kanyang ina at itinanong, "Inay, ano po ang nangyayari sa matandang iyon?" Yumukod ang ina ni Stephanie at bumulong, "Kailangan niya ng pagmamahal." Hindi ko inaasahan ang sumunod na nangyari.

Walang pag-aatubiling tumakbo si Stephanie at kumandong sa matanda. Pagkatapos ay nagsimula siyang magkuwento at nagtanong nang nagtanong. Hindi sumagot ang matanda. Sa halip, dumaloy ang mga luha sa kanyang pisngi nang yakapin niya si Stephanie. Nang sumunod na ilang minuto, nakakandong si Stephanie sa kanya, hinahagod ang kanyang buhok at hinahagkan ang kanyang pisngi.

Noon ko lang nasaksihan ang gantong uri ng di-makasaring pagmamahal, at sinikap kong itago ang aking mga luha. Kalaunan, nang lisanin namin ang bahay-kalinga, namangha ako na sa murang edad ni Stephanie nagawa niyang maging di-makasarili at mapuno ng pagmamahal at pagkahabag sa isang taong hindi niya kilala.

Kalaunan ay lubos kong binago ang buhay ko at nagmision ako. Habang

nasa misyon ako, sinulatan ako ni Stephanie ng nakakatuwang mga liham na kinabilangan ng mga drowing na tulad ng nasa kuwarto ng tiya ko sa bahay-kalinga.

Bago ako umuwi, natanggap ko ang nakapanlulumong balita na biniwian na ng buhay si Stephanie dahil sa isang karamdaman. Iniiyakan ko pa rin ang kanyang maagang pagpanaw, ngunit pinasasalamatan ko ang kanyang magandang halimbawa hanggang ngayon. Itinuro niya sa akin kung ano talaga ang paglilingkod.

Hindi natin kailangang isipin kailanman kung paano o kung dapat tayong maglingkod. Kung mabuti ang layunin ng ating puso, magiging bahagi ng ating pagkatao ang paglilingkod, hindi lamang ng ating ginagawa. ■
Jay McFarland, Utah, USA

Hinila ni Stephanie sa braso ang kanyang ina at itinanong, "Inay, ano po ang nangyayari sa matandang iyon?"



Pag-anyaya sa Tagumpay

Ni Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan

Ang pagbabahagi ng ebanghelyo kadalasan ay kasingsimple ang pag-anyaya, pagtatanong, o pagsali sa usapan. Habang iniha-handa natin ang ating puso na ibahagi ang ebanghelyo, gagabayan tayo ng Panginoon sa mga taong handa nang makinig dito.

“[Ang Panginoon] ay naghanda ng maraming paraan para maibahagi natin ang ebanghelyo, at tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsisikap kung gagawin natin nang may pananampalataya ang Kanyang gawain,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2013.¹ Narito ang ilang halimbawa.



Nakita ko si Harley na dala-dala ang bisikleta kong nanakaw. “Kailangan kitang tanungin kung saan mo iyan nakuha,” sabi ko.
– Nick Barton

Sa simpleng pagtatanong sa iba kung interesado sila sa ebanghelyo, maaari kayong makibahagi sa pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan.

Bawiin ang Bisikleta

Nang lumipat si Nick Barton at ang kanyang asawang si Morgan sa Arizona, USA, kung saan mag-aaral si Nick sa law school, sinimulan nilang ipagdasal na magkaroon sila ng mga pagkakataon para sa gawaing misyonero. “Hiniling namin sa Ama sa Langit na tulungan kaming maging mas sensitibo sa mga ipinadarama ng Espiritu Santo at magkaroon ng sapat na lakas ng loob na kumilos,” sabi ni Nick.

Isang Sabado, kinailangan ni Morgan ang kanilang kotse sa trabaho, kaya nagbisikleta si Nick papunta sa kampus. Gayunman, nang oras na para umuwi, wala na ang bisikleta.

“Sadyang karaniwan na ang pagnanakaw ng mga bisikleta kaya’t nagtatanong ang pulis kung mayroon bang anumang bagay na makatutulong upang matukoy ito. Naalala ko na may idinikit si Morgan na label sa hawakan na nagsasabing, ‘Mahal Kita.’”

Muling nanalangin si Nick. “Hiniling ko na may matutuhan ako sa sitwasyong iyon,” sabi niya. Pagkatapos ay sumakay siya ng tren para malapit na lang siya sa bahay nila bago niya tawagan ang kanyang asawa para sunduin siya.

“Sa sumunod na istasyon ng tren, nakita kong sumakay sa tren ang isang malaking lalaki na nakasumbrero nang pabaligtad, na dala ang bisikleta ko! Nakita ko ang ‘Mahal Kita’ sa hawakan nito, kaya’t nalaman kong akin iyon,” sabi ni Nick. Tinapik niya sa balikat ang lalaki.

“Sabi ko, ‘Kailangan kitang tanungin kung saan mo nakuha ang bisikletang iyan.’ Sumagot siya, ‘Sa



isang yard sale sa tabi ng kalsada.’” Ipinaliwanag ni Nick na ninakaw ang kanyang bisikleta. Sumagot ang binata na hindi siya magnanakaw at na maaaring bawiin ni Nick ang bisikleta.

“Pinasalamatan ko siya at sinabi ko na patatawagin ko sa kanya ang pulis para maimbestigahan ang ‘yard sale,’ sabi ni Nick. “Sinabi niya sa akin na Harley ang pangalan niya at ibinigay sa akin ang numero ng kanyang telepono. Sinabi ko sa kanya na makikihati ako sa halagang ibinayad niya, yamang kapwa kami nabiktima, at naglakad na ako palayo sa tren na natutuwang naibalik ang bisikleta ko.”

Ngunit simula pa lamang iyon.

“Dahil gusto kong malaman ang nangyari, tinawagan ko si Harley kinabukasan. Sinabi niya na nag-iimbestiga na ang mga pulis. Pagkatapos ay itinanong niya kung gusto naming mag-asawa na maglibang sa hapong iyon. Natanto ko na gusto niyang makipagkaibigan.

“Dahil araw ng Linggo, sinabi ko sa kanya na magsisimba kami pero matutuwa kaming makipagkita sa kanya sa ibang araw. Nang ibaba ko ang telepono, naisip ko na malinaw na pagkakataon ito para sa gawaing misyonero. Tinawagan ko siya ulit at itinanong kung interesado siyang sumama sa amin sa simbahan. Pumayag siya! Dumalo siya sa lahat ng pulong at ipinaalam sa akin pagkatapos na nadama niya na parang nagsasalita nang tuwiran sa kanya ang mga tagapagsalita at guro.

“Nasa ibang bansa ang pamilya ni Harley at di-nagtagal ay nagpunta siya roon matapos kaming magkita,” sabi ni Nick. “Pero naging kaibigan namin siya, iginalang niya ang Simbahan, at muli niyang natiyak na




nagmamalasakit sa kanya ang Ama sa Langit.”

Kausapin ang Technician

“Isang araw, matapos makinig sa isang mensahe sa kumperensya, nadama ko na kailangan kong kausapin ang pharmacy technician sa tindahan,” sabi ni Hannah Rawhouser, na mula rin sa Arizona. “Sabi ng tinig sa aking isipan, ‘Mabuti siyang tao. Kailangan mo siyang anyayahan sa isang aktibidad sa Simbahan.’”

Nang muling magdaan sa drive-through si Hannah, hinanap niya ito, pero wala ito roon. Gayunpaman, patuloy pa rin ang panghihikayat ng Espiritu.

“Makalipas ang ilang linggo, dumaan akong muli sa drive-through,



“Nagsisimba ka ba?” tanong ko. Sumagot si Greg ng “Oo.” Iniabot ko sa kanya ang aking business card. “Tawagan mo ako,” sabi ko.
– Hannah Rawhouser



na si Elder Eiselin bilang missionary sa Montana, USA.

Tanungin ang Elevator Operator

Sa edad na 26, si Robert G. Ellis Jr. ay nagtatrabaho noon bilang pulis sa gusali ng opisina ng Senado sa Washington, D.C., USA.

“Maraming oras kong pinag-iisipan ang natutuhan ko tungkol kay Jesus,” paggunita niya. “Hindi dumadalo noon ang tatay at nanay ko sa alin-mang simbahan, pero pinayagan nila akong magsimba, at nasiyahan akong dumalo sa mahigit isang dosenang sekta ng relihiyon.” Noong siya ay bagong kasal na young adult, nadama niya na dapat siyang mabinyagan—pero sa aling simbahan?

“Nagulumihanang ang aking espi-ritu. Gusto kong makahanap ng simbhang tapat sa mga turo ni Cristo. Sinasabi ng mga tao na lahat ng simbahan ay Simbahan ng Panginoon, pero hindi sila nag-aatubiling sabihin na mali ang ibang sekta. Nagdasal ako, ‘Gusto kong magpabinyag, pero hindi ko alam kung aling simbahan ang sasapian ko.’”

Naaalala ang sinabi ni Jesucristo, “Magsihingi kayo, at kayo’y bibigyan” (Mateo 7:7), patuloy na nagsumamo si Robert. Isang araw habang nasa trabaho, muling nabagabag si Robert, at napaiyak siya.

“Nakadama ako ng takot at hindi ko alam kung tama o mali ang mga naiisip ko. Pagkatapos ay nakadama ako ng kapayapaan. Hindi lubos na nauunawaan kung bakit ko iyon ginagawa, lumapit ako sa isang elevator operator at nagtanong, ‘Anong simbahan ang kinabibilangan mo?’”

Ang elevator operator ay si Norman Maxfield, isang returned missionary na nag-aaral sa Georgetown University.



at naroon na siya. Dahil alam ko na sandali lang ako roon, agad kong sinabi ang pakay ko. ‘Nagsisimba ka ba?’ tanong ko. Natigilan siya at saka nagsabing “Oo.” Iniabot ko sa kanya ang aking business card. ‘Tawagan mo lang ako,’ sabi ko at umalis na ako. ‘Ginawa ko na ang bahagi ko,’ naisip ko. ‘Ngayon ay hindi na ako makokonsiyensya.’”

Laking gulat niya nang tumawag ang lalaki kinabukasan at nagpakilala na siya si Greg Eiselin. “Sinabi niya sa akin kalaunan na, dahil pareho kami ng bata pa at walang asawa, akala niya ay gusto kong makipagdeyt sa kanya,” sabi niya. “Pero nauwi ang usapan namin sa relihiyon na tumagal nang tatlong oras, at sinimulan niyang alamin ang tungkol sa Simbahan.” Ngayon ay naglilingkod

**“Ano ba ang pinaniniwalaan mo?”
tanong sa akin ni Norman.**

**“Si Jesucristo,” buong pagmamalaki
kong sagot.**

– Robert G. Ellis Jr.

“Tumingala siya mula sa pagbabasa ng ilang aklat. Halatang nagulat siya. Sabi niya, ‘Mormon ako. Bakit po?’

“Sabi ko, ‘Gusto kong magpabin-yag, pero hindi ko alam kung aling simbahan ang sasapian ko.’

“Tanong niya, ‘Ano ba ang pinani-niwalaan mo?’

“‘Si Jesucristo,’ buong pagmamalaki kong sagot.

“Tanong niya, ‘Maaari ba kitang kuwentuhan tungkol sa simbahan ko, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?’ Nang sabihin niya sa akin na ang Simbahan ni Cristo ay ipinanumbalik na sa lupa, alam ko na nasagot na ang aking mga dalangin. Napakaganda ng pakiram-dam ko.”

Noong 1977 iyon. Ngayon miyembro na ng Simbahan sina Brother at Sister Ellis sa Virginia, USA.

Umasa sa Panginoon

Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol na “kapag tumatayo tayo bilang ‘mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay’ (Mosias 18:9), magbubukas ang Panginoon ng mga daan upang makakita at magkaroon tayo ng pagkakataong makausap ang mga naghahanap na iyon. Darating ito kapag naghahangad tayo ng patnubay at kumikilos dahil sa tunay at mala-Cristong pagmamahal sa iba.”²

Sina Nick, Hannah, Greg, Robert, at Norman ay sasang-ayong lahat na totoo ang sinabi niya. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2013, 4.
2. Dallin H. Oaks, “Pagbabahagi ng Ebanghelyo,” *Liahona*, Ene. 2002, 8.
3. Russell M. Nelson, “Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!” *Liahona*, Nob. 2012, 18–21.

SAMPUNG MUNGKAHI PARA SA PAGBABAHAGI

Maraming paraan para maanyayahan ang mga tao na malaman ang tungkol sa ebanghelyo. Narito ang 10 mungkahi para makapagsimula kayo.

1. *Simulang makipag-usap.*

Habang kayo ay nagkikilalanang, natural lamang na ipaalam sa mga tao na miyembro kayo ng Simbahan. Ang mga simpleng pahayag na tulad ng, “Ako ay isang Banal sa mga Huling Araw, pero kilala kami ng maraming tao bilang mga Mormon,” ay maaaring magbukas ng pagkakataon.

2. *Makipag-usap habang naglalakbay.*

Kausapin ang mga kapwa manlalakbay sa bus o eroplano o mga pamilyang nakikilala ninyo sa mga bakasyunan. Nakaugalian na ng isang lalaki na tanungin ang mga drayber ng taxi tungkol sa kanilang pamilya at pagkatapos ay talakayin ang family home evening.

3. *Pasangguniin ang mga kaibigan sa Mormon.org.*

Ang website na ito ay magandang sanggunian ng mga taong hindi pamilyar sa Simbahan upang mas malaman pa ang tungkol dito.

4. *Anyayahan ang inyong mga kaibigan na makipag-chat sa mga full-time missionary online o nang personal.*

Sa Mormon.org, maaaring makipag-usap ang mga tao sa mga missionary. At siyempre maaari ninyong ipakilala ang mga tao sa mga elder o sister sa inyong lugar.

5. *Gumamit ng social media.*

Ang Simbahan ay naglalaan ng maraming pagkakataon para mag-like o mag-share ng content online, kabilang na ang mga Internet meme, siping-banggit,

at video. Sa mga Hashtag (isang salita o grupo ng mga salitang may tag na #) masusundan ng mga tao ang mga pag-uusap sa web tungkol sa Simbahan.

6. *Magbahagi ng mga video.*

Maging pamilyar sa mga video sa Mormon.org at biblevideos.lds.org. Panoorin ang mga ito kasama ang mga kaibigan o i-share ang mga link. Banggitin din ang Mormon Messages, na nagbibigay ng mga sagot na puno ng inspirasyon sa mga tanong sa buhay.

7. *Magbahagi ng mga card at poster.*

Sa mga pass-along card at poster maibabahagi ninyo ang nagbibigay-inspirasyong mga ideya (tingnan ang mga card sa pahina 71 ng *Liahona* ng Oktubre 2013 bilang halimbawa).

8. *Tanungin ang mga missionary.*

Anyayahan ang inyong mga kaibigan na basahin ang “Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!” ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol.³

9. *Dumalo sa isang temple open house.*

Ipaalam sa mga tao ang tungkol sa napakagandang pagkakataon na dumalo sa open house bago ilaan ang templo. Mag-alok na samahan sila.

10. *Tulungan ang mga taong nagbabalik-loob.*

Ang mga home teacher at visiting teacher ay may malaking oportunidad na maging mga missionary sa digaanong aktibong mga miyembro, na maaaring may kakilalang mga tao na handang tanggapin ang ebanghelyo.



**Ni Elder
Richard G. Scott**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

PAGPAPAHILOM

NG MALALALIM NA SUGAT NG PANG-AABUSO

Maaari kayong maiwang sugatan ng pang-aabuso, ngunit ang mga sugat na iyon ay hindi kailangang maging permanente.

Nangungusap ako mula sa kaibuturan ng aking puso sa bawat isa sa inyo na nasugatan sa kasamaan ng pagkakasalang pang-aabuso.

Maliban kung pinaghilom ng Panginoon, ang mental, pisikal, o seksuwal na pang-aabuso ay maaaring ma-kaapekto sa inyo nang malubha at sa napakatagal na panahon. Bilang biktima naranasan na ninyo ang ilan sa mga ito. Kabilang dito ang pangamba, kalungkutan, kasalanan, pagkamuhi sa sarili, pagkawala ng pagpapahalaga sa sarili, at paglayo sa normal na pakikipag-ugnayan ng mga tao. Kapag pinalala ng patuloy na pang-aabuso, nakakaramdam kayo ng mas matinding paghihimagsik, galit, at pagkamuhi. Ang mga damdaming ito ay kadalasang laban sa sarili, sa iba, sa buhay mismo, at maging sa Ama sa Langit. Ang bigong pagtatangkang makaganti ay maaaring mauwi sa pagkalulong sa droga, imoralidad, pag-iwan sa pamilya, at, ang pinakamalungkot, sa pagpapakamatay. Kung hindi itatama, ang mga damdaming ito ay hahantong sa kawalang-pag-asa, di-pagkakasundo ng mag-asawa, at ang dating biktima ay magiging taga-abuso. Ang isang kakila-kilabot na resulta ay ang tumitinding kawalan ng tiwala sa iba, na nagiging hadlang sa paggaling.

Para matulungan, kailangan ninyong maunawaan ang ilang bagay tungkol sa walang-hanggang batas.

Ang pang-aabuso sa inyo ay resulta ng masamang pagwasak ng ibang tao sa inyong kalayaan. Dahil nagtatamasa ng kalayaan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit, maaaring may ilan na pinipiling sadyang labagin ang mga utos at saktan kayo. Pansamantalang nililimitahan ng gayong

mga kilos ang inyong kalayaan. Sa katarungan, at para matumbasan, naglaan ng paraan ang Panginoon para madaig ninyo ang mga mapanirang epektong ginawa ng iba na labag sa inyong kalooban. Ang tulong na iyan ay nagmumula sa pamumuhay ng mga walang-hanggang katotohanan sa tulong ng priesthood.

Dapat ninyong malaman na ang masamang pagpili ng iba ay hindi lubusang sisira sa inyong kalayaan maliban kung payagan ninyo. Maaaring magdulot ng sakit, dalamhati, maging ng pisikal na kapahamakan ang kanilang mga ginawa, ngunit hindi nila kayang sirain ang inyong walang-hanggang potensyal sa maikli ngunit mahalagang buhay na ito sa lupa. Kailangan ninyong maunawaan na *malaya kayong magpasayang daigin ang mapaminsalang mga epekto ng pang-aabuso*. Makontrol ng inyong pag-uugali ang nakabubuting pagbabago sa inyong buhay. Tinutulungan kayo nitong tumanggap ng tulong na nilayon ng Panginoon na ibigay sa inyo. Walang sinumang makapag-aalis sa inyo ng mga pagkakataong lubha ninyong kailangan kapag naunawaan at naipamuhay ninyo ang mga walang-hanggang batas. Ginaawang posible ng mga batas ng inyong Ama sa Langit at ng Pagbabayad-sala ng Panginoon na hindi kayo manakawan ng mga pagkakataong dumarating sa mga anak ng Diyos.

Maaari kayong makadama ng takot sa isang taong makapangyarihan o may kontrol sa inyo. Maaari ninyong madama na nabitag kayo at hindi na kayo makatakas. Maniwala sana na ayaw ng *inyong Ama sa Langit na mabihag kayo ng masamang impluwensya, ng takot na baka paghigantihan kayo, o matakot sa masamang epekto nito sa kapamilyang nang-aabuso sa inyo*. Magtiwala na aakayin kayo ng Panginoon sa isang solusyon. Humiling nang may pananampalataya,

nang walang pag-aalinlangan. (Tingnan sa Santiago 1:6; Enos 1:15; Moroni 7:26; D at T 8:10; 18:18.)

Taimtim kong pinatotohanan na kapag lubha kayong nasaktan sa karahasan, kabuktutan, o pang-aabuso ng sariling kadugo, nang labag sa inyong kalooban, hindi kayo mananagot at hindi kayo kailangang makonsiyensya. Maaari kayong masugatan ng pang-aabuso, ngunit ang mga sugat na iyon ay hindi kailang maging permanente. Sa walang hanggang plano, sa panahon ng Panginoon, maitatama ang mga pinsalang iyon kapag ginawa ninyo ang inyong bahagi. Narito ang magagawa ninyo ngayon.

Humingi ng Tulong

Kung inaabuso kayo ngayon o ina-buso noon, humingi na ng tulong ngayon. Marahil wala kayong tiwala sa iba at nadarama ninyo na walang maaasahang tulong kahit saan. Magsimula sa inyong Amang Walang Hanggan at sa Kanyang pinakamamahal na Anak, na inyong Tagapagligtas. Sikaping unawain ang Kanilang mga utos at sundin ang mga ito. Aakayin nila Kayo sa iba pa na magpapalakas at maghikayat sa inyo. Mayroon kayong lider ng priesthood, na karaniwan ay isang bishop, o kung minsan ay miyembro ng stake presidency. Makagagawa sila ng paraan upang higit kayong makaunawa at gumaling. Itinuro ni Joseph Smith: “Walang magagawa ang tao para sa kanyang sarili maliban kung patnubayan siya ng Diyos sa tamang daan; at iyan ang layunin ng priesthood” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 128).

Kausapin nang may tiwala ang inyong bishop o branch president. Dahil sa kanyang tungkulin kumikilos siya bilang kasangkapan ng Panginoon para sa inyo. Makapagbibigay siya ng isang pundasyong ayon sa doktrina

na gagabay sa inyong paggaling. Ang pag-unawa at pagsasabuhay ng walang-hanggang batas ay magpapagaling sa inyo. Siya ay may karapatang tumanggap ng inspirasyon mula sa Panginoon para sa inyong kapakanan. Magagamit niya ang priesthood upang basbasan kayo.

Matutulungan kayo ng inyong bishop na tukuyin ang mapagkakatiwalaang mga kaibigan na susuporta sa inyo. Tutulungan niya kayong maibalik ang tiwala at pagpapahalaga ninyo sa inyong sarili upang masimulan ang proseso ng pagbabago. Kapag matindi ang pang-aabuso, matutulungan niya kayong tukuyin ang angkop na proteksyon at pagpapagamot sa mga propesyonal na naaayon sa mga turo ng Tagapagligtas.

Mga Alituntunin ng Paggaling

Narito ang ilan sa mga alituntunin ng paggaling na mauunawaan ninyo nang mas lubusan:

Unawain na kayo ay pinakamamahal na anak ng inyong Ama sa Langit. Lubos ang pagmamahal Niya sa inyo at matutulungan kayo nang higit kaysa makakaya ng inyong magulang, asawa, o tapat na kaibigan. Ibinigay ng Kanyang Anak ang Kanyang buhay upang sa pananalig sa Kanya at pag-sunod sa Kanyang mga turo, kayo ay gumaling. Siya ang ganap o perpektong tagapagpagaling.

Magtiwala sa pagmamahal at habag ng inyong nakatatandang kapatid na si Jesucristo sa pamamagitan ng pagninilay sa mga banal na kasulatan. Tulad sa mga Nephi, sinasabi Niya sa inyo, “Ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa. . . . Nakikita ko na sapat ang inyong pananampalataya upang kayo ay pagalingin ko” (3 Nephi 17:7–8).

Higit na nagsisimula ang paggaling sa taimtin na pagdarasal at paghingi ninyo ng tulong sa inyong Ama sa



Langit. Ang paggamit ng inyong kalayaan ay nagtutulot sa langit na tulungan kayo. Kapag itinulot ninyo ito, palalambutin ng pagmamahal ng Tagapagligtas ang inyong puso at puputulin Niya ang paulit-ulit na pang-aabuso na maaaring humantong sa pang-aabuso ng dating biktima. Ang paghihirap, kahit sadyang ginawa ng di-mapigil na pagnanasa ng iba, ay maaaring pagmulan ng pag-unlad kapag tiningnan ayon sa pananaw ng walang hanggang alituntunin (tingnan sa D at T 122:7).

Bilang biktima, huwag magsayang ng panahon na paghigantihan o parusahan ang nang-abuso sa inyo. Magtuon sa inyong responsibilidad na gawin ang lahat ng makakaya ninyo para itama ang mga bagay-bagay. Ipaubaya sa mga maykapangyarihan sa pamahalaan at sa Simbahan ang pagpaparusa sa maysala. Anuman ang gawin nila, sa huli ay haharap ang may kasalanan sa Sakdal na Hukom. Sa huli, ang hindi nagsising mang-aabuso ay parurusahan ng makatarungang Diyos. Ang mga maninila na nambibiktima ng walang-malay at pinangangatwiran ang tiwali nilang buhay sa pag-akit sa iba na sundin ang kanilang masasamang paraan ay pananagutin. Nagbabala ang Panginoon sa mga tulad nila: “Datapuwa’t sinomang magbigay ng ikatitissod sa isa sa maliliit na ito na nagsisisampalataya sa akin, ay may pakikinabangin pa siya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking batong gilingan, at siya’y ilubog sa kailaliman ng dagat” (Mateo 18:6).

Unawain na ang pagpapagaling ay maaaring abutin ng mahabang panahon. Ang paggaling ay karaniwang nangyayari nang paunti-unti. Bumibilis iyon kapag nagpapasalamat sa Panginoon para sa bawat kaunting napansing pagbabago.

Kapatawaran

Sa matagal na paggaling mula sa maselang operasyon, matiyagang hinihintay ng pasyente ang lubos na paggaling, na nagtitiwala sa pangangalaga ng iba. Hindi niya laging nauunawaan ang kahalagahan ng panggagamot na iminungkahi, ngunit bumibilis ang kanyang paggaling kapag sumusunod siya. Ganito rin sa inyo na nagsisikap na gumaling sa mga sugat ng pang-aabuso. Ang kapatawaran, halimbawa, ay maaaring mahirap unawain, at mas mahirap pang ibigay. *Magsimula sa pagpipigil na manghusga.* Hindi ninyo alam kung ano ang maaaring dinanas na hirap ng mga mang-aabuso noong sila pa ang mga inaabuso. Ang

daan tungo sa pagsisisi ay kailangang manatiling bukas para sa kanila. Ipaubaya sa iba ang pagpaparusa sa mga mang-aabuso. Kapag naranasan ninyong gumaan ang sarili ninyong pasakit, mas madaling darating ang lubos na kapatawaran.

Hindi ninyo malilimutan ang nang-yari, ngunit maaari kayong magpatawad (tingnan sa D at T 64:10). Ang pagpapatawad ay nagpapahilom ng napakasakit at malalalim na sugat, dahil tinutulutan nitong pawiin ng pagmamahal ng Diyos ang galit sa inyong puso't isipan. Inaalis nito sa inyong isipan ang hangaring maghiganti. Nagbibigay-puwang ito sa nagpapadalay, nagpapagaling, at nagpapalakas na pagmamahal ng Panginoon.

Ipinayo ng Panginoon, “Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo sila na sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti sila na napopoot sa inyo, at ipanalangin ninyo sila na *may masamang hangarin sa paggamit sa inyo at umuusig sa inyo*” (3 Nephi 12:44; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang hinanakit at poot ay nakapinsala. Nagbubunga ito ng labis na kapahamakan. Ipinagpapaliban nito ang ginhawa at pagpapagaling na kinasasabikan ninyo. Sa pamamagitan ng pangangatwiran at awa sa sarili, gagawin nitong mang-aabuso ang isang dating biktima. Hayaang ang Diyos ang humatol—hindi ninyo magagawa ito nang kasinghusay Niya.

Ang mapayuhan na kalimutan na lang ang pang-aabuso ay hindi makatutulong. Kailangan ninyong maunawaan ang mga alituntuning maghahatid ng pagpapagaling. Ang paghilom ay maaaring magsimula sa isang maalalahaning bishop o stake president o mahusay na propesyonal na tagapayo. Kung nabali ang binti ninyo, hindi kayo magpapasiyang ituwid itong mag-isa. Makahihingi rin ng tulong sa mga propesyonal ang nakaranas ng matinding pang-aabuso. Maraming paraan para masimulan ang paggaling, ngunit tandaan na ang ganap na lunas ay nagmumula sa Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, ang ating Panginoon at Manunubos.

Manampalataya na kaakibat ng inyong pagsisikap, ang Kanyang perpekto, walang-hanggang Pagbabayad-sala ay mapaghihilom ang inyong pagdurusa.

Imposible man sa inyo ngayon, darating ang panahon na dahil sa paghilom na matatanggap ninyo mula sa Tagapagligtas ay tunay ninyong mapapatawad ang nang-abuso. Kapag napatawad ninyo ang nagkasala, luluwag ang dibdib ninyo at mawawala ang sama ng loob na nais ni Satanas na manatili sa inyong buhay sa pamamagitan ng paghikayat sa inyo na kamuhian ang nang-abuso. Bunga nito, makadarama kayo ng higit na kapayapaan. Bagama't mahalagang bahagi ng pagpapagaling, kung mas pinahirapan kayo ng kaisipan na magpatawad, isantabi iyan hanggang sa mas maranasan ninyo ang kapangyarihang magpagaling ng Tagapagligtas sa sarili ninyong buhay.

Mag-ingat

Pinapaalalahanan ko kayo na huwag makibahagi sa dalawang masasamang klase ng therapy na mas magpapahamak sa inyo kaysa makakabuti. Ang mga ito ay: Sobrang pag-ungkat sa bawat maliit na detalye ng inyong nakaraang mga karanasan, lalo na kapag may malalalim at detalyadong talakayan sa grupo; at paninisi sa nang-abuso sa bawat paghihirap na dinaranas ninyo sa buhay.

Ang pagpapagaling sa pinsalang ipinadanas ng nang-abuso ay dapat gawin nang lihim at pribado sa isang lider ng priesthood na mapagkakatiwalaan at, kung kailangan, sa kwalipikadong propesyonal na inirekomenda niya. Kailangang may sapat na talakayan tungkol sa karaniwang uri ng pang-aabuso para mabigyan kayo ng angkop na payo at hindi na makagawa ng iba pang karahasan ang nang-abuso. Pagkatapos, sa tulong ng Panginoon, ibaon sa limot ang nakaraan.

Mapagpakumbaba kong pinatotohanan na ang sinabi ko sa inyo ay totoo. Ito ay batay sa mga walang-hanggang alituntunin na nakita kong ginamit ng Panginoon para maibigay ang ganap na kagandahan ng buhay sa mga taong nasugatan ng masamang pang-aabuso.

Kung pakiramdam ninyo ay napakaliit ng pag-asa, maniwala kayo, hindi iyon maliit. Maaaring iyon ay ang walang-patid na kaugnayan sa Panginoon, na nagligligtas sa inyong buhay. Pagagalingin Niya kayo kapag hindi na kayo takot at nagtiwala kayo sa Kanya sa pagsisikap na ipamuhay ang Kanyang mga turo.

Hilingin ngayon na tulungan kayo ng Panginoon (tingnan sa Mormon 9:27; Moroni 7:26, 33). Magpasiya ngayon na kausapin ang inyong bishop. Huwag ninyong tingnan ang lahat ng karanasan ninyo sa buhay na nadidiliman ng mga sugat na dulot ng pang-aabuso. Napakaraming magagandang bagay sa buhay. Buksan ang mga dungawan ng inyong puso at papasukin ang pagmamahal ng Tagapagligtas. At kapag nagbalik sa inyong isipan ang nakaraang masasamang pang-aabuso, alalahanin ang Kanyang pagmamahal at kapangyarihang magpagaling. Ang inyong kalungkutan ay magiging kapayapaan at katiyakan. Isasara ninyo ang isang pangit na kabanata at bubuksan ang mga aklat ng kaligayahan. ■

Para malaman ang iba pa tungkol sa pagpapagaling na maipagkakaloob ng Manunubos, tingnan sa Elder Richard G. Scott, sa “To Be Healed,” sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1994 sa conference.lds.org.

Mula sa mga mensahe ni Elder Scott sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1992 at Abril 2008. Pinagpare-pareho ang pagpapalaki ng mga titik at pagbabantas.



DALISAY NA MGA PUSO at MALILINIS NA KATAWAN

Iniutos ng Panginoon, “Ihanda ang inyong sarili, ... oo, dalisayin ang inyong mga puso ... upang akin kayong gawing malinis” (D at T 88:74).

Kayong mga kabataan ay lumalaki sa teritoryo ng kaaway,” sabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.¹ Tunay ngang ang mga pamanatayang moral ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw ay winawasak! Handa ba kayong labanan ang anumang marumi o masamang kaisipang maaaring ilagay ni Satanas, ng Internet, at ng mundo sa inyong puso o isipan?

Ihanda ang Inyong Sarili

Madalas bago mag-alas-5:00 n.u., madilim pa ay nakapila na ang karapat-dapat na mga kabataan sa may pintuan ng Salt Lake Temple, na handang pumasok sa bautismuhan. Humahakbang sila mula sa kadiliman ng mundo tungo

sa liwanag ng templo. Matapos mag-suot ng puting damit, tahimik silang tumutuloy sa napakaringal na bautismuhan, kung saan sila binibinyagan para sa mga patay. Pag-ahon nila mula sa dalisay at nagpapasariwang tubig ng bautismuhan, napatitibay ang mga kabataang ito, batid na nakibahagi sila sa walang-hanggang gawain para sa iba.

Bumabalik sila sa labas na madilimdilim pa, at nagmamadaling pumasok sa paaralan—ngunit hindi na sila tulad ng dati, dahil hahayo sila na nasasakbitan ng kapangyarihan at kaluwalhatian (tingnan sa D at T 109:22–23). Taglay ang liwanag at kadalisan ng templo sa kanilang puso, handa na silang hawiin ang kadiliman nitong “teritoryo ng kaaway” at manatiling

malinis ang moralidad. Hindi lang sa Salt Lake Temple makikita ang ganitong tagpo—madalas mangyari ito kapag nililisan ng mga kabataan sa iba’t ibang panig ng mundo ang kadiliman ng teritoryo ng kaaway at ipinapasiyang mamuhay nang marapat at pumapasok sa liwanag ng templo.

Halimbawa, isang magkapatid na babae at lalaki na taga-Colorado, USA, ang nabinyagan para sa mahigit 50 sa kanilang mga ninuno nitong nakaraang taon at nadama ang kadalisan ng templo. Sabi ng lalaki, “Masaya at espirituwal ang pakiramdam ko kapag nasa templo ako. Pagkatapos, kapag naharap ako sa mga tukso, naaalala ko ang pakiramdam na iyon at natutulungan ako nito.” Sa pagsisikap na



Ni Neill F. Marriott

Pangalawang Tagapayo
sa Young Women
General Presidency

mamuhay nang marapat sa pagdalo sa templo, isinulat naman ng babae sa journal niya ang kanyang *gagawin* at *hindi* gagawin kapag naharap sa tukso. Nanindigan siya, at ipinakita pa niya ang listahan sa kanyang mga magulang at kaibigan para matulungan nila siya. Ang dalawang kabataang ito ay nakagawa ng mabisang proteksyon para sa kanilang puso, isipan, at katawan.

Dalisayin ang Inyong Puso

Maliban sa malinis na mga gawain, malinis din ba ang inyong mga hangarin?

Si David, ang mang-aawit, ay nananalangin sa Mga Awit 139:23–24: “Siyasatin mo ako, Oh Dios, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pag-iisip: at tingnan mo kung may anomang lakad ng kasamaan sa akin.” Patungkol sa mga talatang ito, ipinayo ni Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901): “Iminumungkahi ko na sundin [ng bawat tao] ang panalanging ito ni David . . . Marami ang nabibigong sumunod sa pamantayang ito ng kahusayan dahil palihim silang gumagawa ng mga bagay . . . na maaaring . . . maglayo sa kanila sa makapangyarihang Diyos.”²

Ang paghiling sa Ama sa Langit na gawing malinis ang inyong puso ay pagpapakita ng pananampalataya. Taglay Niya ang lahat ng kapangyarihan; manalangin sa Kanya nang madalas at mapagpakumbabang hilingin ang Kanyang banal na tulong na panatiliing dalisay ang inyong kalooban—maging ang inyong seksuwalidad.

“Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman” (Mga Taga Galacia 5:16). Malaking lakas ang sasainyo kapag nagsilakad kayo ayon sa Espiritu! Bawat Linggo sa pakikibahagi ninyo ng sakramento, sumasaksi kayo na handa kayong alalahanin si Jesucristo sa tuwina (tingnan sa D at T 20:77, 79). Ang pag-alaala sa Tagapagligtas ay magbibigay sa inyo ng espirituwal na lakas na talikuran ang maruming bagay.

Maging Malinis sa Harapan ng Diyos

Bakit isang kautusan ang kadalisayan ng puri? Dahil ibinigay ng Ama sa Langit ang kapangyarihang magkaanak sa loob ng kasal para sa mga banal na layunin lamang. Sinabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang damdamin natin at paggamit sa banal na kapangyarihang ito ang magiging batayan ng ating kaligayahan sa mortalidad at sa ating tadhana sa kawalang-hanggan.”³

Ang seksuwal na intimasiya ay nagdudulot ng magiliw na pagkakaisa ng damdamin ng mag-asawa. Gayunman, nagbabala si Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang gayong intimasiya ay ipinagbabawal ng Panginoon sa mga hindi pa nabibigkis ng kasal dahil pinarurupok nito ang Kanyang mga layunin. . . . Nagdudulot ito ng matinding kapahamakan sa damdamin at espirituwalidad. Kahit hindi alam ng

mga gumagawa nito na nangyayari ito ngayon, malalaman din nila kalaunan. Ang seksuwal na imoralidad ay hadlang sa impluwensya ng Banal na Espiritu.”⁴

Ang seksuwal na intimasiya ay hindi ibinigay upang bigyang-kasiyahan ang pagnanasa, popularidad, o pag-uusisa. Ang gayong makasariling paggamit ng kaloob na ito ng Diyos ay *laging* magdudulot ng kalungkutan at hahadlang sa inyong espirituwal na pag-unlad.

Habang inihahanda at pinadadalisan ninyo ang inyong puso, gagawin at tutulungan kayong manatiling malinis ng Panginoon. Kung kayo ay bina-bagabag ng inyong budhi o nahihiya, hangarin ang bisa ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Ang nagbabayad-salang sakripisyo lamang ni Jesucristo ang makapaglilinis sa atin. Magsisi at tapat na manalangin na mapatawad. Magpunta sa inyong bishop o branch president kung kailangan. Maaari ba kayong maging malinis at manatiling malinis sa isang maruming daigdig? Oo, kaya ninyo! Alam ninyo ang katotohanan at tutulungan kayo ng Espiritu Santo, ng mga magulang, ng mga lider, at ng buhay na propeta. Kapag umasa kayo kay Jesucristo, makakaya ninyo at mananatili kayong malinis sa Kanyang harapan. ■

MGA TALA


1. Boyd K. Packer, “Payo sa Kabataan,” *Liahona*, Nob. 2011, 16.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 135.
3. David A. Bednar, “Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis,” *Liahona*, Mayo 2013, 42.
4. Richard G. Scott, “Making the Right Choices,” *Ensign*, Nob. 1994, 38.

MGA PANGU- NAHING IDEYA TUNGKOL SA KADALISAYAN NG PURI

"Iwasan ang mga sitwasyong nagdaragdag ng tukso. . . . Huwag makisali sa anumang uri ng pornograpiya. Matutulongan kayo ng Espiritu na malaman kung nasa panganib kayo. . . .

"Kung natutukso kayong gumawa ng anumang seksuwal na kasalanan, humingi ng tulong sa inyong mga magulang at bishop. Manalangin sa inyong Ama sa Langit, na tutulong sa inyo na labanan ang tukso at dagigin ang hindi angkop na damdamin at kaisipan. Kung nakagawa kayo ng seksuwal na kasalanan, kausapin ngayon ang inyong bishop."

Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 36–37.



MANATILING MAINGAT

Hindi ibinigay ang pangalan

Marami akong pinagsisihan sa naka-raang apat na taon ng buhay ko. Lumaki ako sa Simbahan, at maraming miyembro ng pamilya at kaibigan ang nagpakita ng mabuting halimbawa sa akin. Sa kabila ng mga pagpapalang ito, hindi ako naging maingat, kaya nagkasunud-sunod ang mga problema ko sa buhay.

Nagsimula ito noong mga 13 taong gulang ako at nalulong ako sa media. Walang tigil ang panonood ko ng TV at parang mamamata ako kapag hindi ako nakapaglaro ng mga video game. Ang pagkalulong ko sa media ay humantong sa ibang problema: wala akong mabubuting kaibigan dahil hindi ako nagtiyagang makipagkaibigan sa mga batang lalaki sa korum namin. Sa pagtatangkang magkaroon ng mga kaibigan, naghanap ako sa mga maling lugar at nakabilang sa isang online chat group. Sa grupong ito may mga taong nag-post ng pornograpiya. Dahil sa kahinaang dulot ng iba ko pang mga problema, madali akong nabitag sa pornograpiya.

Sinikap kong pangatwiran ang asal ko sa pamamagitan ng pagdadahilan: wala namang nasasaktan; hindi naman ito napakasama. Nasusuklam akong tumingin sa pornograpiya mula nang una kong makita ito, pero nalulong ako rito. Gusto kong maging mabuting miyembro ng Simbahan, pero sunud-sunod na ang mga pagkakamaling nagawa ko at hindi ko iwinasto ang mga

ito sa tamang paraan sa mahabang panahon.

Isa't kalahating taon ang lumipas bago ako nakipagkita sa bishop ko. Tinulungan niya akong paglabanan ang pagnanasa kong tumingin sa pornograpiya. Sa paglipas ng panahon nagsimula rin akong makipagkaibigan sa mga tao sa aking ward, stake, at seminary class. Ngayo'y 17 taong gulang na ako, at kamakailan ko lang naramdaman na malaya na ako. Nito lang huling ilang buwan ako nakawala nang lubusan sa pagkalulong sa media, nanaalangin nang taimtim araw-araw, at regular na nagbabasa ng mga banal na kasulatan.

Huwag hayaang mag-ugat sa puso ninyo ang alinman sa mga problemang ito. Pinatotohanan ko na talagang pinapatawad ng Panginoon ang mga nagkasala. Pero hindi gaanong magiging masaklap ang buhay ninyo kung hindi na kayo kailangang magsisi na katulad ko. Nakikiusap ako sa inyo na iligtas ang inyong sarili sa pagdurusa hangga't ma-aari sa pag-alam sa mga bunga ng kasalanan sa paraang katatakutan at iiwasan ninyo ito. Sinasabi ko ito dahil pinapatay ng kasalanan ang kaluluwa, at kung magkakasala kayo, madarama ninyo ang pait. Kinamumuhian tayo ng diyablo, gusto niyang maging miserable tayo, at may kapangyarihan siyang impluwensyan tayo kung hahayaan natin siya. Ngunit pinatotohanan ko na makasusumpung tayo ng biyaya, pagmamahal, kabaitan, at kaligtasan sa Pagbabayad-Sala ni Jesucristo. ■



Ni Pangulong
Thomas S.
Monson

PAANO PUMILI NG MABUBUTING KAIBIGAN

Sa isang survey na ginawa sa mga piling ward at stake ng Simbahan, may nalaman kaming isang napakahalagang katotohanan. Ang mga tao na may mga kaibigang ikinasal sa templo ay karaniwang ikinakasal din sa templo, samantalang ang mga tao na may mga kaibigang hindi ikinasal sa templo ay karaniwang hindi rin ikinakasal sa templo. Mukhang mas malaki ang impluwensya ng

mga kaibigan kaysa panghihikayat ng mga magulang, pagtuturo sa klase, o pagiging malapit sa templo.

May tendensiya tayong maging katulad ng mga hinahangaan natin. Tulad ng nasa klasikong kuwento ni Nathaniel Hawthorne na “The Great Stone Face,” ginagaya natin ang mga gawi, saloobin, maging ang ugali ng mga taong hinahangaan natin—at kadalasan ay mga kaibigan natin sila. **Makisama sa mga taong katulad mo, na nagpapalano hindi para sa pansamantalang kaginhawahan, mababaw na mga mithiin, o limitadong ambisyon kundi para sa mga bagay na pinakamahalaga—maging mga walang-hanggang mithiin.**

Nakaukit sa silangang pader ng Stanford University Memorial Church ang katotohanang: “Lahat ng hindi ukol sa walang hanggan [ay] napaka-ikli, [at] lahat ng may katapusan [ay] napakaliit.”¹

Maliban sa grupo ng mga kaibigan ninyo sa lupa, hinihimok ko kayong **kaibiganin ang inyong Ama sa Langit**. Handa Siyang sagutin ang dalangin ng inyong puso. Dahil Siya ang Ama ng inyong espiritu at nilikha kayo sa Kanyang sariling larawan,

nalalaman ang wakas mula sa simula, **ang Kanyang karunungan ay hindi magkukulang at ang payo Niya ay angkop kailanman.** Kaibiganin Siya.

May isa pang mahalagang tao na dapat ninyong kaibiganin, at iyan ay **ang bishop ng inyong ward**. Tinawag siya ng Diyos sa pamamagitan ng propesiya at pagpapatong ng mga kamay ng mga taong may karapatan. Siya ay **may karapatan sa tulong ng langit** para bigyan kayo ng payo at patnubay. Kaibiganin siya.

Maingat na piliin ang inyong mga kaibigan. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal sa Brigham Young University noong Nobyembre 6, 2005.

TALA

1. Tingnan sa <http://www.stanford.edu/group/religiouslife/cgi-bin/wordpress/memorial-church/history/memorial-church-inscriptions/>

PAANO NINYO ITO NAGAWA?

Noon pa man ay matalik ko nang kaibigan ang aking Ama sa Langit at binibigyan Niya ako ng kapanatagan at patnubay araw-araw. Natulungan ako ng mga kaibigan ko sa lupa na magkaroon ng mas malakas na patotoo at mas malalim na hangaring mas magsumigasig sa Simbahan. Maganda ang paliwanag sa akin ng bishop ng ward ko tungkol sa Simbahan na nakatulong para maging mas mabuti akong miyembro. Sa pagpili ng mabubuting kaibigan, mas natatahak ko ang makipot at makitid na landas na magbabalik sa akin sa piling ng aking Ama sa Langit balang-araw.

Savannah A., Montana, USA





BIYAYA AT ANG PAGBABAYAD- SALA NI JESUCRISTO

*Maaari tayong tumanggap ng lakas na
makagawa ng higit pa kaysa inaakala natin.*

Ni Joshua J. Perkey

Mga Magasin ng Simbahan

Noong tag-init ng 2012, kata-tapos lang ni Palakiko C. sa high school sa Hawaii, USA, at inasam niyang makapag-aral sa Brigham Young University at makapagmisyon. Marami nang nagawa si Palakiko sa paghahanda para sa kanyang misyon—tatlong beses na niyang nasamahan ang mga full-time missionary sa buong maghapon, at madalas niya silang samahan sa pagbisita at pagtuturo ng ebanghelyo sa mga pamilya.

Isang gabi sinimulang turuan ni Palakiko at ng mga missionary ang isang pamilyang hindi lahat ay miyembro na

may limang anak, edad 8 hanggang 14, na hindi pa nabibinyagan.

“Tinuruan namin sila sa loob ng anim na linggo,” sabi ni Palakiko. “Bawat linggo, nakita kong nadaragdagan ang kanilang pananampalataya habang itinuturo namin sa kanila ang mga alituntunin ng doktrina na tutulong sa kanila na matanggap ang buhay na walang hanggan.”

Hindi nagtagal ay tinanggap ng limang bata ang paanyayang magpabinyag at hiniling na si Palakiko ang magbinyag sa kanila. Masaya siyang pumayag. Isang pribilehiyo at karangalan ang binyagan sila. Ngunit para

kay Palakiko, may mas mahirap na hamon: hiniling din nilang magsalita siya tungkol sa Espiritu Santo sa araw ng binyag.

Talagang kinabahan si Palakiko. “Paano ako magbibigay ng mensahe sa isang araw na hindi nila malilimutan sa buong buhay nila?” tanong niya. “Ano ang sasabihin ko?”

Kahit kinakabahan, alam ni Palakiko na dapat niyang gawin ito, at sinimulan na niyang ihanda ang kanyang mensahe para sa araw na iyon.

“Ginawa ko ang lahat sa abot ng aking makakaya upang matiyak na magiging maayos ang lahat,” sabi niya. Nanalangin siya, nagbasa ng mga banal na kasulatan para sa patnubay at kapanatagan, at inensayo ang panalangin para sa binyag sa kanyang isipan. Sa araw ng binyag, naging maayos ang lahat. At nang ibigay niya ang kanyang mensahe at sinikap na mapasakanya ang Espiritu, nadama niyang ginabayan siya sa dapat niyang sabihin.

“Noon ko lang nadama nang gayon katindi ang Espiritu nang ibigay ko ang mensaheng iyon,” sabi ni Palakiko. “Natutuwa ako na naging kasangkapan ako sa mga kamay ng Panginoon.”

Nagawa ni Palakiko ang kinailangan niyang gawin dahil pinalakas siya ng biyaya, o nagbibigay-kakayahang kapangyarihan, ng Pagbabayad-Sala ng Tagapagligtas.

Ano ang Nagbibigay-Kakayahang Kapangyarihan ni Jesucristo?

Dahil lahat tayo ay nagkakasala, kailangan nating matutuhan at ipamuhay ang mga alituntunin ng pag-sisisi, isang napakahalagang bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kung hindi sa sakripisyo ng Tagapagligtas,

walang isa man sa atin na makadaraig sa kasalanan at makababalik sa piling ng ating Ama.

Ang pagtulong sa atin na madaig ang kasalanan ay isang bahagi ng biyaya ng Tagapagligtas. Ngunit may isa pa. Ang biyaya ay inilarawan bilang “dakilang tulong o lakas . . . [na ibibigay] sa pamamagitan ng awa at pag-ibig ng Diyos.”¹ Sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo, mapapalakas tayo upang “gumawa ng mabuti at maging mabuti at maglingkod nang higit pa sa sarili nating hangarin at likas na kakayahan.”² Tulad ng ipinaliwanag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang salitang *biyaya* ay madalas gamitin sa mga banal na kasulatan upang magpahiwatig sa kapangyarihang nagpapalakas o nagbibigay-kakayahan.”³

Si Palakiko ay pinagpala ng biyaya ng Tagapagligtas na maisakatuparan ang isang bagay na alam niyang hindi niya kakayaning mag-isa. Ang kapangyarihang iyon ay makakatulong sa ating lahat kapwa sa maliliit at malalaking paraan.

Paano Natin Matatamo ang Biyaya ng Tagapagligtas?

Kapag kailangan natin ng patnubay o tulong o lakas, matutulungan tayo ng Diyos. Ngunit depende rin ito sa atin. Kailangan nating hingin ang Kanyang tulong at maging karapat-dapat dito.

Tulad ng sabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Kapag sinunod natin ang mga utos ng Panginoon at pinaglingkuran natin ang Kanyang mga anak nang walang halong kasakiman, ang likas na ibubunga nito ay lakas mula sa Diyos—lakas na magawa ang higit pa sa magagawa nating mag-isa.

Ang ating mga kaalaman, talento, at kakayahan ay nadaragdagan dahil tumatanggap tayo ng lakas at kapangyarihan mula sa Panginoon.”⁴

Ang huwarang ito ay maaaring makita sa buhay ni Jasmine B. ng Washington, USA, na tumanggap ng tulong para makayanan ang kanyang karamdaman. Bago dinapuan ng sakit, siya ay isang malusog na dalagita na napakahusay sa kanyang high school track team at mahilig gumising nang maaga para mag-seminary.

Ngunit nagsimula siyang magkasakit. Mabilis na nabawasan ng 15 libra ang kanyang timbang, at gaano man siya katagal matulog, pahirap nang pahirap sa kanya ang gumising para mag-seminary. Hindi na siya makatakbo nang mabilis tulad nang dati at laging nagugutom, nauuhaw, at nanghihina.

Mahigit isang buwan ang lumipas bago siya nagsimulang manalangin para humingi ng tulong. “Matagal akong nagpaliban,” sabi niya, “dahil inisip ko na ang paghingi ng tulong sa panalangin ay pagsuko, pag-amin na may sakit nga ako. Natakot ako.”

Ngunit dahil nagpakumbaba siya para humingi ng tulong sa Panginoon, nagsimulang dumating ang mga kasagutan. Nagpatingin siya sa doktor, at natuklasan na nagkaroon siya ng type 1 diabetes, na ibig sabihin ay hindi lumilikha ng insulin ang kanyang katawan para magproseso ng asukal sa dugo. Habambuhay ang epekto ng diabetes at kailangang subaybayang mabuti. Kahit may planong ginawa ang mga doktor para tulungan siyang makontrol ang kanyang sakit, nagsimula siyang mag-alala na hindi na siya makakatakbong muli.

“Hindi ako tumigil sa pagdarasal habang pinipilit kong unawain ang



bagong buhay ko at labanan ang sakit ko,” sabi niya. “Nagdasal ako na mabigyan ng lakas at pang-unawa at na magawa kong tanggapin ang pagsubok na ito. Hindi ko sana nalagpasan ang mahihirap na araw at linggong iyon kung hindi ako nagdasal.”

Naging mabilis ang paggaling ni Jasmine. Sa loob ng dalawang linggo matapos masuri, muli siyang nagpraktis sa pagtakbo, at kalaunan sa taong iyon ay nanalo siya sa mga kompetisyon sa estado. “Naniniwala ako na biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng malakas at malusog na katawan dahil nagsisikap akong maging matatag sa ebanghelyo,” sabi niya. “Hindi dahil may diabetes ako ay katapusan na ng mundo. Sa tulong Niya, alam kong malalagpasan ko ito.”

Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos at sa pag-asa niya sa Kanya, nakayanan ni Jasmine ang kanyang karamdaman at nagtagumpay siya sa buhay.

Ang Biyaya ay Para sa Lahat

Ang nagpapalakas na kapangyarihang ito, ang biyaya ni Cristo, ay

para sa ating lahat. Tuwing madarama ninyo na nag-iisa kayo o nahihirapan o pinanghihinaan ng loob, alalahanin na matatamo ninyo ang biyaya ng Panginoong Jesucristo.

Tulad ng ipinaliwanag ni Elder Craig A. Cardon ng Pitumpu, “Kung nananampalataya tayo sa Panginoong Jesucristo, ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay *nagpapalakas* sa atin sa sandali ng ating pangangailangan [tingnan sa Jacob 4:7], at ang Kanyang kapangyarihang tumubos ay *nagpapabanal* sa atin kapag ating [hinubad] ang likas na tao’ [Mosias 3:19]. Nagbibigay ito ng pag-asa sa lahat, lalo na sa mga nag-aakala na ang pabalik-balik na kahinaan ng tao ay lagpas na sa kahandaan ng Tagapagligtas na tumulong at magligtas.”⁵ ■

MGA TALA

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Biyaya,” scriptures.lds.org.
2. David A. Bednar, “Ang Pagbabayad-Sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad,” *Liahona*, Abr. 2012, 15.
3. David A. Bednar, “Sa Lakas ng Panginoon,” *Liahona*, Nob. 2004, 76.
4. Richard G. Scott, “Para sa Kapayapaan sa Tahanan,” *Liahona*, Mayo 2013, 30.
5. Craig A. Cardon, “Nais ng Tagapagligtas na Magpatawad,” *Liahona*, Mayo 2013, 15.

SUMALI SA USAPAN

Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin:

- Pagnilayan ang mga panahon na pinagkalooban kayo ng Diyos ng biyaya at itala sa inyong journal ang mga karanasang ito.
- Magtakda ng mithiin na pagbutihin ang inyong mga kakayahan at maglaan ng oras na tukuyin ang biyaya ng Tagapagligtas habang sinisikap ninyong makamit ang inyong mga mithiin.
- Ibahagi ang inyong patotoo at karanasan sa iba sa tahanan, sa paaralan, sa simbahan, o sa social media.



MALAKI ANG MAITUTULONG MO

Tuwing nagpapakita kayo ng mabuting halimbawa, tumutulong sa isang kapamilya, o nagpapakita ng kabaitan, malaki ang nagagawa ninyong kaibhan sa pagpapatatag ng inyong tahanan

(tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [2011], 14).

Ilang beses
ako maaaring
makipagdeyt sa
isang tao bago ito
maging "seryosong
pakikipagdeyt"?

Maaari ba akong
makinig sa isang awitin
o manood ng isang peli-
kulang may malaswang
eksena kung ipalabas ito
sa paaralan at sabihin ng
guro na "Hindi naman ito
gaanong masama"?

OK lang bang
magsuot ng damit
na hindi disente ka-
pag miyembro ka ng
isang sports team?

OK LANG BA NA...? MAAARI BA AKONG...?

*Narito ang maaari ninyong gawin para
malaman kung paano ipamuhay ang mga
pamantayan sa Para sa Lakas ng mga Kabataan
sa inyong sitwasyon.*

Ni Heidi McConkie

Naramdaman ni Brooke P. ng California, USA, na nababawasan ang kanyang determinasyon—mas madali sana kung gagayahin na lang siya ang kanyang mga ka-team. Pinipilit siya ng iba pang mga dalagita na manamit na kagaya nila kapag may mga praktis at laro sila.

Nakapagpasiya na si Brooke na gusto niyang manamit nang disente, pero hindi niya alam kung paano isasagawa iyon pagdating sa kanyang isport. OK lang ba na manamit siya na kagaya ng kanyang mga ka-team kapag may laro sila?

"Nagpasiya akong magsaliksik," sabi ni Brooke. "Binasa ko ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, mga banal na kasulatan, mga mensahe sa Simbahan—lahat ng makita ko tungkol dito. Parang walang naglalarawan ng eksaktong sitwasyon ko at nagbibigay ng sapat na payo na lalapat sa akin. Ngunit alam ko na kilala ako ng Ama sa Langit at alam Niya kung ano ang disentang isuot."

Kaya muling kumilos si Brooke. "Nagpasiya akong lumuhod at magdasal," sabi niya. Sa pagdarasal niya, sinabi niya na gusto niyang sundin ang mga kautusan at saka niya itinanong kung OK lang na manamit siya na kagaya ng kanyang mga ka-team para sa kanilang mga praktis at laro.

Matapos magdasal, nadama ni Brooke na hindi niya dapat baguhin ang pinili niyang isuot para lang masiyahan ang kanyang mga kasama. Bagama't hindi gusto ng lahat ang kanyang desisyon, nakadama ng tiwala at kapayapaan si Brooke sa pagkaalam na ang kanyang pasiya ay nakalugod sa Ama sa Langit.



Ang Kuwento Mo

Siguro hindi mo pa naranasan ang sitwasyon ni Brooke, pero malamang na naranasan mo nang maharap sa isang mahirap na sitwasyong tulad nito. Ginagawa mo ang lahat para ipamuhay ang isang pamantayan ng ebanghelyo—maging disente, gumamit ng mga salitang nakahihikayat, manood ng makabuluhang palabas, sundin ang Word of Wisdom, . . .

Pagkatapos ay biglang may nangyari! May isang taong nagpahirap sa sitwasyon mo, at ang “pagsalungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11) ay biglang naging higit pa sa madalas banggiting mga kataga sa mga banal na kasulatan. Ang mga kaibigan mo—o baka pati na sarili mong mga kapamilya—ay pinipilit kang manamit o magsalita o kumilos nang kaiba sa alam mong tama. Gusto mong piliin ang mabuti ayon sa ebanghelyo, pero siguro medyo nalilito ka na: *Ano nga ba ang kahulugan sa buhay mo ng mamuhay ayon sa mga pamantayan?* Katulad ni Brooke, matutuklasan mo ang sarili mong sagot sa tanong na ito sa pamamagitan ng pag-aaral, panalangin, at personal na paghahayag.

Ang Iyong mga Tanong

Ang buhay mo sa araw-araw ay puno ng mga tanong: *Ano ang isusuot ko sa paaralan? Ano ang kakainin ko sa tanghalian? Kanino ako babarkada?* May mga tanong na napakasimple ng mga sagot. *Dapat ko bang nguyain ang chewing gum na ito na nadampot ko sa bangketa?* Hindi. Malamang na hindi mo na kailangang magdalawang-isip sa bagay na iyan. Pero ang ilan sa mga tanong mo, lalo na tungkol sa mga pamantayan, ay maaaring mas mahirap sagutin: *Anong musika ang angkop pakinggan? Paano ko pananatilihin banal ang araw ng Sabbath?* Mabuti na lang, hindi kailangang sa iyo manggaling ang lahat ng sagot. Ibinalangkas ng ating mga buhay na propeta ang mga pamantayan ng ebanghelyo, at mapag-aaralan mo ang mga turo nila sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

Matapos mong pag-aralan ang mga pamantayan, malamang na hindi palaging alam na alam mo kung paano ipamuhay

ang mga ito sa bawat sitwasyon, at normal lang iyan. Normal na normal lang kung may mga tanong ka na hindi masagot tungkol sa kahulugan ng isang pamantayan para sa sitwasyon mo.

Isipin mo na lang ang kuwento sa Aklat ni Mormon kung saan inutusan ng Panginoon si Nephi na gumawa ng sasakyang-dagat. Hindi kaagad nalaman ni Nephi kung paano susundin ang utos ng Panginoon, pero ipinasiya pa rin niyang subukan ito. At hindi siya nag-atubiling humingi ng tulong; itinanong niya, “Saan po ako patutungo upang makatagpo ng inang minang tutunawin, upang makagawa ako ng mga kagamitan sa pagyari ng sasakyang-dagat?” (1 Nephi 17:9). Sinimulan niya ito sa pag-iisip kung ano ang unang hakbang—gumawa ng mga kagamitan—at saka hilingin sa Panginoon na tulungan siyang malaman kung paano gagawin iyon. Sinagot ng Panginoon ang tanong ni Nephi (at unti-unti niyang nabuo ang sasakyang-dagat), at kapag sinisikap mong sundin ang mga utos, masasagot din Niya ang mga tanong mo.

Ang Iyong mga Sagot

Kapag may mga tanong ka kung paano ipamuhay ang isang partikular na pamantayan o sundin ang isang partikular na kautusan, basahin muna ang mga banal na kasulatan, *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, *Tapat sa Pananampalataya*, payo ng propeta, at magdasal. Maaari mong hanapin ang kaugnay na mga talata sa banal na kasulatan na

Matutuklasan mo ang sarili mong sagot sa mga tanong na ito sa pamamagitan ng pag-aaral, panalangin, at personal na paghahayag.



nakalista sa mga buklet o sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya—at maaari mo pang isama ang iba pang mga banal na kasulatan sa pagsasaliksik mo. Sa paghahangad mo ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral ng ebanghelyo, ang Espiritu Santo ay “li[li]wanagin ang [iyong] pang-unawa” (Alma 32: 28).

Makakahingi ka rin ng tulong sa iyong mga kapamilya, kaibigan, at lider ng Simbahan. Maaari ka nilang ituro sa makakatulong na mga materyal, suportahan at hikayatin, at bahaginan pa ng personal na mga karanasan sa mga paksang katulad nito at kung paano nila nalagpasan ang kanilang mga hamon.

Kung minsan kahit matapos magdasal, sa pagbasang muli ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at paghingi ng payo, maaaring nalilito ka pa rin tungkol sa mga partikular na pamantayan. Kahit nakatanggap ka na ng magandang payo, ang pag-akma nito sa sitwasyon mo kung minsan ay parang paghahanap ng kalye gamit ang isang globe sa halip na isang roadmap. Sa ibang pagkakataon maaari mong kailanganing magdesisyon kaagad nang hindi na pinag-iisipan ito nang matagal.

Alinman dito, tandaan na ang panalangin ay isang mabisang kasangkapan. Hindi ito ang huling paraan, pinakamagandang simulan sa panalangin ang paghahangad ng kaalaman at makakatulong ito sa iyo. Personal kang kilala ng Ama sa Langit—alam Niya ang iyong mga talento, pagsubok, kalakasan, at paghihirap. Kaya kung hindi mo alam kung paano pinakamainam na masusunod ang mga pamantayan ng Simbahan sa isang partikular na sitwasyon, huwag mag-alala. Alam Niya kung paano! Madaling isipin na dapat iakma ang ebanghelyo sa buhay mo; pero ang dapat mong isipin ay maipapakita Niya sa iyo kung paano iakma ang buhay mo sa ebanghelyo. Kapag nagdasal ka nang may pananampalataya, tuturuan ka Niya, at ibibigay ang mga sagot para lang sa iyo, “sa sandali” mismo (D at T 100:6) na kailanganin mo ang mga ito. Ang pagkakataong iyon na makatanggap ng personal na paghahayag ay isa sa pinakamalalaking pagpapala sa atin dahil tayo ay bininyagan at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo.

Ang Iyong Halimbawa

Kapag ipinamuhay mo ang mga pamantayan ng Diyos, maaari kang maging liwanag sa ibang mga tao sa paligid mo. Maaari mo silang hikayating sundin ang mga kautusan.

At kapag nalito sila *kung paano* sumunod, maituturo mo sa kanila ang huwarang ito sa paghanap ng mga sagot sa personal nilang mga tanong.

Kapag sinikap mong magpakita ng mabuting halimbawa, huwag gaanong magtaka na kung minsan ang ibang tao—maging yaong mga nagsisikap ding ipamuhay ang ebanghelyo—ay hindi laging kapareho mo ang mga pagpapasiya. Kung nalulungkot ka, tandaan lamang na may isang tao, marahil ay si Inay o si Itay, na minsan’y kinailangang ituro sa iyo ang mga sagot sa kahit pinakasimpleng mga tanong—tulad ng *Dapat ko bang nguyain ang chewing gum na ito na nadampot ko sa bangketa?* Kaya sikaping pagpasensyahan ang sarili mo at ang iba habang sinisikap nating lahat na alamin ang mga sagot sa mas mahihirap na tanong, mga tanong na hindi laging nasasagot ng oo o hindi. *Paano ako mamumuhay ayon sa pamantayang ito?* Laging isaisip na lahat tayo ay hindi perpektong mga tao na pinag-aaralan araw-araw na ipamuhay nang eksakto ang ebanghelyo at pinagsisikapan natin mismong maging perpekto. Ito ay isang patuloy na proseso.

At maaari kang aktibong makibahagi sa prosesong iyan! Masigasig na hanapin ang mga sagot sa personal mong mga tanong at hikayatin ang iba na gawin din iyon. Sa paggawa nito, laging tandaan na anuman ang ipasiya ng iba, maaari mong piliing sundin ang mga utos ng Ama sa Langit. ■

Si Heidi McConkie ay naninirahan sa Delaware, USA.



TUWIRANG SAGOT

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na **maging ganap.** Paano **ko magagawa iyon?**

Ano ang iniuutos sa atin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, “Anupa’t nais ko na kayo ay maging ganap na katulad ko, o ng inyong Ama na nasa langit ay ganap?” (3 Nephi 12:48).

Sa mga banal na kasulatan, ang ibig sabihin ng *ganap* ay “husto, buo, at lubos na umunlad; lubos na matwid. . . . Ang mga tunay na tagasunod ni Cristo ay maaaring maging ganap sa pamamagitan ng kanyang biyaya at pagbabayad-sala.”¹

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang pagiging ganap sa buhay na ito ay “makakamit kapag sinikap nating gampanan ang bawat tungkulin [at] sinunod natin ang lahat ng batas. . . . Kung gagawin natin ang lahat ng makakaya natin, pagpapalain tayo ng Panginoon ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating puso.”²

Ngayon, *hindi* sinabi ng Tagapagligtas na ang ibig sabihin ng pagiging ganap ay huwag magkamali kahit kailan. *Hindi* rin Niya sinabi na kapag nagkamali ay imposible nang maging ganap. *Maaari* tayong magsisi.

Ayon kay Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901), ang susi sa pagiging ganap sa buhay na ito ay “maging mas mabuti ngayon kaysa kahapon. . . . Patuloy na bumuti nang unti-unti bawat araw.”³ ■


MGA TALA

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Ganap,” scriptures.lds.org.
2. Russell M. Nelson, “Perfection Pending,” *Ensign*, Nob. 1995, 86.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 116.

May **kaibigan** ako na naniniwala na **may paliwanag ang siyensya sa lahat ng bagay**—espirituwal na mga damdamin, mga sagot sa panalangin, mga himala, at iba pa. Ano ang maaari kong sabihin sa kaibigan kong ito?

Sa isang banda, tama ang kaibigan mo—lahat ng bagay ay malamang na maipaliwanag ng siyensya (kahit hindi pa natin alam ang lahat ng ito ngayon). Ang kakayahan ng siyensya na ipaliwanag ang isang bagay ay hindi nakakasama sa relihiyon. Kahit tanggapin mo pa ang mga paliwanag ng siyensya sa mga espirituwal na karanasan o himala, *ipinaliliwanag* lang ng siyensya ang nangyari; walang sinasabi ang siyensya tungkol sa pinagbatayang katotohanan, kahulugan, o layunin

nito. Tungkulin iyan ng relihiyon. Alam ng Ating Ama sa Langit ang lahat ng bagay at inihahayag sa atin ang kailangan natin para makabalik sa Kanya at magkaroon ng pananam-palataya, pag-asa, pag-ibig sa kapwa, at iba pang mga banal na katangian. Totoo man na ang mga interpretasyon ng relihiyon sa likas na kababalaghan ay hindi nakakasira sa siyensya, totoo rin ang kabaligtaran nito—ang mga paliwanag ng siyensya sa mga espirituwal na karanasan ay hindi nakakasira sa relihiyon. ■



MAGKAIBIGAN sa Internet

Nagkuwento sa akin ang kaibigan ng pamilya namin na si Aleksander tungkol sa pamangkin niyang si Lule. Halos kaedad ko si Lule, at gusto siyang ipakilala ni Aleksander sa akin. Hindi ko ito gaanong inisip, pero pagkaraan ng ilang linggo, idinagdag ako ni Lule bilang kaibigan sa Facebook.*

Hi, Stephanie! Ako si Lule, pamangkin ni Aleksander. Sinabi niya sa akin na halos magkaedad tayo.

Hi, Lule. Nabanggit ka nga niya sa akin. Sabi ni Aleksander nakatira daw kayo sa Albania. Ang galing naman!

Nakakatawa—para sa akin, parang masayang tumira sa Amerika! Hahaha. Ano ang gagawin mo ngayong Sabado't Linggo?

May laro ako ng basketball sa Sabado ng umaga, pagkatapos pupunta ako sa isang Latter-day Saint temple. Sa Linggo magsi-simba ako. Ano naman ang gagawin mo?

Wala lang. May nakita akong larawan ng Salt Lake Temple sa Internet. Ang ganda! Sabi sa akin ng tiyo ko Mormon ka raw, tulad niya. Ilang beses na niya akong isinama sa simbahan. Gustung-gusto ko talaga roon! Gusto kong pumunta linggu-linggo, kaya lang madalas ay may mga gagawin kami ng pamilya ko tuwing Linggo.



Kung gusto mo, itatala ko ang mga nang-yayari sa simbahan at ipapadala ko sa iyo sa email. Sa gayon ay malalaman mo ang iba pa tungkol sa paniniwala namin.

Naku, salamat! Gusto kong marinig ang pinag-uusapan ninyo roon.

Hi, Lule! Sana naging masaya ang buong linggo mo. Ang saya sa simbahan kahapon. Narito ang ilang itinala ko. Marami kaming pinag-usapan tungkol sa paglilingkod at panalangin.

- Kapag pinaglilingkuran natin ang ibang tao, pinaglilingkuran natin ang Diyos (basahin sa Mosias 2:17 sa scriptures.lds.org).
- Panoorin mo ang “Dayton’s Legs” sa YouTube. Tungkol iyon sa isang batang lalaki na tinulungan ang kaibigan niya, na may cerebral palsy, na sumali sa triathlon.
- Nariyan ang Diyos para sa iyo at pakikikingan ka kapag nagdasal ka. May nakita akong artikulo tungkol sa pagdarasal: [lds.org/youth/article/how-to-pray](https://www.lds.org/youth/article/how-to-pray).

Stephanie, maraming salamat! Napakaganda ng video na iyon! Panay ang dasal ko, at gusto kong gawin ang tama, . . . pero paano ko malalaman kung tama ang ginagawa ko?

PATULOY ANG KUWENTO . . .

Tinuturuan pa rin ni Stephanie si Lule tungkol sa ebanghelyo sa pagpapadala rito ng mga itinala niya at pagsagot sa mga tanong niya sa email. Sabi ni Stephanie kapag nagtatala raw siya tuwing Linggo, “mas naaalala ko ang mga pinag-aralan namin.” At sa pagsagot sa mga tanong ni Lule, nagkakaroon ng makabuluhang talakayan si Stephanie at ang kanyang mga magulang tungkol sa ebanghelyo. Ang karanasang ito ay nakapagturo din kay Stephanie tungkol sa gawaing misyonero. “Maaari pa rin akong maging missionary kahit bata pa ako,” sabi niya.

**Pinalitan ang mga pangalan.*

Kausapin mo sana muna ang mga magulang o tagapag-alaga mo bago ka makipag-ugnayan sa mga hindi mo kilala sa Facebook.



HUWAG PALAGPASIN ANG TAWAG SA TELEPONO

Sa bawat pangkalahatang kumperensya, tiyak na may mensahe na para lang sa iyo. Huwag itong palagpasin!

Ni David Dickson

Mga Magasin ng Simbahan

Palagay nang may inaasahan kang napakahalagang tawag sa telepono. Halimbawa, kunwari'y nag-aplay ka sa maraming kolehiyo at gusto kang tawagan ng pinakagusto mong kolehiyo sa Huwebes ng gabi para ipaalam sa iyo kung tanggap ka. Pero sa isang kundisyon: napakarami nilang tatawagan at otomatiko ka nilang buurahin sa listahan kung hindi ka nila makausap tungkol sa mga detalye.

Kung matagal ka pang mag-aaral sa kolehiyo, mag-isip ka na lang ng ibang bagay na matagal mo nang

hinihintay. Siguro may tatawag sa iyo para ipaalam kung natanggap ka sa isang sports team, dance class, o school musical—anumang talagang mahalaga sa iyo.

Ngayon, narito ang tanong: tatabihan mo ba ang telepono para sa inaasahan mong tawag na iyon?

Malamang, kung mahalaga nga iyon sa iyo, hindi mo gugustuhing lumayo sa telepono dahil baka hindi mo marinig ito! Hindi mo gugustuhing palagpasin ang tawag na iyon.

Gayundin, tuwing ikaanim na buwan may napakahalagang mensahe para sa sarili mong buhay na naghihintay mismo sa iyo. Pero may isa ring

kundisyon: kailangan mo munang magpakita para makatanggap ka ng mensahe.

Pagbuhos ng Paghahayag

Ang pangkalahatang kumperensya ay panahon para mapasigla, mabigyang-inspirasyon, at mapalakas sa espirituwal. Napakahalagang pagkakataon din nito para makahanap ng mga sagot sa personal na mga tanong.

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang pangkalahatang kumperensya ng Simbahang ito ay tunay na isang pambihirang pagkakataon—matibay nitong ipinapahayag na ang kalangitan ay bukas, na talagang may banal na patnubay ngayon na katulad noon sa sinaunang sambahayan ni Israel, na mahal tayo ng ating Diyos Ama sa Langit at inihahayag Niya ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng isang buhay na propeta.”¹

Kung may mga tanong ka na matalagal mo nang ipinagdarasal, maaaring sa pangkalahatang kumperensya mo mahanap ang mga sagot sa mga tanong na iyon. Kahit wala kang partikular na mga tanong sa iyong puso, malay mo kung aling mensahe o mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ang kailangan mo mismong marinig. Kadalasan, ang pinakamahalagang inspirasyong natatanggap natin ang nagpapalam sa atin kung paano mas mapaglilingkuran ang iba.

Nang magsalita siya sa pangkalahatang kumperensya *tungkol* sa pangkalahatang kumperensya, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

“Nagpupulong tayo kada anim na buwan upang patatagin ang isa’t isa, upang manghikayat, magdulot ng kapaatagan, palakasin ang pananampalataya. Narito tayo para matuto. Ang ilan sa inyo ay maaaring naghahanap ng mga sagot sa mga tanong at hamon na

naranasan ninyo sa buhay. Ang ilan ay hrap na nakikibaka sa kalungkutan at pagkawala [ng mahal sa buhay]. Bawat isa ay mabibigyan ng kaliwanagan at mapasisigla at maaalo kapag nadama ang Espiritu ng Panginoon.”²

Ang mga mensaheng ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya ay pangrang banal na kasulatan sa ating panahon. Sabi nga ng Panginoon, “Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Kung espirituwal mong ihahanda ang iyong sarili para sa kumperensya at lalo na kung pakikilingan mong mabuti ang mga mensahe, makikita at mahahanap mo ang mga tagubilin at inspirasyong nauukol sa iyo—anuman ang iyong sitwasyon.

Maghandang Mabigyang-Inspirasyon

Laging nakakatulong na magukol ng oras na makapaghandang tumanggap ng paghahayag bago mag-kumperensya. Ipinayo sa atin ng Panginoon na maghangad ng paghahayag: “Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan” (D at T 42:61).

Bagama’t posibleng makatanggap ng personal na paghahayag saanman, anumang oras, hindi ito dapat maging dahilan para hindi natin pag-aralang mabuti ang pangkalahatang kumperensya. Sa pangkalahatang kumperensya lamang natin mapapakinggan ang ating mga propeta, apostol, at iba pang lider ng Simbahan nang gayon kasagana.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013, itinuro ni Elder Robert D. Hales ng Korum

ng Labindalawang Apostol: “Sa mga batang miyembro ng Simbahan, nangangako ako na kung makikinig kayo, madarama ninyo ang Espiritu na nag-uumapaw sa inyong kalooban. Sasabihin ng Panginoon sa inyo ang nais Niyang gawin ninyo.”³

Mahalaga ang Bawat Sesyon

Balikan natin ang mahalagang tawag na iyon sa telepono. Kung alam mong darating ang tawag na iyon, malamang na hindi ka lumayo sa telepono mo maliban kung talagang kailangan. Sa pangkalahatang kumperensya, kung gayon, makatuturan bang hindi makinig sa isa o dalawang sesyon dahil may ibang mga bagay kang mas gustong gawin sa katapusan ng linggo? Paano kung nagpasiya kang mag-hiking sa Sabado ng umaga—at unang sesyon “lang” ang hindi mo napakinggan—pero iyon pala ang mismong sesyon na kailangang-kailangan mong marinig?

Nakatira ka man sa isang bahagi ng mundo kung saan mapapanood mo nang live ang broadcast ng pangkalahatang kumperensya o kailangan mong maghintay nang kaunting panahon bago ito umabot sa inyong lugar, laging sulit ang panahon at pagsisikap na makinig na mabuti sa bawat mensahe sa sandaling magkaroon nito sa inyo.


Isiping magpasiya ngayon na dadalo ka na handa at maluwag sa loob na makinig sa bawat mensahe, na nakatuon sa inspirasyong kailangang-kailangan mong marinig.

Tatal, hindi mo alam kung kailan tutunog ang telepono. ■

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, “The Peaceable Things of the Kingdom,” *Ensign*, Nob. 1996, 82.
2. Thomas S. Monson, “Sa Pagtitipon Nating Muli,” *Liahona*, Mayo 2012, 4.
3. Robert D. Hales, “Pangkalahatang Kumperensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo,” *Liahona*, Nob. 2013, 6.

May NAKIKINIG Ba sa Akin?



**Ni Lucas F., edad 10, Brazil,
at Susan Barrett**

"Araw-araw akong lumuluhod para magdasal. Kinakausap ko ang Ama sa Langit. Pinapakinggan at sinasagot Niya ako kapag nagdarasal ako nang may pananampalataya" ("I Pray in Faith," Children's Songbook, 14).

Nag-alala ako. Hiniling ng guro ako sa Primary na magsalita ako sa susunod na linggo sa oras ng pagbabahagi. "Maaari kang magpatotoo tungkol sa panalangin," sabi niya. Katatapos lang namang pag-usapan ang panalangin sa klase namin.

Nagdasal na ako nang maraming beses. Lagi akong nagdarasal, at madalas ay ako ang nagdarasal sa panalangin namin ng pamilya ko. Maraming beses na rin akong nagbasbas sa pagkain, at nagdasal na ako dati sa Primary. Pero ngayon hindi ako sigurado kung may *patotoo* nga ako tungkol sa panalangin o kung nauunawaan ko kung paano ako matutulungan ng panalangin. "Talaga bang may nakikinig sa akin kapag nagdarasal ako?" naisip ko.

Nagpunta ako sa kusina, kung saan naghahanda ng hapunan ang nanay ko.

"Mama," sabi ko, "paano po ako magbabahagi ng patotoo tungkol

sa panalangin samantalang hindi naman ako sigurado kung *may* patotoo ako tungkol dito?"

Niyakap ako ng nanay ko. "Bakit hindi ka magturo tungkol sa panalangin sa family home evening bukas, at sama-sama nating pag-usapan ito," sabi niya.

Tinulungan ako ni Inay na maghanap ng mga kuwento at mensahe sa kumperensya tungkol sa panalangin. Pagkatapos ay sinimulan kong maghanda para sa family home evening at para sa mensahe ko sa Primary.

Nang ituro ko ang aralin noong Lunes, sinabi sa akin ng nanay at

Maraming beses nang nagdasal si Lucas, pero may patotoo na ba siya tungkol sa panalangin?



PAANO AKO NARARAPAT MANALANGIN?

Kapag nanalangin tayo, kinakausap natin ang Ama sa Langit, kaya nagsisimula tayo sa pagsasabing, "Ama namin sa Langit." Nagpapasalamat tayo sa Kanya para sa ating mga pagpapala. Pagkatapos ay hinihiling natin sa Kanya ang mga bagay na kailangan natin. Lagi natin itong tinatapos sa pagsasabing, "Sa pangalan ni Jesucristo, amen."

Maaari tayong manalangin anumang oras, saanman, tungkol sa anumang bagay. Hindi natin kailangang lumuhod o pumunta sa simbahan. Maaari nating ipagdasal ang isang bagay maliit man o malaki.

Maaari tayong manalangin nang malakas o tahimik, mag-isa o may mga kasama.

Gumagamit tayo ng espesyal na mga salitang nagpapakita ng paggalang sa Ama sa Langit. Sinasabi natin ang *inyo* at *kayo* sa halip na *iyo*, at *ikaw* at *ninyo* sa halip na *mo* at *iyong*.

Lagi tayong nagsasalita nang mapitagan, para magpakita ng paggalang sa Ama sa Langit.



Pangulong Thomas S. Monson, "Hanggang sa Muli Nating Pagkikita, *Liahona*, Mayo 2013, 114.

"Sinasaksihan at pinapatunayan ko sa inyo na buhay ang Diyos, at naririnig Niya ang mga panalangin ng mga pusong mapagpakumbaba."

tatay ko kung paano sila natulungan ng panalangin. Nakapagbigay rin ako ng mensahe sa Primary nang sumunod na Linggo, pero wala akong nadamang kakaiba. Inisip ko pa rin kung may patotoo nga ba ako tungkol sa panalangin. Taimtim kong ipinagdasal ang mga pagdududa ko, pero hindi dumating kaagad ang sagot.

Isang araw umuwi ang tatay ko matapos maghanap ng trabaho sa buong maghapon nang walang say-say. Lungkot na lungkot siya. Ilang linggo na siyang walang trabaho. Tumakbo ako sa kanya at niyakap siya, tulad ng lagi kong ginagawa.

"Huwag po kayong malungkot, Papa," sabi ko. Pagkatapos ay bigla akong may naramdaman sa puso ko. "Kailangan po nating magdasal," sabi ko.

"Ngayon na?" tanong ng tatay ko.

"Opo, ngayon na," sabi ko.

"Naniniwala po ako na pakikikingan tayo ng Ama sa Langit."

Magkasama kaming lumuhod at



nagdasal, na hinihiling sa Ama sa Langit na panatagin kami.

Matapos magdasal nagbasa kami ng mga banal na kasulatan, tulad ng ginagawa namin gabi-gabi, at pagkatapos ay nag-usap kami. Napansin ko na unti-unting napalitan ang kalungkutan ng kaligayahang lagi naming nadarama noon sa aming tahanan. Nag-iba ang pakiramdam ko—para bang ligtas kami at protektado, at alam ko na magiging maayos ang lahat. Ang sarap ng pakiramdam na iyon.

Napansin din iyon ni Mama. "Nararamdaman mo ba, Lucas?" mahina niyang tanong. "Pinapanatag tayo ng Espiritu Santo, para malaman natin na hindi tayo nag-iisa."

"Opo, nararamdaman ko po," sabi ko. Alam ko na narinig ng Ama sa Langit ang aming panalangin.

Isang gabi iyon na hindang-hindi ko malilimutan. Ngayon ay may sarili na akong patotoo sa kapangyarihan ng panalangin. ■

13

1

“Gamitin ang inyong
talino para pag-aralan at
matutuhan ang Mga Saligan
ng Pananampalataya at ang
mga doktrinang itinuturo dito.”

Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol
Mula sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013



ANG ATING PAHINA



Mahal ko ang ebanghelyo at ang pagiging miyembro ng Simbahan. Paborito ko ang awiting "Templo'y Ibig Makita" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 99). Napakasaya ko nang malaman kong walang hanggan ang aking pamilya.

Atonina T., edad 10, Samoa



Yery R., edad 12, Ecuador



Ang katawan ko ay isang templo. Nagdadamit ako nang disente para ipakita na mahal at iginagalang ko ang aking katawan at na mahal ko ang Ama sa Langit at si Jesuscristo.

Lorienne P., edad 6, Philippines



Inaasam kong mapanood ang susunod na pangkalahatang kumperensya.

Rina H., edad 10, Japan

Ito ang Unang Panguluhan. Gabi-gabi, binubuksan ko ang pangkalahatang kumperensya sa Internet at pinakikinggan ito bago ako matulog.



Si Ittary V., edad 5, na taga-Mexico, ay napakamasunurin. Mahal niya ang kanyang pamilya at gusto niyang idrowing sila. Ang paborito niyang awitin sa Primary ay "Templo'y Ibig Makita" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 99). Gustung-gusto niyang makita ang mga bulaklak sa templo. Kapag nagdarasal siya, lagi niyang sinasabi sa Ama sa Langit kung gaano niya Siya kamahal. Gusto niya ang Primary at sinisikap niyang maging mabuting halimbawa sa nakababata niyang kapatid na si Ailime.



Mula sa panayam ni Amie Jane Leavitt

*Mhoroi, shamwari!** Kilalanin si Tendai, na naninirahan sa bansang Zimbabwe. Ang Zimbabwe ay nasa katimugang bahagi ng Africa. Napakaraming hayop sa Africa, tulad ng mga rhino, elepante, Cape buffalo, leon, at giraffe. Pero hindi nakikita ni Tendai ang mga hayop na ito sa paligid ng bahay nila dahil nakatira siya malapit sa Harare, ang pinakamalaking lungsod ng Zimbabwe. Gayunpaman, natutuwa si Tendai na sa bansa niya naninirahan ang magagandang hayop na ito. ■

* *"Kumusta, mga kaibigan!" sa Shona.*

Ang paborito kong kuwento sa banal na kasulatan ay nang utusan si Nephi na gumawa ng sasakyang-dagat. Sana lagi akong may lakas ng loob na gawin ang tama, tulad ni Nephi.

Paborito kong aktibidad sa Primary ang pagtatanghal ng Primary. Gusto kong magpatotoo tungkol kay Jesucristo.



Ako si **TENDAI** na Taga-Zimbabwe



Kapag tapos ko na ang homework ko, tinutulungan ko ang ate ko sa mga aralin niya. May ilang problema siya kaya na-hihirapan siyang matuto. Gusto ko ring tulungan ang ibang mga bata sa paaralan namin na may mga problema. Pinagtatawanan ng ilang bata ang mga batang ito, pero hinding-hindi ko iyon ginagawa.

Isang araw naglalaro ang ilang kaibigan ko sa bakuran namin. Isa sa kanila ang nagsabi ng masamang salita. Nagtawanan ang iba pang mga bata, pero hindi ako nakisali. Sinabihan ko sila na hindi nakakatawa iyon at na hindi kami dapat magsalita ng masama.

Napakahalaga sa akin ng pamilya ko. May isa akong ate at isang kambal na babae. Nakatira kami ng dalawa kong kapatid na babae sa aming ina at lola-sa-tuhod, o Gogo. Iyan ang tawag namin sa "lola" sa katutubong wika naming Shona.



TEMPLO'Y IBIG MAKITA

Ang pamilya ko ay kailangang maglakbay nang 13 oras sakay ng kotse para makarating sa templo sa Johannesburg, South Africa.

HANDA NANG UMALIS!


Ang bag ni Tendai ay puno ng ilan sa mga paborito niya. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?



Si Mudiwa na Taga-Zimbabwe

Si Mudiwa ay nakabihis pangsimba, pero maaari din ninyo siyang bihisan ng damit pang-eskuwela o ng kasuutang pang-katutubong sayaw. Maaari ninyong idikit ang pigurang ito sa makapal na papel bago ninyo ito kulayan at gupitin. Magpatulong kayo sa isang nakatatanda. ■





Ni Linda K. Burton
Relief Society General
President

Nadama Ko ang Espiritu

“Sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag nin-yong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka’t sa mga ganito ang kaharian ng langit” (Mateo 19:14).

Naaalala ko ang dalawang sim-pleng kaganapang nangyari noong bata pa ako. Bawat isa ay nagpapakita kung paano inaantig ng Espiritu ang mga puso sa nata-tanging mga paraan anuman ang edad natin.

Ang unang karanasan ay nang-yari nang magkasakit ang kapatid kong lalaki. Pinapunta ng tatay ko sa bahay namin ang isang lalaki mula sa aming ward at pinatulong sa pagbibigay ng basbas ng priesthood. Nang magtipon ang pamilya namin bago ang basbas, iminungkahi ng lalaki na lumabas kaming mga bata dahil baka masira namin ang kasa-graduho ng basbas. Mahinahong tumugon si Itay na mahalagang naroon ang bawat bata sa oras ng basbas dahil kailangan ang aming dalisay na pananampalataya. Kahit sa murang edad na iyon, hindi ko lamang nadama ang presensya ng Espiritu, kundi nadama ko rin ang matinding pagmamahal ng aking ama sa kanyang mga anak. Ang pagmamahal ng aking ama ay nakatulong sa akin na paniwalaan at

maunawaan na mahal ako ng aking Ama sa Langit.

Makalipas ang ilang taon, nakibahagi ang aming pamilya sa sacrament meeting. Ang nanay ko ay magaling sa musika. Gayunman, ibinigay niya sa aming magkakapatid na babae ang pagkakataong kumanta sa halip na siya. Malinaw ko pang naaalala ang awitin na nagka-inspirasyon siyang ipakanta sa amin:

*Ako’y nagninilay t’wing
mababasa,*

*Mga kuwento tungkol kay Jesus,
Nang tawagin N’ya ang mga
munting bata;*

Sana’y naroroon din ako.

*(“Ako ay Nagninilay Tuwing
Mababasa,” Aklat ng mga
Awit Pambata, 35)*

Nang kantahin naming magkakapatid ang awitin, masigla at masaya ang pakiramdam ko. Ang magiliw kong patotoo ay napalakas nang ipadama sa akin ng Espiritu Santo na mahal ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Lubos akong nagpapasalamat sa pagpapala ng Espiritu Santo at sa pagmamahal ng aking mga magulang at ng aking Ama sa Langit. ■



Si Jesus Cristo ang Ating Tagapagligtas

Isang 12-taong-gulang na batang babae ang nakahiga sa kanyang kama, at palubha nang palubha ang sakit. Nakamasid sa kanya ang kanyang mga magulang na wala nang magawa. Wala na silang magagawa para ilitas siya.

Pagkatapos ay naalala nila ang kamangha-manghang kuwentong narinig nila tungkol sa isang lalaking kasa-kasama nila na nagngangalang Jesus. Sabi ng mga tao, kaya Niyang pagalingin ang mga maysakit at bigyan ng paningin ang mga bulag. Baka-sakaling mailigtas Niya ang buhay ng kanilang anak!

Tumakbo si Jairo na ama ng bata para hanapin si Jesus. Nagsumamo siya kay Jesus na pagalingin ang kanyang anak. Pagkatapos ay dumating ang isang alila na may kakila-kilabot na balita. Huli na ang lahat. Patay na ang bata. “Huwag kang matakot,” sabi ni Jesus kay Jairo, “manampalataya ka lamang” (Marcos 5:36).

Pagdating nina Jesus at Jairo sa bahay ni Jairo, pumasok sila sa silid kung saan nakahiga ang bata. Hinawakan ni Jesus ang kamay ng bata at sinabihan itong magbangon. Nang tumayo ito, namangha ang kanyang mga magulang. Binuhay na muli ni Jesus ang kanilang anak!

Sa araw na iyon ipinakita ni Jesus kung gaano kalaki ang pagmamahal Niya sa bata at sa pamilya nito sa



AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- “Ako ay Namangha,” (*Mga Himno*, blg. 115)
- I Juan 4:14

paglilingkod sa kanila. Ipinakita ni Jesus kung gaano kalaki ang pagmamahal Niya sa atin sa maraming magaganda at kamangha-manghang paraan:

- Tumulong Siya sa paglikha ng magandang daigdig at lahat ng nilalang dito.
- Nagkusa Siyang pumarito sa lupa upang maging Tagapagligtas natin, kahit alam Niyang magiging napakahirap nito.
- Ginugol niya ang Kanyang buhay sa lupa sa pagbabasbas, pagpapagaling, at pagtuturo sa iba.
- Naging sakdal ang Kanyang buhay.
- Kusang-loob siyang nagdusa para sa ating mga kasalanan sa Halamanan ng Getsemani at namatay sa krus upang tayo ay mabuhay na mag-uli at makabalik sa langit. ■

MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Maaari ninyong basahin nang sama-sama ang kuwento tungkol sa anak ni Jairo (tingnan sa Lucas 8:41–42, 49–56). Pagkatapos ay maaari ninyong itaas ang larawan ng Tagapagligtas sa kasunod na pahina at anyayahan ang mga kapamilya na sabihin kung ano ang pakiramdam nila tungkol sa ilan sa magaganda at kamangha-manghang paraan na ipinapakita Niya ang Kanyang pagmamahal sa atin. Maaari ding magsalitan ang mga kapamilya sa pagbasa ng isa sa mga talata ng “Ako ay Namangha.” Matapos basahin ang bawat talata, anyayahan ang pamilya na sabay-sabay na kantahin ang koro. Pagkatapos ay talakayin ang mga paraan o magdrowing ng mga larawan nito na maipapakita ng inyong pamilya na mahal nila ang Tagapagligtas.



Isang Hardin na Puno ng mga Biyaya

Ni Linda Pratt

Batay sa tunay na buhay



Buzz! Buzz! Buzz! Isang masipag na dilaw na bubuyog ang dumapo sa isang bulaklak ni Andrea. Tumayo siya at nagmamadaling lumayo. Ayaw ni Andrea sa mga bubuyog. Lumipat siya sa ibang bahagi ng hardin para bunutin ang mga damo sa tabi ng madahong puno ng kamatis.

Mainit sa likod ni Andrea ang sikat ng araw. Dinig niya na nasa mga hanay lang ng mais si Inay. Biglang narinig na muli ni Andrea ang ugong ng bubuyog. *Buzz! Buzz! Buzz!* Tumakbo siya para hanapin si Inay.



“Ang daming
bubuyog, Inay!”
wika niya. “Gusto
kong magtrabaho
sa hardin *nang*
wala ang mga
bubuyog.”



“Kailangan natin ng mga bubuyog
para lumago ang hardin natin,” sabi
ni Inay. “Nilikha ni Jesus ang mga
bubuyog para ma-pollinate ang
mga halaman at magkaroon tayo
ng mga paborito nating pagkain.”





“Kapag wala po
bang mga bubuyog
wala tayong hardin?”

tanong ni Andrea. Naisip
niya ang lahat ng paborito niyang
halaman. Mahilig siya sa magagandang
bulaklak. Mahilig siyang kumain ng mga
strawberry at kamatis. Malulungkot siyang
mabuhay sa isang mundong wala ng mga ito.

“Natutuwa po ako na
nilikha ni Jesus ang
mga halaman,” sabi ni
Andrea. “Natutuwa po
ako na nilikha rin niya
ang mga bubuyog!” ■



Hanapin ang mga Prutas at Gulay

Masayang makapagtrabaho si Andrea sa hardin at makita ang mga halamang nilikha ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Mahahanap ba ninyo ang mga paborito ninyo?



PAGHIHINTAY SA LOBBY

Ni Lori Fuller

Mga Magasin ng Simbahan

Sang gabi isinama ko sa templo ang tatlo sa nakababata kong mga kapatid para magpabinyag [para sa mga patay]. Habang tinitingnan ng temple worker ang aming mga recommend, natuklasan niya na walang lagda ng bishop ang recommend ng kapatid ko. Sinimulan kong punan ang form na dadalhin sa temple recorder, na siyang tatawag sa bishop. Pagkatapos ay tiningnan ng temple worker ang recommend ng kapatid ko at nakitang hindi pa ito na-activate. Hawak ko ang bolpen, kaya kinuha ko ang form na iniabot sa amin at pinunan ko rin ito.

Alam ko na hindi makakapasok ang mga kapatid ko kapag may mali sa mga recommend nila, pero nadama ko na pananagutan ko sila, at kapag hindi ko sila tinulungang ayusin ang mga pagkakamaling ito, hindi rin ako makakapasok. Lungkot na lungkot ako na hindi ako pinapasok sa templo. Nilisan namin ang bautismuhan at umakyat sa itaas sa pasukan ng templo para ipaliwanag ang aming sitwasyon sa front desk. Sinabi ng temple recorder na maaayos niya ang problema sa loob lamang ng ilang minuto, kaya naupo kaming apat at naghintay sa lobby.



Nalungkot ako nang paghintayin ako sa lobby at sa labas ng templo dahil may mali at kulang sa dokumento.

Habang nakaupo ako roon, nauwi sa panlulumo ang kalungkutan ko. Hindi kami pinapasok dahil sa gayon kasimpleng mga pagkakamali, pero iyon ang dahilan kaya kami pinaghintay sa lobby sa halip na papasukin sa bahay ng Panginoon. Nahirapan ako sa buong maghapon, at umasa ako na matutulungan ako ng templo para mapanatag. Hindi ako ang nagkamali, pero habang tumatagal ang paghihintay, parang maiiyak na ako. Sinikap kong magpakabuti sa pamamagitan ng pagpunta sa templo at pagpapakita ng halimbawa sa mga kapatid ko na mahalagang pumunta sa templo. Kaya bakit ayaw kaming papasukin gayong gustung-gusto kong pumasok?

Pagkatapos ay may napagtanto ako: kung nanlumo ako nang hindi ako papasukin sa templo dahil lang sa kaunting mali sa dokumento, gaano katinding panlulumo kaya ang madarama ko kung hindi ako papasukin nang dahil sa sarili kong mga pagkakamali—na hindi ako nararapat pumasok sa templo? Nang maisip ko ito, bigla akong huminahon. Nadama ko na natutuhan ko ang aral na gusto ng Diyos na matutuhan ko. Nangako ako sa Kanya na lagi kong sisikaping maging karapat-dapat na makapasok sa templo. Nangako ako na hindinhindi ko hahayaan na hindi ako makapasok sa bahay ng Panginoon nang dahil sa sarili kong mga pagkakamali; ayaw kong magkamali sa mga kilos ko at manatili lang sa lobby.

Kalaunan nang gabing iyon may appointment ako sa aking bishop para ma-renew ang temple recommend ko. Bago ako nakipagkita sa kanya, inisip ko kung may nagawa akong mga pagkakamali na maaaring makahadlang sa pagpasok ko sa templo. Nang itanong ng bishop kung karapat-dapat ba akong pumasok sa bahay ng Panginoon, nagpapasalamat ako na nakasagot ako ng oo. ■




EZRA TAFT BENSON

Si **Ezra Taft Benson** ay maraming **gawain** sa bukirin ng kanyang pamilya. Dahil mahilig siya sa pagsasaka, nagtapos siya ng advanced degree sa agricultural economics at kalaunan ay naglingkod bilang secretary of agriculture sa Estados Unidos sa **Washington, D.C.** Mahal ni Pangulong Benson ang **Aklat ni Mormon** at hinikayat niya ang mga miyembro ng Simbahan na pag-aralan ito ng kanilang pamilya at nang mag-isa.

Sa Isyu Ring Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT



Pag-anyaya sa Tagumpay

Tatlong young adult—isang nag-aaral ng abugasya, isang kostumer ng botika, at isang operator ng elevator—ang nagpapakita sa atin kung paano nila ibinabahagi ang ebanghelyo sa araw-araw na buhay.

p.42

PARA SA MGA KABATAAN

p.64



Ano kaya kung hindi ko pakinggan ang ilang sesyon ng pangkalahatang kumpensya dahil may ibang bagay akong mas gustong gawin sa katapusan ng linggong iyon—OK lang iyon, 'di ba?

HUWAG PALAGPASIN ANG TAWAG SA TELEPONO

PARA SA MGA BATA

Nadama Ko ang **Espiritu**

Maaaring mangusap ang Espiritu Santo sa puso mo—kahit bata ka pa.



p.73